

The Project Gutenberg eBook of Mga Dakilang Pilipino; o ang kaibigan ng mga nagaaral, by Jose N. Sevilla

This ebook is for the use of anyone anywhere in the United States and most other parts of the world at no cost and with almost no restrictions whatsoever. You may copy it, give it away or re-use it under the terms of the Project Gutenberg License included with this ebook or online at www.gutenberg.org. If you are not located in the United States, you'll have to check the laws of the country where you are located before using this eBook.

Title: Mga Dakilang Pilipino; o ang kaibigan ng mga nagaaral

Author: Jose N. Sevilla

Release date: February 18, 2006 [EBook #17786]


Language: Tagalog

Credits: Produced by Tamiko I. Camacho, Pilar Somoza and the Online Distributed Proofreading Team at <http://www.pgdp.net> (This file was made using scans of public domain works from the University of Michigan Digital Libraries.)

*** START OF THE PROJECT GUTENBERG EBOOK MGA DAKILANG PILIPINO; O ANG KAIBIGAN NG MGA NAGAARAL ***

Paalala ng Nagsalin: Sa orihinal na pagkalimbag, tinangal ng maykatha ang lahat ng "n" at ginamit lamang ang ñ. Dahil ninais ng maykatha na gamiting ang libro ng mga estudyante para sa kanilang pagaaral ay binalik namin ang "n" sa web version para madaling basahin ng mga kabataan ngayon. Ang plain text na edisyon naman ay hinayaan naming manatili ang porma ng orihinal na pagkalimbag ng libro.

Transcriber's note: The author removed all the "n" and used tilde g or ñ in the original publication. Since the author intended the book as reference for students, we placed the "n" back in the web version to make it easier to read. The plain text version however retains the original form as it was published.



SA LANGIT NG BAYANG PILIPINAS.

MGA DAKILANG PILIPINO

ANĜ KAIBIGAN NĜ MĜA NAGAARAL

SININOP NI

Jose N. Sevilla at Tolentino

UPANĜ MAGAMIT NA AKLAT NA BABASAHÍN



UNANĜ PAGKALIMBAG
MAYNILA, 1922

Limbagan nina Sevilla at mga kapatid at Kn.

MAYNILA, K.P.

HANDÓG

Sa kabataan nĝ lahing Tagalog upanĝ pakinabanĝan at mágamit na isanĝ mabuting basahin sa panahón nĝ pagaáral.

ANG KUMATHA.

Anĝ karapatán sa aklát na itó ay ipinamamana ko sa aking mĝa pamanĝkinĝ Emillo, Jesús, Aurelio at Predesvindo Alvero y Sevilla upanĝ kanilánĝ pakinabanĝan kunĝ sumapit silá sa sapat na gulanĝ.

JOSÉ N. SEVILLA.

TUNTUNAN

PAUNANG SALITA	DAHON IKA 5
ALI MUDIN	7
RAHA SOLIMAN	10
RAHA LAKANDULA	12
TOMAS PINPIN	14
FRANCISCO BALTAZAR	17
JOSE CRUZ	22
P. PEDRO PABLO PELAEZ	26
P. JOSE BURGOS	28
JUAN LUNA Y NOVICIO	32
GRACIANO LOPEZ JAENA	35

APOLINARIO MABINI	38
JOSE MA. BASA	44
PEDRO A. PATERNO	47
ANTONIO MA. REGIDOR	51
FELIPE G. CALDERON	54
CAYETANO ARELLANO	56
SUSANA REVILLA	59
TEODORA ALONZO	63
MELCHORA AQUINO	67
APOLONIO SAMSON	69
MIGUEL MALVAR	71
EMILIO JACINTO	74
ANTONIO LUNA	77
GREGORIO DEL PILAR	81
MARCELO H. DEL PILAR	83
MARIANO PONCE	86
PASCUAL H. POBLETE	90
RAFAEL DEL PAN	94
P. MARIANO GOMEZ	98
ANDRES BONIFACIO	101
P. JACINTO ZAMORA	107
GAT JOSE RIZAL	110



JOSE N. SEVILLA AT TOLENTINO

Naginã Kapitán ñã Artilleria ñã Republica Filipina
 Kasanãguni ñã «Suliranan ñã Wika»
 Naginã Gurò ñã Panitikanã Tagalog sa Colegio «La Juventud»
 Namatnugot ñã mãga Pahayaganã
 «Buhay Pilipinas», «Malalayanã Manãgawà» at «Katuwiran»

PAUNANG SALITA

Páhiná 5

Isang suliraning kasalukuyan na humihingi ng isang ágaran paglutas ay ang náuukol sa pagsisikap na tayo'y magkaroón ng isang wikan pangambansâ na makabibigkis ng boong higgít sa atin sa isang pagkakawatang ganap sa tulong ng isang sariling wikà, upang mapapanatiling lagi mainit, nagaalab at nakadadarang yaong di matinngkalan mithi na pinagbubuan ng lalong mahalagang dugò at itinulò ng masasaklap na luhà ng mga naulila doon sa mga bayaning naiwan sa ságuwaan sa kadiliman ng gabi.

Ang sanhing ito rin ang pinagbuhatan ng isang kataga ng kapulong na Lope K. Santos nang kasalukuyang pinagtatalunan sa KAPULUNGANG BALAGTAS niyaong ikalawang araw ng Abril ng taong isang libo siyam na raan at dalawampung't dalawa, ang suliranin ng pagtuturo ng wikan Tagalog sa mga paaralan na anyay «anong aklát ang pagaaralan ng ating mga batà sa wikang Tagalog?»

Ipinagtatapat kong sa kasalukuyan, kung may mga aklát mang Tagalog na náuukol sa mga Balarilà ng wikà ay tahás na di tumutugon sa mga pagkakáunlad ng wikan Tagalog dito sa daanang taong ika dalawam puo yayamang ang mga yaon ay halos tinagalog laman sa mga aklát na gayon din ang uri na mga ibang wikan Kastilá ó Ingles, nguni't di nagtataglay ng sariling diwa at mga paraan ng wikan Tagalog sa kanyang sining na sariling sarili.

Dahilan ang sanhing ito nang ipinagpanayam namin ng kasalukuyang Patnugot ng INSTITUTO DE MUJERES na nagmungkahi sa akin, na bilan pangunang aklát ay lumimbag muna ng isang babasahing káwiwilihan ng mga nagaal sa sariling wikà, nguni't sinikap kong sa pagtugon sa kanyang mungkahi ay yumari ng isang aklát na tangi sa káwiwilihang basahin ay kápupulutan namán ng mga dakilang huwaran sa kapitápitagan halimbawang ipinamana sa atin ng mga bantog na mga kababayan na sa galawan ng kanilang kalagayan, maging sa kapamayanán, sa dunong at sa kabayanihan man ó sa pagtatanggol ng mga dakilang mithi, ay kinabakasán ng tatapat pagibig sa mutya nating Pilipinas.

Páhiná 6

Ang SA LANGIT NG BAYANG PILIPINAS ay nipot nga sa init ng hangad na ang wikan Tagalog ay maging isang wikan pagbansâ, at yáyanang ang napili namin batayan ó saligan ng aklát, ay ang kagyat maukit sa puso ng ating mga batà ang sarisaring aral na iniingat ng mga dakilang pangyayari sa sariling lupa ay maítuturing na ang aklát na handog namin ngayon ay hindi basal, bagkis isang happyaw sa mga násulat nang mga tudling, bakas ng kasaysayang sa mga dakilang aklát na náuukol sa maningning na dahon ng ating kasaysayan ay naging pahiyas, at sa kapanahunan namán, ay sa mga pagyayaring lumulutang kung minsan ay sa bugsò ng kapusukan, kalupitan, ó kabayanihan kayà na pawang may sariling samyo, na kung ibubukod ay tahás na pakikinabangan upang makayari tayo sa ating mga batà ng mga diwang malalakí, kaloobang matitibay, kálolwang di magigipò ng mga panuyò at hinuhod yáyanang tahás na gumagalaw sa udyok na násasalig sa pinakamarangal sa lahat ng udyok na dili iba't ng maninggas na pagasang maging tapat na anak ng bayan tinubuan.

Ihinahandog namin sa kabataan ng lahing Tagalog ang mga happyaw, sipi, at sinop na ito sa mga panitik ng mga lalong litaw na taong amin hinugutan ng mga inakalang karapatdapat basahin, makilala, at pagaralan ng ating mga batà sa mga unang bugsò ng pagaaral, bilang paghahanda sa kanilá na mangiging matitibay na muog ng ating ihinahandang bayan malusog, malaya at karapatdapat sa isang bukás na malaya.

At sa pagasang ang tangkilik ng mga mambabasa ay igagawad sa amin, ay lumuwal ang SA LANGIT NG BAYANG PILIPINAS, na taglay ang lahat ng kakanyahan ng isang bagong hugis na babasahin.

Bilan pangalawang aklát na amin ilalathala ay di iba't "ANG AKLAT NG TAGALOG" na malalathala sa dalawang wikà, ó sa malinaw na sabi ay sa Tagalog at Ingles, na kápagaaralan ng mga lihim na iniingat ng wikà, bunga ng isang matamang pagsisinop. Dito ay magkatulong kami ni Dr. Paul Rodríguez Verzosa, isang dalubhasang mapagsuysoy ng mga kapakanan ng wikà at lahing Tagalog.

At pangatlo sa taong ito ay isusunod namin ang isang MAIKLING BALARILA na kasisinupan ng mga alituntunin at paraan ng wikà sa kanyang kakayahán, mga paglalapilapi sa tulong nang mga tipik at pagbabago ng mga diwa ng salita sa pamamagitan ng paguulit ng panting ó ugat kayà sa ngayon sa kahilingan ng sining.

Umaasa kami na sa pamamagitan ng tangkilik ng mga Paaralan at ng bayan mahiligin sa pagaaral ay sasapit tayo sa pagkaroón ng isang Batás na kákalinnga sa ating mga katha na hangga ngayon ay lulutanglutan sa dagat na walang pampang ng kapabayaan.

Kung magkakagayon ay matitiyak namin ang walan maliw na punyagi ng KAPULUNGANG BALAGTAS na amin kinanaan ay di naaksat maasahan paganihan ng mga saganang biyaya.

ALI MUDIN

SI ALI MUDIN ay isá sa m̃ga lalong ñapabantóg na Sultán sa Huló. Siyá ay anák ni Maula na napabilang sa m̃ga lalong litáw na Hari sa ñabanggit na Puló. Ang magamang itó kailán ma'y hindí napasuko nang hukbong kastilá anó mang sipap ng ginawá upang lupigin ang kanilang kaharian.

Nang humalili si Ali Mudin sa kanyang amá ay sinikap ng m̃ga kastilá na magtamó sa kanyá ng isang kásunduan, at sapagka't si Ali Mudin ay maibigin sa kapayapaan ay nagpadalá sa Maynilá ng limang sugò, niyaong Enero ng 1737 upang makipagtaló sa m̃ga munghahing kásunduan ng m̃ga kástilá.

Sa m̃ga sugong itó ay kabilang siná Dadia Deila, Radia Poot Salikaya at si Panduta Mahomed Ismalis. Ang m̃ga sugong itó ng Sultan na si Ali Mudin ay siyang nangasiwá sa pakikipagkásundó sa m̃ga kastilá na pinagtibay niya sa Huló, at sa pinagkásunduan ay nabibilang ang m̃ga sumusunod:

I.—Maghahari sa dalawang pangkat na nagkakásundó ang kapayapaan.

II.—Ang dalawang pangkat, o ang m̃ga moro at m̃ga kristiano ay magtutulon ng na makipagbaka sa alin mang kaaway nilang dalawá.

III.—Magkakaroon silang dalawá ng malayang pagkakalakalan.

IV.—Sakaling sino man sa dalawang dako ay puminsalá sa kanino man sa kanilá o maghasik ng sigalót sa isá sa kanilá, ang naminsalá o sanhi ng kapinsalaan ay magbabayad sa pininsalá ng isang halagang hihigín ng napinsalá.

V.—Magpapalitan ng bihag.

Si Ali Mudin ay naging tunay na Hari, at ang kanyang kapanгыyarihan ay kinilala ng m̃ga kastilá hanggang sa niyaong taong 1749 ay sumirá sa kásunduan ang m̃ga kastilá at si Ali Mudin ay nabihag at dinalá sa Maynilá niyaong Enero ng taong ñabanggit.

Sa pagkabagsak ni Ali Mudin ay humalili si Bantilan, isang dakilang Datò ng panahong yaón.

Nanahanan sa Maynilá si Ali Mudin na kasama ng kanyang anák na si Israel na pinahintulutan ng m̃ga kastilá na makapanğaral sa Páaralang San José. Sa boong panahong ipinakitambayan ni Ali Mudin sa piling ng m̃ga kristiano ay nahikayat na pabinyag at ang pangalang iginawad sa kanyá ay Fernando I.

Pagkalipas ng ilang panahon, ay sinikap ng Gobernador Obando na si Ali Mudin ay mabalik sa kanyang pagka Hari, at si Ali Mudin kasama ng ilang sasakyang punò ng kawal ay tumulak na patungo sa Huló binaka nila ang m̃ga kutá roon hanggang sa nang dí na maipagtanğgol ng m̃ga moro ay kanilang napasuko at isang panibago na namang kásunduan ang linagdaan ng m̃ga moro at ng m̃ga kagawad ng m̃ga kastilá.

Ang m̃ga sasakyan ay lumayag na patungo sa Zamboanga at sa pagka't di nakasama si Ali Mudin sa m̃ga kastilá sa pagtulak na yaon ay sinapantaha ng m̃ga kastilá na siyá ay nagtaksil, at siyá, kasama ng mahigit na dalawang daang kasamahán ay dinakip at muling ibinalik sa Maynilá at ibinilang sa Fuerza de Santiago.

Buhat noon ay pinasimulan na ng m̃ga kastilá ang walang maliw na pagbaka sa m̃ga moro; nguni't pawanng walang tagumpay na masasabi na kanilang tinamo sa Timog ng Kapuluan.

Hiniling ni Ali Mudin sa m̃ga kastilá na ang kanyang anák na si Fatima ay pahintulutanng makapagbalik sa Huló, niyaong Febrero ng 1753 upang magsikap sa ikapaghari ng kapayapaan doon, at ang gayong kahilingan ay dininig at pinahintulutan ng m̃ga kastilá; bilang bunga ng paglalakbay na itó ni Fatima ay nagtamó siyá ng isang sulat buhat kay Bantilan na nagsasabing si Ali Mudin ay pabalikin sa Huló, upang magharing muli roon at lumagdá sa isang bagong kásunduan ang dalawang dakong dating magkaaway na m̃ga moro at kastilá. Ang lahat ng kahilingan ni Bantilan ay dinging ng m̃ga kastilá, subalit hiniling na si Ali Mudin ay palayain nguni't mamamalagí sa Maynilá sa piling ng Arzobispo Rojo na siyang kumuha sa kanyá sa Fuerza Santiago at nagbigay sa kanyá ng isang táhanan at m̃ga lingkód.

Niyaong 1762 ang Maynilá ay sinalakay ng m̃ga Inglés at si Ali Mudin sa piling ng limampuò katao ay lumabas at nakibakanng kasama ng m̃ga kastilá sa bagong kalaban na dumadagsá at humuhugos sa kamaynilaan.

Ipinamalas ni Ali Mudin ang isang dí karaniwang katapanğan na katutubò ng m̃ga moro at lubhang maraming Inglés ang kanilang pinuksá bagá mang ang Lunsód ay napasok at napasuko. Ang m̃ga Inglés ay dí naglaon sa Maynilá at sa kanilang paglayas, sa kautusan ni Simon de Anda at Zalazar ay pinapanumbalik si Ali Mudin sa Huló upang muling lumuklók pa kanyang luklukang hari.

Gumawá ng isang linaing sa Balamban ang m̃ga Inglés na kanilang linibid ng matitibay na

kutà at sa dî pagkawili dahilán sa anġ sigáw ay dî nilá matagalán ay lumipat sa isánġ pulô na malapit sa Huló. Anġ ganitónġ panġyayari ay dî minabuti nġ Sultan Mahomed at ni Israel na anak ni Ali Mudin, sapagka't dî nilá matiis na anġ kanilánġ lupaín ay ariin nġ mġa banyagà; at naghanáp silá nġ isánġ kátaónġ ikapagtatabóy sa mġa manġgagagá.

Páhiná 9

At anġ panahónġ itó ay dumatínġ niyaónġ bihagin nġ mġa kawal na Inglés si Dato Tentenġ, isá sa mġa malalakás at pinaníniwalaanġ Datò, at isá sa mġa maiinit na araw nġ Marso niyaónġ 1772 nanġ makalayà na si Tentenġ, ay nakipagalám sa mġa ibanġ Datò na siná Dakula at Zamanġgo-Isaák, kasama nġ ilánġ kawal na sumalakay sa kinalalagyán nġ mġa kawal na Inglés, at sa ganitónġ ságupaan ay nanġágsitakas anġ mġa Inglés sa mġa banġkánġ lundáy na pinaghábol nġ mabibilís na sasakyánġ moro. Sinikap nġ Gobernador na Inglés na makipagkásundò, nġuni't dî tinalima nġ mġa moro at silá ay ipinagtabuyan at sa pagtakas ay nanġaiwan nilá anġ kanilánġ mġa sasakyán, mġa kanyón, baril at apat na può at apat na libong piso.

Namatáy si Ali Mudin sa Huló, nġ boónġ kasiyahanġ loób, sapagka't náitabóy niyá anġ mġa manlulupig sa kanyánġ bayan.

Si Ali Mudin ay nagínġ tudláan nġ dî kawsanġ paghanġà nġ kanyánġ mġa sàkop.



RAHÁ SOLIMAN

Páhiná 10

BAGO nagínġ Rahá si Solimán, ay nagínġ katulong muna sa panġanġasiwà nġ mġa súliranin dito sa Maynilà, ni Rahánġ Matandâ.

Si Lakán Dulà na nanánahanan sa Tundó ay siyá niyánġ kasama. Itó ay nanġ kapanáhun na ni Rahánġ Matandâ nanġ taónġ 1570. Noón ay isánġ pulutónġ nanġ mġa sasakyánġ kastilà na pinamumunuan ni Martin de Goití at Juan de Salcedo anġ dumaonġ sa luók nġ Maynilà. Niyaónġ unanġ datínġ dito niná Goití ay dî sila nakalunsád pagdaka. Anġ Maynilà, ay may matitibay na mġa muóg at sila'y pinaputukán at sinagupà.

Nabalitaan niláng isá sa mġa makapanġyarihan doón ay si Solimán, kaya't nagpadalá sina Goití rito nġ sugò na nagsásaysáy na silá'y dî naparito upánġ makidigmâ kundí upánġ makipagkásundò, at anġ ganitó'y tinugón sa pamamagitan nġ sugò, na anġ Hari sa Maynilà ay nagnanasà nġ makipagkaibigan sa mġa kastilà.

Pagtanġgáp ni Goití nġ paklí ni Solimán ay nasók siyá at anġ kanyánġ mġa tao sa ilog nġ Pasig at silá'y lumunsád sa isánġ baybáy na itinakdá nġ Hari. Sinalubonġ silá ni Raháng Matandâ at nakipagkamáy sa kanilá, pagkaliban nġ ilánġ sandali ay dumatínġ si Rahá Solimán at nakipágkamáy din nġuni't nagpasubali nġ gayari: «Kamí ay nagnánasanġ makipagkaibigan sa mġa kastilà samantalanġ silá'y mabuti sa amin; nġuni't mahíhirapan silá nġ gaya nġ hirap na tiniís na nġ ibá, kailán ma't nasain nilánġ kami'y alisán nġ puri».

Pagkaraan nġ ilánġ araw si Goití ay nagkulanġ sa pagkakáibigan sa pagpapaputók nġ kanilánġ kanyón, at si Rahá Solimán ay napilitanġ magbago nġ kilos. Ipinawasák nitó anġ mġa sasakyán nina Goití at ipinapuksà anġ kanyánġ mġa kawal.

Nápakabuti anġ pagtatanġgól sa mġa kutà at dġ nagawà nanġ mġa kastilà anġ makapasok agád, nġuni't nanġ manġasalantà anġ mġa tao ni Solimán at maubos na anġ mġa punlô ay napipilan din. At nanġ makuha nġ mġa kastilà anġ Maynilà ay sinalakay anġ bahay ni Solimán at dito'y nátagpuán nilá anġ isánġ mainam na gusali, maiinam na kasanġkapanġ sigay, mġa damit na maririnġal na nagkakahalagá nġ may 23.000 piso.

Hindġ nagtaksíl kailán man si Solimán, gaya nġ ipinararatanġ sa kanyá nġ mġa kastilà. Siyá'y tumupád lamánġ sa kanyánġ dakilanġ katunġkulan na makibaka sa sino manġ magnánasanġ sumirà nġ kanyánġ kapurihánġ pagkaharġ, at yáyamanġ anġ mġa kastilà ay siyánġ nagpasimulá nġ pagbabaka, ay siyá ay nagtanġgól lamanġ at natalo, nġuni't hindġ kailán man nagtaksíl.

Páhiná 11

Anġ kanyánġ pagibig sa sarilingġ Lupà ay nagudyók sa kanyánġ makibaka at siyá ay nakibaka dahil doón.

Kunġ saán mákikitanġ ang pagguhò nġ kaharian ni Solimán ay utanġ sa kagahaman nġ isánġ lahinġ manġaalipin; sa isánġ pámahalaánġ pinagágalaw nġ lakás nġ lakás at di nġ lakás nġ katuwiran.

Kawawanġ bayanġ maliliít na linúlupig at ginágahasà nġ malalakíng bansà.

Anġ daigdíg ay patunġo sa pagunlád, at buhat niyaónġ 1914 na gahasain anġ Belhika, ang malalakíng Bansà ay nagsasapi at ipinagtanġgól anġ katwiran nġ maliliít na bayan. Panibagonġ kilos sa daigdíg na bunġa nġ mayamanġ diwà nġ dakilanġ Wilson sa kaamerikahan.



RAHA LAKAN DULA

Páhiná 12

Sġ Rahá Lakán Dulà ay isá sa mġa lalonġ bantóg na namunò sa Bayan nġ Tundó. Siyá ay isá sa mġa kasanġguni ni Rahá Matandà, si Lakán Dulà ay siyánġ Pámumuán nġ panahónġ siná Legaspi ay dumaónġ sa atinġ lunsód, niyaónġ taónġ 1571. Nanġ sumapit si Legaspi sa atinġ Lupáin at lumunsád sa Tundó ay nátagpuán niyánġ dito'y naghaharġ anġ kapayapaan, namámayanġ anġ matatalinonġ mġa batás, at may matitíbay na muóg na pananġgól sa manġagsísisalakay.

Kiníkilalanġ Harġ rito si Lakán Dulà nġ mġa kanugnóg na lupáin, at anġ kaniyánġ nanġasásakupay ay bumábayad sa kanyá nġ buís at lagínġ tapát sa kanyá, magínġ sa kapayapaán at magínġ sa digmà. Anġ mġa sasakyánġ insík at Hapón na dumaónġ dito ay pawanġ nagbábayad nġ buwís kay Lakán Dulà, bago lumunsád at manġalalakal sa tagarito.

Kinilala rin namán ni Legaspi anġ kapanġyarihan ni Lakán Dulà at gumawà silá nġ Sanġusapan at pagkarán nġ ilánġ panahón si Lakán Dulà ay nagínġ kakampí nġ España. Tumulongġ si Lakán Dulà sa pagtátatag dito nġ mġa táhanan nġ mġa kastilà at pagkaraan nġ ilánġ panahón siyá at anġ kanyánġ mġa anák ay napabinyág na lahát. Anġ panġalanġ iginawad kay Lakán Dulà ay Carlos.

Niyaónġ taónġ 1574 na anġ lupáinġ itó ay salakayin ni Limaónġ, isánġ insík na tulisánġ dagat, anġ Rahánġ itó at anġ kanyanġ mġa anák ay nakilabanġ kakampí nġ mġa kastilà sa mġa insík na nagsisalakay. Napauronġ siná Limaónġ nġ mġa kampón nġ Rahá Lakán Dulà at anġ mġa itó ay nagtataġ nġ kanilánġ kaharian sa Panġgasinán at doó'y pinágusig silá nġ hukbó ni Lakán Dulà hanġgánġ nápatayán silá nġ kay raminġ alagád at náitaboy silá sa labás nġ mġa lupáinġ sakop nġ Rahánġ Tagalog na itó na nagpakita nġ gayón na lamanġ tapanġ.

Si Lakán Dulà ay nagkaroon n̄g tatlon̄g anak na lalaki at siyá at an̄g kanyán̄g m̄ga anak sa kapanahunan ni Lavezares niyaón̄g 1572 han̄ggán̄g 1575 ay patuloy silán̄g naginḡ katúkatulon̄g sa pagpapalaganap n̄g kakristianuhan sa Kagayán, Kamarines, at Zambales; an̄g kanyán̄g apón̄g si Makapagál ay isá sa lumitáw sa tanán niyan̄g m̄ga kamaganak. Si Makapagál sa kanyán̄g katápatan sa España ay ginawán̄g «Maestro de Campo» at pagkatapos noon ay naginḡ Heneral siya sa Apalit, Arayat at m̄ga kabundukan n̄g Zambales.

Nan̄g magkáalit an̄g m̄ga kapampan̄gan at m̄ga pan̄ggasinán ay dí naapulà, samantalan̄g hindí namaģitan si Makapagál; at nan̄g mulín̄g sumalakay an̄g m̄ga insík sa kapanahunan ni Heneral Figueroa ay hiniñ̄g an̄g tulonḡ ni Heneral Makapagál at itó an̄g humawì sa nagsisisalakay.

Sa pagkilala sa dakilan̄g tulonḡ ni Heneral Makapagál sa España ay silá'y tinimawà n̄g m̄ga kastilà sa anó man̄g bayarin sa Pámahalaán at an̄g lahát n̄g kanyán̄g kamaganakan ay gayón din. Itó'y namarati han̄ggán̄g sumapit an̄g taón̄g 1883.

Si Rahá Lakán Dulà ay isá sa m̄ga lalonḡ kilalanḡ hari sa kapanahunan̄g yaón n̄g atin̄g kasaysayan. Naginḡ kakampí siyá n̄g m̄ga kastilà sa pagká't naniwalà siyan̄g an̄g m̄ga kastilà ay magigin̄g tapat sa kásunduan at pan̄gakò. Tumulonḡ siyá sa pagsalasà sa nagsisisalakay na m̄ga nagnánasan̄g maghari rito at sakupin an̄g kanyán̄g an̄gkán; at lagi siyan̄g tumulonḡ sa pagapulà n̄g m̄ga himagsikan, sapagká't inàakalà niyan̄g an̄g gayón ay nagguguhò lamán̄g n̄g kapayapaán n̄g kanyán̄g m̄ga sakop.

Kun̄g an̄g m̄ga kastilà ay hindí tumupád sa pan̄gakò at sumirà sa san̄gusapan, ay hindí kasalanan ni Lakán-Dulà; kasalanan n̄g kasakiman na náaayos sa simulain ni Bismárk na an̄g maliliit ay talagan̄g kákanin n̄g malalaki.

Samantalan̄g hindí naghahari an̄g pagkakapantáypantáy n̄g m̄ga tao sa haráp n̄g katuwiran at an̄g kawagasán ay isán̄g kabaitan̄g násusulat lamán̄g at dí ginágampanán n̄g lahát at bawa't isá, talagan̄g an̄g kapan̄ganiban sa m̄ga maliit na Bansà ay laginḡ nakabalà.

Itó ang dakilan̄g gáwain n̄g m̄ga tao n̄g Daigdigan.

Itó an̄g simulain̄g nasan̄g pairalin n̄g dakilain̄g Wilson nan̄g siya'y mamagitan sa nagiinapóy na digmaan sa Europa.

Anó an̄g malay natin kun̄g yaón din an̄g man̄ginḡ matibay na sáligan n̄g ganáp natín̄g kasarinlán.



TOMAS PINPIN

LAKIN̄G kapabayaán at kapabayaán̄g lubhán̄g pumipinsalà sa atin̄g pagkabansán̄g linán̄g an̄g pan̄gyayarin̄g an̄g atin̄g m̄ga dakilán̄g tao ay nálibin̄g sa limót at walán̄g nagukol kahit na hapyáw man laman̄g na pagbabalità sa kanilán̄g m̄ga kabantugan. An̄g limban̄gan ay isán̄g dakilán̄g biyayà sa katauhan, sa pagka't túnay na mabisan̄g katulonḡ sa paglálaganap n̄g m̄ga mithín̄g bun̄ga n̄g m̄ga kisláp n̄g diwà n̄g tao n̄guni't katakátaká mandín na an̄g káunaunahan̄g manlilimbág dito sá Kapuluán ay hindí naka pagpapamana sa atin n̄g haláw man laman̄g n̄g kanyán̄g buhay, subali't gaya n̄g an̄g m̄ga dakilán̄g pan̄gyayari ay nagiwan n̄g m̄ga dakilán̄g bakás gayon an̄g nan̄gyari sa atin̄g kababayan̄g itó na pinagúukulan n̄gayon nitón̄g maigsin̄g úlat.

An̄g limbagan ay isán̄g dakilan̄g biyayà sa katauhan, biyayan̄g mabisan̄g katulonḡ sa paglálaganap n̄g m̄ga kahan̄gahan̄g kisláp n̄g diwà na higit sa dagidab na sumasakaalaman n̄g lahát at napapanatili at nagágamit at sunodsunoran sa kapakanán n̄g katauhan.

Kun̄g an̄g limbagan ay isán̄g tunay na biyayà sa katauhan, dísapalà ay karapatdapat na pagpugayan at handugán n̄g isán̄g ganáp na pagturinḡ an̄g m̄ga taón̄g nan̄gákatulonḡ sa pagpapalaganap niyaón. Si Tomás Pinpin, sa n̄gayon sa m̄ga kasulatan̄g amín̄g násusoy ay siyan̄g káunaunahan̄g Tagalog na naglaganap n̄g limbagan sa dakon̄g itó n̄g daigdigan.

Kilalà at nahihingin̄g na siyá'y isán̄g Tagalog at káunaunahan̄g manlilimbág dito sa Filipinas at Tagalog na may díwan̄g linán̄g sa itinitimpalak n̄g káunaunahan̄g aklát na «Libron̄g Pagáaralan n̄g m̄ga Tagalog n̄g Wikan̄g Kastilà» subali't hindí náikilala gaya n̄g malaon̄g dí nábalitaan an̄g kanyán̄g pan̄galan, sa pagká't walán̄g nagukol sa kanyá n̄g isán̄g karapat dapat na gunità.

An̄g ganitón̄g m̄ga kapabayaán ay dí dapat mamarati, sa pagká't lubhan̄g pípínsalà sa atin̄g pagkabanság kasalukuyan̄g tinátawaran at ayaw kilalanin.

N̄guni't sino si Pinpin? Kailan siyá ipinan̄ganak? Saang bayan siyá Sumibol?

M̄ga tanon̄g na dí matugón n̄g tiyakan at walán̄g m̄ga kasulatan maturól yayaman̄g an̄g

karamihan n̄ m̄pagsasán̄gunian̄ t̄laan sa m̄ḡa Simbahan ay nalipol at na waldás n̄ atin̄ m̄ḡa himagsikan. Hindí máaaring malimutan, hindí dapat malimutan an̄ m̄ḡa dakilan̄ gawâ n̄ m̄ḡa lalò pan̄g dakilan̄ tao na gaya ni Pinpin. Sa kanyán̄ aklát ay matítiyák an̄ kanyán̄ sikháy na tayo'y m̄akawatas n̄ nan̄gamiminunò sa atin at n̄ sa gayón̄ paraán ay tahás natinḡ mákilala an̄ kanilán̄ uri, karan̄galaan at diwà dahilán itón̄g sukat na, upán̄g si Pinpin ay mákintál sa pusò n̄ tanán̄g pilipino at magsikap na siyá'y mákilala at pag-aáralan. Umanó'y tubon̄g Abukay, sakóp n̄ lalawigan̄ Bataan niyaón̄g lalawigan pinakípamuhayam han̄gán̄g sa hulin̄ sandalí n̄ atin̄g dakilan̄ Balagtás; niyaón̄g lalawigan̄ sinibulan n̄ isán̄g utak na hinan̄gaan n̄ Daigdig na han̄gán̄g sa kamatayan ay pawan̄g karan̄galaan sa kanyán̄g buhay an̄ idinudulot sa kanyán̄g sarilinḡ lupà, n̄ kagalan̄-galan̄ na Arellano.

San̄gayon sa isán̄g aklát na kanyán̄g sinulat, si Tomás Pinpin ay taon̄g Bataan, dátapuwat dī maturól nan̄g tiyakan kun̄g alin̄g bayan sa Bataan an̄g kanyan̄g kinákitaan n̄ unan̄g liwanag; kapabayaan n̄ atin̄g m̄ḡa pan̄ganay na sanhí n̄gayón n̄ kapinsalaán̄g itó, bagá man̄g dī ílán an̄g nagsásabin̄g an̄g kababayan̄g itó ay tubò sa bayan n̄ Abukay.

Talagán̄g an̄g m̄ḡa dakilan̄ tao ay pinagaagawán n̄ m̄ḡa bayan, gaya halimbawà n̄ nan̄gyayari sa atin̄g Balagtás, na anán̄g m̄ḡa tagá Udyón̄g ay anak itó n̄ bayan̄g yaón, baga man̄g an̄g m̄ḡa kasulatán̄g nátuntón n̄ masipag na mánunuysoy na si G. Hermenegildo Cruz ay tumítiyák na an̄g atin̄g Makatà ay tubò sa Pan̄ginay, sakop n̄ Bigaa, Bulakán.

Saan man̄g bayan sumilán̄g si Pinpin, ay nakasísiyá na sa amin an̄g matiyák na siya'y isán̄g Tagalog at siyán̄g káunaunahan̄g manunulat na naghandóg n̄ isán̄g mahalagán̄g aklát n̄ sinin̄g, sa kapakinaban̄gan n̄ kanyán̄g m̄ḡa kalahi.

Utang sa masikap na mánunulat na si G. Manuel Artigas, an̄g mulin̄g pagkálimbág n̄ «LIBRONG PAG-AARALAN NG MGA TAGALOG NG WIKANG KASTILA» sa kanyán̄g «La Primera Imprenta en Filipinas» at doón ay mabábakás n̄ m̄ḡa mairugin sa m̄ḡa kabantugan n̄ atin̄g m̄ḡa kababayan an̄g m̄ḡa mahahalagán̄g aral n̄ atin̄g Pinpin sa kanyán̄g mahalagá at pan̄ganay na aklát na may gayón̄g uri na kabantugan n̄ pánitikan̄g Tagalog.

Sa kanyán̄g pagkamanlilimbág ay natitiyák na siyá ay naginḡ isán̄g matapát na aralán ni Pari S. José, at sa isán̄g maigsin̄g bugsò n̄ panahón̄g ikinatatag dito n̄ limbagan ay nakápaghandóg agád n̄ mayaman̄g bun̄ga n̄ kanyán̄g diwà. Niyaón̄g 1610 na limbagin an̄g kanyán̄g aklát ay nagtamó, n̄ malugód na papuri ni Pari Roque Barrionuevo sa kanyán̄g munḡkahi upán̄g bigyán̄g pahintulot at sa ilán̄g katagá ay kalakip itón̄g: «Y es mucho de estimar por ser su autor un natural tagalog.»

Siya an̄g naginḡ Patnugot n̄ unán̄g limbagan dito sa Pilipinas magbuhat niyaón̄g taon̄g 1610 gaya n̄ mátataluntón sa «Arte y Reglas de la Lengua Tagala» at an̄g ganitón̄g tungkulin ay ginampanan niyá han̄gán̄g sumapit an̄g taon̄g 1630, at nan̄g lumipas an̄g ilán̄g panahon ay lumipat siyá sa Limbagan n̄ m̄ḡa Parin̄g Hesuitas niyaón̄g 1637 han̄gán̄g 1639.

Si Tomás Pinpín n̄ḡa san̄gayon sa m̄ḡa nátataluntón̄g balitá ay siyán̄g matandán̄g kapatid n̄ atin̄g m̄ḡa manlilimbág na dī nagaksayá n̄ panahón at naginḡ sáligan an̄g katiyagaán han̄gán̄g sa magín̄g isán̄g dalubhasan̄g tagapagpanuto n̄ kanyán̄g m̄ḡa kapanahón gaya n̄ mákikita sa katagán̄g amin̄g sísiipiin dito sa kapakinaban̄gan n̄ amin̄g m̄ḡa mambabasa: «Dí baquin ang langgam ay nacararating sa cacaon̄gin ay bahaguia n̄ macalacad.»

Mahalagan̄g aral na magagawán̄g isán̄g mainam na sáligan upán̄g sapitin an̄g alin man̄g matataás na indayog n̄ pán̄garapín.

At itón̄g sumusunód; «ay lalo ring iquinapagpilit nang loob cong tayong lahat ay paraparag macaalam nang uicang Castilla ay ang caloloua nating ay nang maiquinabang sa P. Dios nang Canyang mga Auaauang marami».

Kun̄g saan mapagkikitan̄g sa kanyán̄g banál na pananampalataya ay dī niya naligtaan an̄g m̄ḡa kalahi na dī makinaban̄g n̄ biyayà noón.

Kun̄g an̄g nan̄gáuna sa atin ay nagsikap na magpamana sa m̄ḡa sumisiból n̄ bahagyá man laman̄g ulat tungkól dito sana'y nápagaralan natin gayón an̄g m̄ḡa dakilan̄g halimbawà sa atin̄g kapakinaban̄gan.

Kun̄g isán̄g araw ay makasapit ka giliw na mambabasa sa Liwasan̄g Cervantes at doón ay makita mo an̄g isán̄g bantayog ay masdán mo si Pinpín na nakapakò an̄g matá sa lupà at tila may mahalagán̄g bagay na ináaninag; ináapâ niya marahil kun̄g an̄g naginḡ bun̄ga n̄ limbagan sa kanyán̄g tinubuan̄g lupà ay nagín̄g isán̄g biyayà ó naghatíd sa kapan̄ganyayaán. Nálalamán niyán̄g an̄g limbagan ay isán̄g mabilis na pakpák n̄ diwà upán̄g an̄g bun̄ga n̄ kanilán̄g m̄ḡa likhâ ay magtawiran̄g walán̄g pan̄ganib sa malalawak na karagatan n̄ daigdigan, nálalaman niyán̄g an̄g limbagan ay isán̄g mabutín̄g paraán upán̄g an̄g lahat n̄ m̄ḡa pan̄gyayari ay huwág máliblib sa man̄gágsísisibol na ápuhin, at itó an̄g kanyán̄g ginawâ kun̄g kayâ kahit hapyáw, ay siya'y atin̄g nábabalitaán n̄gayón. N̄guni't dī dapat mákailâ sa atin an̄g pan̄gyayarin̄g an̄g limbagan ay isán̄g mabisan̄g katulonḡ sa paniniran̄g puri.

Nariyan an̄g isan̄g taon̄g nagpagál sa kapakinaban̄gan n̄ kanyán̄g bayan̄g tinubuan.



Francisco Baltazar (Balagtas)



HINDI maáarinġ sumulat nġ ukol sa pánitikanġ Tagalog nanġ dġ bábanġgitín anġ panġalan nġ dakilanġ Makatà nġ Wikanġ Tagalog, nġ Hari nġ mġa manġaáawit, na si Francisco Baltazar.

Anġ maykathâ nġ «Florante at Laura» ay isá sa mġa nápilì at namukód na higít sa isánġ maninġnínġ na talà at karapatdapat na mápapiling kina Goethe, Virgilio, Dante Aligieri na pinípiginġ nġ mġa «Diosa» sa kanyánġ dulanġ, na dġ nadádaluhán nino mán kundġ nġ mġa tunay na diwà lamang nġ mġa lahi.

Si G. Hermenegildo H. Cruz ay nagukol sa kanyá nġ isánġ mahalaganġ aklát na kátataluntunán nġ kanyánġ mġa lalong lihim na pinanġdaánan at búhay. Si G. Epifanio de los Santos Cristóbal sa pagsasálin nġ kanyánġ «Florante at Laura» sa wikanġ kastilà ay naninop nġ boónġ panítikanġ Tagalog magbuhat nġ 1593 hanġġánġ 1886, upáng sa gitná nġ masayanġ halamanan nġ pánitikanġ Tagalog ay pagitawin siyánġ isánġ mabanġó at kahanġgahanġanġ buláklák noón na anġ samyò ay walánġ pagkapawi.

Sa pánitikanġ Tagalog nġâ ay si Balagtás anġ dakilang tanġláv at sa mġa tilamsík nġ kanyánġ liwanag ay sukat mabuò anġ lalong maririkit na kathain. Siyá'y ipinanġanak niyaónġ ika 2 nġ Abril nġ taónġ 1788.

Anák palibhasà nġ mġa tunay na Tagalog, si G. Juan Balagtas at Juana Cruz, at kumita nġ unanġ liwanag sa mġa lupaínġ Tagalog. Sa Panġinay, Bulakán, anġ sinġáv dito na lumílikhá nġ mġa túlain ay gumising sa kanyánġ diwanġ silanġanin na umawit tuwi na; nġuni't isáng pagáawit na nagbabadhá nġ mġa dakilà at laging kapanahónġ mġa aral, gaya nġ sabi ni G. Lope K. Santos, na anġ kanyánġ mġa katagà sa «Florante» ay isánġ ebanhelyo sa mġa anġkánġ Tagalog na naníniráhan sa mġa tagónġ nasyon nitónġ Kapuluán. Anġ «Florante» ay inawit, binasa, pinakinġgan, at tinándaán, ínulítulit na tandáan at awitin nġ nanġakáringíg na dġ marunonġ bumasa, upáng matándaán at tuwġ na'y talúntunin at paganihan ang kanyánġ mayamanġ diwà nġ ikapapanuto at ikapagiginġ mapalad nġ madlá.

Aní Mariano Ponce, si Balagtás ay «anġ Principe nġ mġa Makatanġ Tagalog», at aní Dr. José Rizal, nanġ tukuyin anġ kanyánġ walánġ kamátayanġ awit: «Ang Florante ay isánġ kathâ sa wikang Tagalog, nanġ kapanáhunánġ anġ wikanġ Tagalog ay lumulusog at dumidinġal».

Nagaral si Balagtás gaya nġ lahát nġ mġa tubò rito sa atin nġ mġa unanġ dako, sa «Cartilla», «Misterio», «Trisagio» at «Doctrina Cristiana», mġa aklát na ginágamit sa mġa unang bugsò nġ pagaaral nanġ kanyánġ kapanahunan.

Anák dukhá palibhasà at iniwi sa duyan nġ karálitaán, ay dġ nagawanġ linanġin nanġ gaya nġ kanyánġ hilig anġ sariling muni at napilitanġ anġ lakás niyá ay ilakonġ agád, at yamanġ walanġ anó manġ katanġianġ gáwain na mapagukulan sa pagnġagdóg buhay, ay minabutinġ mások na alilà sa isánġ maganak sa Bayan nġ Tundó, málapít lámanġ sa kamayniláan (Atenas)^[1] na kunġ saán ninánasanġ tuklasín anġ mġa unanġ balità nġ karununġan. Bukál palibhasà ang kabaitan at pagkámásúnurin, biyayà na ikinapatánġi tuwġ na nġ mġa salát sa ginhawa, ay kinálugdan siyá nġ

kanyánġ mġa panġinoón, at siyá kinalinġanġ tulad sa anák na tunay. Pinápanġaral siyá sa Páaralánġ San José, at doó'y kinápansinán siyá nġ isánġ siból na katanġian sa pagtulâ at isánġ dî karaniwanġ talino na ikinámahál sa kanyá nġ mġa Gurô roón.

Niyaónġ 1835, ay nanahanan siyá sa Pandakan, at binatà siya palibhasà, ay linigaliġ ang kanyánġ pusò nġ himalánġ gandá ni M. A. R. (María Asunción Rivera) isánġ magandánġ dalaganġ Tagalog na kinabalisahan nġ tanánġ binatanġ kapanahón.

Dayo siyá palibhasà sa bayanġ Pandakan, ay pinanġimbuluhan siyá nġ mġa binatanġ binihag din nġ kagandahan ni María, at anġ mġa kabasanġál (Adolfo sa kanyánġ awit) ay lumikhâ nġ mġa pakanâ na kanyánġ ikápapahamak hanġánġ siyá'y másadlák sa dilím nġ isánġ kakilákilabot na bílanguan.

Sa palihánġ itó nġ hirap, na kunġ saán linílikhâ anġ mġa dakilanġ kálolwa, ay dito binuô anġ walánġ kamatayanġ «Florante at Laura», tulad kay Victor Hugo nġ Francia na sa kadilimán nġ isánġ bilanġguan sa Bruselas kinathâ anġ isa sa kanyánġ mġa dakilanġ aklát na pinamatánġ «Napoleon, el pequeño:»

Nanġ tamuhín niyá anġ layà ay nanahanan siyanġ mulí sa makasaysayanġ bayan nġ Tundó, at dito ay nakilala niyá anġ isánġ babainġ guró sa siningġ nġ pagtulâ, si alinġ Mandinġ (Agapita Bernardo Rivera) at anġ balitan Husén Sisiw na lubós masásabinġ siyá niyanġ unanġ pinagparanġálanan nġ kanyanġ kinathánġ awit bago limbagin.

Sa atas nġ likas na pagnálasanġ tumuklás nġ kaligayahan sa silonġ nġ ibánġ lanġit ay tinawíd niyá anġ luok nġ Maynilà at nanirahan siyá sa Balanġà at nások na tagasulat sa Hukuman, at sa mġa pistá nġ bayan sa mġa nápabantóg siyanġ lubhá sa kanyánġ mġa maririkit na «Moro-moro» na siyanġ tanġinġ libanġan nġ mġa panahónġ yaón.

Niyaónġ 1842 ay lumipat siyá sa bayan nġ Udyónġ at dito tinamaán nġ kanyánġ malas anġ isánġ babainġ pumukaw na mulí nġ kanyánġ pusò si alinġ Juana Tiomnġbenġ, isánġ maharlikánġ babai na nábihag nġ kanyánġ sinumpaán nġ isánġ wagás, dalisay at dî magmámaliw na pagibig.

Anánġ kanyánġ mġa anák na nabúbuhay pa hanġga nġayon na dinalaw konġ sadyà upanġ makilala, ay náririníġ, nilá, umano, sa kanilanġ tatay kunġ nanínibughô anġ kanilanġ nanay, na anġ M. A. R. sa «Florante» ay hindi María Asunción Rivera, na lubhanġ pumúpukaw nġ kaligaligán ni alinġ Juana, kundí María Ana Ramos. Kunġ saán mapagkíkitanġ anġ Makatà ni Laura ay nátututo rinġ mamanġká sa dalawanġ ilog.

Si Francisco Balagtás, ay nagínġ maginoó sa bayan nġ Udyónġ, at siyá'y nagtagláy nġ mġa katunġkulanġ «Juez Mayor de Sementera» at «Teniente Mayor».

Páhiná 20

Sa isánġ kapusukan nġ loob ay ginupitán niyá nġ buhók anġ isá niyanġ alilanġ babai, na nagínġ daán nġ isánġ panibagonġ pagúusig sa kanyá at mulínġ idinalaw sa mapánġangláv na silid nġ bilanġguan.

Ang ibon ay kahit piitín sa isánġ kulunġánġ bakal ay dî napipigilanġ umawit, at si Balagtás ay gayón, sa loób nġ nápipiníd na bílanġguan na pawanġ panġláv anġ naghahari, pawanġ mukhanġ nanġlísik, pawanġ luhà, at kadalamhatían sa pagkákawalay sa mġa kapilas nġ búhay, sa gitná nġ búhay na yaón, anġ kanyánġ panitik ay dî nanġlumó at anġ kanyánġ «La India Elegante y la Negrita amante», anġ «Orosman at Záfira» at ibá pánġ kathâ, ay binuô niyá roón, at lumwál sa maliwanag at nagpáyaman nġ pánitikánġ Tagalog.


Nanġ tamuhín niyanġ pamulí anġ layà ay dinatnán niyanġ hughóg na anġ kanilánġ kabuhatan dahil sa malakínġ usapínġ hinaráp nġ kanyánġ asawa, at salamat sa kanyánġ mġa kathâ at nabigyán niyá nġ maginhawanġ kabuhatan anġ marami niyanġ anák na nanġanġailanġan nġ kanyánġ arugâ.

Magsalitá nġ nanúkol sa kabuhatan nġ dakilanġ Hari nġ Tulanġ Tagalog ay nanġanġahulunġánġ gumawâ nġ sapagka't walánġ dakilanġ bunġa nġ lahát nġ tanyág na panitik na hindí kumadló sa mġa dakilá niyanġ simulain, walánġ káliliklikanġ nasyon na hindi umáawit nġ kanyánġ «Florante»; walánġ sanġgol na iniwi sa lilim nġ lanġit nġ Pilipinas na hindi ipinaghele nġ kanyánġ mġa magagandánġ tulâ; walánġ dakilanġ hatol na iginawad anġ mġa nunò sa kanilánġ mġa apó na hindí sa simulain ni Balagtás hinugot; walánġ anómanġ paálaala nġ kaibigan sa kaibigan na hindí nábanġgit anġ mġa katagá ni Balagtás; anó pa't si Balagtás at anġ mabutinġ gawí ay magkapatid na tunay. Kaáliwan nġ nanġalulunos, pambúhay sa nanġlúlupaypáy na pusò, panuto nġ nagasa kamalian, at dakilanġ guró nġ lipinġ Tagalog.

Tinawag siyá sa sinápupunan ni Bathalà niyaónġ iká 20 nġ Febrero nġ taonġ 1862, nġuni't anġ luninġninġ nġ kanyánġ walánġ kahulilip na kaisipán ay tumátanġláv pa hanġgá nġayón sa atinġ pánitikán at tátanġlaw hanġgánġ sa bukas nġ atinġ lipi.

[1] Sa Florante: "Ipinadala ako sa Atenas ...





DAHONG LUGAS NG "FLORANTE"

Sa loob at labas ng bayan cong saui
caliluha,i, siang nangyayaring hari
cagalinga,t, bait ay nalulugami
ininis sa huca'y ng dusa,t, pighati.

Ang magandang asal ay ipinupucol
sa laot ng dagat ng cutia,t, lingatong
balang magagaling ay ibinabaón
at ilinilibing ng walang cabaong.

Nğuni,t, jay! ang lilo,t, masamang loob
sa trono ng puri ay ilinulucloc
at sa balang sucab na may asal hayop
mabangong incienso ang isinusuob.

Caliluha,t, sama, ang ulo,i, nagtayo
at ang cabaita,i, quimi,t, nacayuco
santong catouira,i, lugami at hapo
ang luha na lamang ang pinatutulo.

At ang balang bibig na binubucalan
ng sabing magaling at catotohanan
agad binibiac at sinisicangan
ng calis ng lalong dustang camatayan.

Oh! tacsil na pita sa yama,t, mataas
oh! hangad sa puring hanging lumilipas
ica'o ang dahilan ng casam-ang lahat
niaring nasapit co na cahabaghabag.

Ipinahahayag ng pananamit mo
taga Albania ca at aco,i, Persiano
ica'o ay caauay ng baya,t, secta co
sa lagay mo ngayo,i, magcatoto tayo.

JOSE CRUZ (Huseng Sisiw)

Anğ pangalanğ itó ay bago sa mğa batanğ pandinğig, nğuni't sa mğa mawilihin sa Tulanğ Tagalog ay isanğ Talanğ nápakaliwanag. Siyá'y nagingğ Guró nğ atinğ Balagtás sa pagtulà at lahát halos nğ mğa binatanğ kanyanğ kapanahón ay pawanğ lumuhog sa kanyá na itulà nğ mğa panambitan, liham, lowa, at mğa palabás dulaan na totoonğ hinanğaan at pinapurihan nğ kanyanğ mğa kapanahón.

Sa kanyanğ kabataan ay walà siyanğ nádamá kungdi pawanğ hirap, palibhasa'y anak dukhá. Anğ pintuan nğ Páaralan ay bahagyá na niyanğ nápasok, at matanği sa págunahinğ pagaaral na ginampanán nğ kanyanğ ali at sa isanğ tanğinğ guró na nagturo sa kanyá hanğganğ 40 año ay walanğ masásabinğ tinuklasán niyá nğ dunonğ na naghatíd sa kanyá sa dalubhasanğ tawag na talaisip at pasimunò na sinunód na lagi nğ kanyanğ mğa kabatà.

Umanó'y isanğ araw, nanğ si Husenğ Sisiw ay batà panğ wawaluhinğ taón lamanğ ay naliligò siyá sa isanğ ilog sa may tabi nğ kanilánğ bahay at nanğ mğa sandalinğ yaón ay dalawanğ nagháhanáp nğ táwiran upánğ pasá ibayo at si Huse anğ kinausap. Anğ mğa Hesuita ay hindí marunonğ nğ Tagalog at si Huse sa tulonğ nğ kanyanğ pagkapalabasá ay nakapakipagintidihan sa mğa banyagang kausap sa sarili nilanğ wikà.

Lubhanğ náhanğà anğ mğa Hesuita sa katalinuhan at pagkamaganğ nğ batà, kayá,t nalibánğ na siyá'y kausapinğ mahabá nğ sandali. Noón ay sádarán anğ isanğ tao at sa pagka't hindí na nanğakapagpatuloy nğ pagtawid anğ mğa Paré, ay inusisá na lamanğ kunğ sino anğ batanğ kanilánğ nákausap, kunğ kanğinó anak at kunğ saán nagáaral.

«Siyá—ananğ mğa Hesuita—ay isanğ «batanğ-matandà» lubhanğ umindayóg nğ pagiisip.»

Nanğ si Husenğ Sisiw ay magbinatá na, ay dito na kinapánsinán nğ isanğ kainamanğ pananagalog, malalakinğ kaisipan, mğa lalanğ nğ diwá na nakágigisinğ nğ pusonğ idlip kaya't halos ináakalà nğ mğa kanayon na siyá ay isanğ tunay na pantás na nakatatarók nğ lahát nğ lihim.

Itó'y nagbuhat sa walanğ maliw niyanğ pagbabasá nğ mğa Kasásayan nğ Biblia na natúturól niya anğ mğa banháy na kailanğanin sa pagsasalitá, na ikinapaghinala nğ madlà na siyá'y isanğ taonğ nakatatarók nğ lahát nğ pagbabagonğ dinaanan nğ Daigdigang buhat sa mulà at mulà.

Nátuto siyánġ magisá sa sarilínġ sikap nġ Filosofía, Cánones, Teología at iba panġ mġa karununġan, gayón din nġ latín at griego, tanġi pa nġ kastilà na ginagamit niyánġ paranġ sarilínġ wikà. Dahilán itó nanġ kunġ bakit nanġ panahónġ yaón ay lubhánġ maraminġ parinġ Tagalog anġ sumásanġguni sa kanyá nġ kanikanilánġ mġa sermón na paubayanġ ipinababago sa kanyá kunġ mayroon siyánġ hindi mainamin na nasanġ iwastò.

May isánġ lalonġ himalánġ ginawâ si Husénġ Sisiw nanġ siya'y anyayahan nġ Kura sa Batanġan na maglabás nġ kanyánġ mġa dulà sa Pista nġ Bayan doón, at sabihin pa ba, dinalá niyánġ lahat anġ kanyánġ mġa sipinġ yari, na mġa dulanġ bunġa nġ kanyánġ walánġ pagál na panitik at ipinagparanġalan niya sa Kura na piliin anġ nasanġ palabasin sa araw nġ kapistahan, at sa masamánġ palad ay walánġ nápiil isá man anġ Kura; nġuni't ipinakita sa kanyá anġ isánġ «Kasaysayan» na siyánġ nasanġ palabasin, at noón din ay binasa ni Husé at boónġ tapanġ na nagsabinġ «Hindi tayo mapapahiyâ amonġ».

Dispirás na nġ Pista nġ Bayan nanġibigay sa kanya anġ sipi nġ «Kasaysayan» at anġ atinġ si Husénġ Sisiw, pagkabasanġ saglit nġ kasaysayan ay tinipon anġ kanyánġ mġa «comediante» at isaisánġ inanasán nġ kanikaniyánġ sásabihin na tila bumabasa nġ isánġ dulánġ yari at násusulat sa wikanġ Tagalog.

Kinábukasan ay nasok sa kuból si Husénġ Sisiw at ang kanyánġ mġa sinanay na mġa «comediante» ay nanġanupád nġ kanikaniyánġ tunġkól sa dulà nġ boónġ kasiyahánġ loób nġ lahát at taginġtanġi anġ Kura na lubhanġ námanghà sa himalánġ yaón na ipinamalas ni Husénġ Sisiw.

At dí lamánġ itó anġ katanġian ni Husénġ Sisiw. Siyá ay nakadidiktá sa limánġ tagasulat kunġ siyá'y nagmamadalí; gaya halimbawâ nġ kunġ may nagpápagawâ sa kanyá nġ anó manġ katibayan, paányaya, sulat sa panġinġibig at tulâ sa karanġalan ni gayón at ni ganitó. Pinaúupô niyánġ sabáy anġ mġa tagasulat at sabáy na dinidiktahan nġ kanikaniyá, ano pa't nakatátapos na lahát na sabáy at walánġ pánaghilian.

Tinawag siyánġ si Husénġ Sisiw, sa pagka't siyá ay mahiliginġ kumain nġ sisiw, kailan ma'y áayáw siyá nġ inahin ó tandanġ; maginġ sa mġa gulayin ma'y nasà niyá anġ lalonġ murà ó walà pa sa panahon, kunġ makáisip siyánġ kumain nġ inihaw na baboy ay anġ kaniyánġ pinipilí ay anġ pásusuhín pa halos. At sa pagka't itó anġ kanyánġ himalínġ lahát halos nġ kanyánġ mġa kaibigan na nagkákautanġ nġ loób sa kanyánġ magpasulat, ay dinádalhán siyá nġ sisiw na lalonġ pinakamatabâ. At sa pamagát na Husénġ Sisiw siya nákilala nġ lahát nġ kanyánġ mġa kapanahón.

Si José Cruz ay tubò sa makasaysayanġ bayan nġ Tundó at anánġ marami ay siyá anġ talaganġ ipinanġanák na Makatà. Nilanġ siya sa maliwanag niyaónġ taónġ 1778.

Umanó'y isánġ araw ay pinagdayo siyá nġ mġa Pantás at Dalubhasa nġ kanyánġ panahón upánġ makilala anġ dakilánġ Makatà at Guró nina Balagtás, «Florante» at ni Ananias Zorrilla sa «Dama Inés» niná Juan at Prudencio Feliciano sa kanilánġ «Loco por el viento», «D. Alejandro at Don Luis», «Atamante at Manople», «Jason at Medea» at Dn. Gonzalo de Córdoba», at kalunġuyò at lagí nanġ sinambit ni alinġ Manding (Agapita Bernardo Rivera) na tánunġan nġ mġa mánunulat noón ay nanġyari anġ ganitónġ ságunan:

—Manġ Husé, saán pô nároón anġ mġa aklát ninyónġ sanġgunian?

—Mġa Ginoó, anġ aklatan ko pô ay anġ sarilínġ pagiisip. Ináakalà ko pô na hindi kailanġan anġ isánġ mayamánġ aklatan kunġdi násasaulo anġ mġa linalaman noón.

Kunġ saán mapagkikita na si Husénġ Sisiw ay isánġ dalubhasanġ palalò, sanhí marahil nanġ hindi niyá ikinápagpalimbág nġ kanyánġ mġa kathâ.

Anánġ mġa matatandánġ aminġ nápagtanunġán, si manġ Husé ay lubhánġ mainġat sa kanyánġ mġa sulat at kailán ma'y hindi siyá nasiyahán sa mġa hináhanġaan na nġ ibá na kanyánġ mġa kathâ, dahilan itó nġ kunġ bakit iilán anġ kanyánġ «Corrido» na nakilala at ito'y anġ «Clarita», «Adela at Florante» at «Teodoro at Clavela».

Tunġkol sa may mahigít na kunġ ilanġ daánġ «Comedia» at «Dulà» ay nanġinġibabaw anġ mġa itó: «La Guerra Civil de Granada», «Hernandez at Galisandra», «Reyna Encantada ó Casamiento por fuerza» at «Rodrigo de Vivar».

Si Husénġ Sisiw ay nagingġ Tagasuri nġ mġa «Comedia» at «Dulà» na itinatanġhál sa «Teatro de Tondo» na ari ni G. Domingo Celis. Anġ alin manġ «Dulà» ó «Cómedia» na kanyánġ bigyán nġ «subali» ay hindi natatanġhál doón. Anġ kanyanġ pasiyá ay walanġ tutol at iginaganġanġ.

«Ah Sayang na sayang, sayang nang pagibig
sayang nang sinsing cong nahulog sa tubig
cung icaw din lamang ang makasasagip,
mahangay hintin cong cumati ang tubig.»

Itó umanó ay kanyánġ tinulâ nġ inip na inip na nġ káhihintay sa isánġ katipán na di dumaló sa tagpuan.

Si Husé ay lagingġ pidagdamutan ni Cupido.

At nanġ isánġ kataón ay tinugón siyá nġ isánġ dalaga na «Magsabi po cayo sa aqing mga

magulang», ay tinugon pagdaka n̄ isán̄g tulá na gayari:

Sa aqu,i, huag mo nang matuimatuiranin
na may magulang cang dapat sanguniin
di baquin si Cristo ay nacapaghain
ng Langit cay Dimas, di may magulang din?

Tátapusin namin an̄g ulat na itó sa pagsipi n̄g ilán̄g tulá ni Husén̄g Sisiw bilan̄g aláala sa kanyán̄g kabantugan, nan̄g huag matulad sa bulá na ginahasa n̄g han̄gin; sa ban̄gón̄g panandalian̄g linipasan n̄g halimuyak ó sa kawiliwiliñg tinis n̄g kanyán̄g kudyapî na napápawi sa pakinig, pagkalipas n̄g isán̄g saglit na pagkaalíw at pagkawili.

Oh cauaauang buhay co sa iba
Mula at sapol ay gumilio gilio na
Nguni,t, magpangayon uacas man ay di pa
Nagcacamit tungcol pangalang guinhaua.

Ano,t, ang ganti móng pambayad sa aquin
Ang aco,i, umasa,t, panasanasain
At ilinagac mong sabing nahabilin
Sa langit ang aua saca co na dinguin.

Ang aua n̄g langit at aua mo naman
Nagcacaisa na caya cung sa bagay?
Banta co,i, hindi ri,t, sa aua mong tunay
Iba ang sa langit na naibibigay.

Ano ang ganti mo sa taglay cong hirap.
Sa langit na hintin ang maguiguing habag?
Napalungi namang palad yaring palad
Sa ibang suminta,t, gumilio ng tapat.



P. PEDRO PABLO PELAEZ

Páhiná 26

ISA sa m̄ga lalong paham na tao niyaón̄g nagsásapól an̄g dáanan̄g taón̄g lumipas, si Parè Pedro Pelaez, Doctor en Teologia, na pagúukulan n̄gayón nitón̄g sapyáw na ulat, bilan̄g pabunyî sa kanyán̄g kadakilaan at m̄ga paglilingkód sa Tinubuan̄g Lupà, sa abot n̄g gálawan n̄g kanyán̄g pagka Parè.

Sa matulán̄g lalawigan n̄g Laguna ay dito sumilan̄g an̄g marilág na si Parè Pedro Pablo Pelaez, at anák n̄g m̄ga litáw na tao. An̄g kanyán̄g amá ay kasalukuyan̄g Alkalde mayor niyaón̄g ika 12 n̄g Hunio n̄g taón̄g 1812, na siyá'y iluwál sa maliwánag. Inalô n̄gâ si Parè Pedro Pelaez sa duyan n̄g kaginhawahan; n̄guni't sa buhay na itó n̄g m̄ga pagbabago ay kanyán̄g dinanas an̄g lahát n̄g m̄ga dapat danasin n̄g m̄ga laruan n̄g palad at siyá'y naulila sa maágan̄g panahón n̄g kanyán̄g kabataan at, walâ naman̄g gaanon̄g naiwan sa kanyán̄g pamana, an̄g amán̄g pumanaw, kayá't sa panahón n̄g kanyán̄g pag-áaral ay di gágaanon̄g pagsasakit an̄g kanyán̄g tinawíd bago namulat an̄g kanyán̄g kutád na muni sa malawak na gálawan n̄g karunungan.

Maglálabin̄g isán̄g taón pa laman̄g siyá n̄g masok sa Páaralan̄g Santo Tomás sa pamamagitan n̄g «beca» dahil sa karan̄galan n̄g kanyán̄g m̄ga magulan̄g at an̄g panahón n̄g kanyán̄g ipinagaral, ay siyán̄g naginḡ sáligan n̄g pamagát sa kanyán̄g Pantás at Dalubhasan̄g Parè, na iginawad sa kanyá sa panahón n̄g kanyán̄g pamamayani sa buhay na itó n̄g m̄ga dalamhati.

Boón̄g kasyahan̄g loób na tinamó niyá an̄g katibayan̄g «Bachiller en Fiosofía», «Bachiller en Teología», at «Licenciado en Teologia»; Kaparahunan noón n̄g balitan̄g Pantás na Parin̄g kastilá na si R. P. Francisco Ayala, di nalaunan at tinan̄ggáp an̄g katibayan sa pagká «Doctor en Teología», kátaástaasan̄g karunungan̄g mahihintáy na kamtin n̄g isán̄g Parè.

Dahil sa di niyá karaniwan̄g kapahamán ay nakasapit siyá sa Koro n̄g Katedral at tinan̄ggáp siyán̄g «Canónigo de Gracia», n̄guni't hindi niyá naamin̄g siyá'y mamalagi sa gayón̄g paran̄g limós na katun̄gkulan at siyá'y lumaban n̄g páligsahan, at tinamó niyá an̄g pamagát na «Canónigo Magistral».

Siyá'y may m̃ga kalilihilñg m̃ga sermón na lubháñg hinañgaan at kanyáñg ipinalimbág sa Madrid niyaóñg 1860, sa kahiliñgan ñg kanyáñg m̃ga kasamahan na nagnanasañg magiñgat ñg kayamanañg yaóñ ñg kanyáñg diwà.

Sa pagka «Predicador» ay nábabantóg ñg gayón na lamañg si Parè Pelaez, at sa kanyáñg walañg tilañg pagaáral ay tinamó niyá añg m̃ga katuñgkulañg «Juez Apostólico», «Comisario Subdelegado de la Santa Cruzada» at «Vicario Capítular en Sede Vacante» sa Ciudad ñg Maynilà. Anáñg isáñg pahayag ñg «La Patria» tuñgkól sa Pareñg itó: «Añg m̃ga karapatdapat na m̃ga Prelado na siná Ecmo. Señor D. José Seguí at José Arangoren ay nagpahalatá tuwí na ñg pagtatañgi sa kakayaháñg hindí karaniwan ñg m̃ga hiyas na itó ni Parè Pedro Pelaez, at itinañgi siyáñg pinañgsañgunian tuwí na, laloñg lalò na ñg Preladong si G. Arangoren at siyá añg kalihim nitó.

Yaóñg dakilañg utak na nábabantóg at nagtaás ñg gayón na lamañg sa kanyáñg lipì, ay pininsalà niyaóñg lindól ñg taóñg 1863 nañg gumuhò añg Katedral. Namatay siyáñg gaya ñg isáñg bayani sa kapanahunañg añg kanyáñg karilagañ ay sumisikat, ñguni't añg kanyáñg alálala ay laging sariwà tuwí na sa kanyáñg m̃ga kababayan. At sa «Universidad de Santo Tomás» bilañg alálala sa kanyáñg kadakilaan ay ginawañg pahiyás añg isá niyáñg malakiñg larawan, sa kaniláñg «Galeria de Ilustres personalidades» na iniiñgatan sa bulwagan ñg nasabiñg Páaralan, bilañg tañgláw marahil sa nañgagsisipagaral doón.



P. JOSE BURGOS

Sa Pilipinas ay maramiñg dakilañg Bayani at sa m̃ga itó ay kabilañg añg huwaran ñg m̃ga Pariñg pilipino na si Dr. José Apolonio Burgos.



Niyaóñg ika 9 ñg Febrero ñg taóñg 1837, ay sumilang sa maliwanag añg amiñg pinagúukulan ñgayón nitóñg haláw na dahon ñg m̃ga DAKILANG PILIPINO. Siyá'y anak ñg Teniente ñg Milisya na si G. José Burgos at ni Ginañg Florencia ni Burgos, sa bayan ñg Vigan, Ilokos Sur.

Si Dr. José A. Burgos ay naulila sa kamusmusán, at sa marubdób na nasà ñg kanyáñg mairugiñg iná na añg kanyáñg munì ay mámulat sa m̃ga dakilañg aral, ay sinikap ni aling Florencia na añg kanyáñg anak ay máipadalá sa Maynilà, at palibhasa'y anak siyá ñg isáñg Pámunuañg Hukbó, añg gayóñg nasà ay nagiñg isáñg pañgyayari sa tulong ñg m̃ga makapañgyarihan ñg panahóñg yaón. Siya'y tinañggáp ñg waláng gugol sa Páaralañg San Juan de Letrán.

Añg katalinuhan niyáñg dí karaniwan ay nábunyañg at sa tañgláw noón ay kanyáñg nápañsin batà pa man añg m̃ga kahidwaan ñg pamamalakad sa loób ñg Páaralan. Pañgulo siyá palibhasà ñg tanáñg nagáaral na kanyáñg kapanahóñg kayá't kanyáñg tinutulan añg gayóñg dí niyá minabutiñg nápañsin, ñguni't sa halíp na dingiñ añg kanyáñg tutol, ay siyá'y itinawalag sa Páaralan. Añg unañg binhí ñg kaapihan ay nápapunlà sa kanyáñg pusò.

Sa gitná ñg gayóñg kapinsalaán ay náipagpatuloy din niyá añg pagaaral sa marunoñg na Pariñg si G. Mariano García hañggáñg siyá'y máihandáñg tañggapín sa Páaralañg-madlâ ni Sto. Tomás. Nápatañgi siyá ñg gayón na lamañg at sa kanyáñg m̃ga sikap ay napagkilalañg tunay na alagád siyá ñg Kardenal Ceferino Gonzales, sa karunuñgan ñg «Teología». Sa Páaralañg itó niyá tinamó añg m̃ga katibayañg pagká «Bachiller en Filosofía», «Doctor en Derecho Canónico» at «Doctor en Teología».

Nañg matapos añg kanyáñg pag-aaral sa Páaralañg-madlâ ni Santo Tomás ay náhirañg siyáñg magiñg Patnugot ñg Páaralañg San Juan de Letrán at guró sa wikañg latín, wikañg ayón sa m̃ga mánunulat ñg panahóñg yaón ay ginágamit niyá nañg gaya ñg paggámit ñg sariling wika.

Nañg siyá'y yumakap ñg katuñgkulañg pagká Parè at añg káunaunahan niyáñg «Misa» ay kanyáñg ñganapín ay napilitan niyáñg bitiwán añg tuñgkulin niyá sa San Juan de Letrán, ñguni't siyá'y ilinipat na Patnugot ñg m̃ga nagaaral sa Sto. Tomás, tuñgkuliñg hindí niyá pinagtagalán at añg hinarap ay añg kanyáñg pagká Parè.

Si Dr. José A. Burgos ay nagin pangalawan Kura sa Katedral nitong Maynila, nagin Mahistrado at Punò sa Katedral, Tagausig ng Hukuman ng Eklesiastiko at Pangulong Punò ng pagdiriwang sa Páaralan-madla ni Sto. Tomás.

Nang taong 1767, nang ang mga Paring Hesuita ay palayasin dito sa Pilipinas, noon, ang dako ng Mindanaw ay nasa kamay ng mga Rekoletano, at sa kalagitnaan ng Lusón, ay sa mga Paring tubò rito sa Kapuluán; nguni't ng pabalikin sa Kapuluán ang mga Hesuitas niyaong taong 1859 ay siyang isinugò sa Mindanaw at ang mga Rekoletano ay ilinipat sa gitna ng Lusón na siyang nasa kapamahalaan ng mga «Clérigo» ó mga Paring tagarito sa ating lupaín, ang ganitong panibagong pagkawala ng karapatan ng mga Paring pilipino ay tinanggap ng mga itó na parang isang malaking paglailait ó paglapastangan sa kanilang karapatan, at ang gayon ay nagin simulá ng isang pagtutol na pinamatnugutan ng bantog na si Dr. José A. Burgos.

Isang kasulatan ang pinasapit sa España na humihin ng katarungan para sa mga Paring napinsala, nguni't gaya ng mga lalong dakilang gawa na di tuwi na'y nagtagumpay ang kanilang kahilingan ay nalupig ng kapanгыyarihan ng kanilang mga katunggali, at ang gayong pangyayari ay nagin simulá na ng isang piping paghahamók ng mga Paring pilipino at ng mga Paring kastila. Ika 14 ng Hulyo ng taong 1870 nang siná Parì Burgos at José Guevarra ay nagpadala ng isang kasulatan sa Kapitan Heneral G. Carlos Ma. Latorre, sa mga paratang na sa kanilang ibinuhat ng mga «regulares» at nagmumungkahing litisin kun ng mayroon nga ó walang «filibusterismo» dito sa Pilipinas.

Sa gitna ng alimpuyong itó ng paglalaban ng isa't isa, sa kabilang dako, ang mga Paring tubò rito sa atin, at sa kabilang dako ay ang mga Paring banyagá, ay napataon sa Himagsikang kawal sa Kabite niyaong 1872, pangyayaring nagamit ng mga kaaway ni Dr. José A. Burgos, upang ang nasabing Parè at sampu ni Parì Mariano Gómez at Jacinto Zamora ay makasangkot sa nasabing himagsikan.

At gaya ng lahat ng pangyayari sa mga bayan nasusukuban ng kapanгыyarihan ng ibang Bansá, ang mga pakaná ay nagtagumpay; sa malinaw na sabi ang tatlong dakilang Parè, ay umakyat sa bibitayan upang diligin ng kanilang dugò, upang pagalayan ng kanilang maagang pagpanaw ang kalailait na kamatayang dapat laman sa mga salarin. Sila'y binitay niyaong ika 17 ng Pebrero ng taong 1872.

Bago binitay si Dr. José A. Burgos ay nagsabi ng:

«Ako'y walang sala», at tinugon ng «Verdugo»:

«Among, ako'y patawarin mo at ang pagbitay kong itó sa iyó ay laban sa aking kalooban, nguni't nanunupad ako ng isang utos.»

Ang gayon ay pinaklihan ni Dr. Burgos ng gayari:

«Pinatatawad kita, at nasá kong ang utos ay iyong tuparin.»

Noon ay nagdilim ang langit, humagunot ang kulog, ang lintik ay nagsiguhit ng boong tatalim at ang ulan ay bumuhos.

Ang mga taong karamiha'y luksá na dumalo sa Bagumbayan ay parang ipinagtabuyan ng mga «elemento», at ang tatlong Parì ay binitay.

Ang kamatayan ni Dr. José Apolonio Burgos ay maítuturing nating: «Binhi ng Himagsikan». At ang diwa ng kanyang ipinagtaggól na katuwiran ng mga Parè ay nagtagumpay sa ating pinagpalang Himagsikan niyaong taong 1896, na ang unang tagumpay na maítuturing na hanngá gayon ay nananatili sa ibabaw ng kasakiman ng mga banyagá ay ang pagkakilala sa karapatan ng mga Paren ng tubò rito sa atin na karamihan ay nangaghahawak gayon ng mga katungkulan at Karangalan ng Obispo.

Naging gawi tuwi na, na ang mga Paring nahatulan sa mga kalailait na kasalanan ay hinuhubaran ng pagka Parè, at ang gayon ay hiniling sa Mnjl. na Arzobispo ng Maynila; nguni't walang makitang matuwid ang nasabing Arzobispo kaya't di sila hinubaran ng pagka Parè sa oras ng kamatayan.

Si Gat Rizal, sa kanyang paglalathala ng pangalawang bahagi ng «Noli», ang kanyang «Filibusterismo» ay ihinadog sa tatlong dakilang Parè bilang pangbawi, sa mga upasalang sa kanilang iGINAWAD:

Sa ganang amin ang tatlong dakilang Parè ay di nagkasala kahit babahagyá na dapat lapatan ng gayong kalupit na hatol; nguni't sila'y nagin kasanngkapan ng mga pangyayari, upang ang binhi ng paghihimagsik ay payabunin ng kanilang dugò.

Tatapusin namin ang ulat na itó sa mga salita ni P. Gómez: «Yaong nangagsisiibig sa Inang Bayan ay di nangamamatay sa kanilang hihigan sarili.»





ANG LIWASAN NG BAGUMBAYAN, NA PINAGPALA NG KAMAHALMAHALANG DUGO NG BAYANI NG MGA BAYANI, NA SA ISANG KAPUSUKAN, SA SIGABONG DI MAPIGILAN NG KALUPITAN NG MGA TAO, AY GINAWA NA ANG LIWASANG ITO AY MAGING GOLGOTA NG BAYANG PILIPINAS.

JUAN LUNA Y NOVICIO



Sa isáng maliít na bayan, sa Badók, Ilocos Norte, isáng bayanṅ halos dí kilalá dahil sa kaliitan, ay nagínṅ bantóg at kapuripuri dahilán sa pinalad na sibulán nṅ isáng taonṅ dakilà, na walánṅ alinlanṅan masásasabinṅ siyánṅ pinakádakilá at bantóg sa laháṅ nṅ pintor na pilipino, siya ay si Juan Luna.

Ipinaganák siyá niyaónṅ ika 23 nṅ Octubre nṅ taónṅ 1857, isá sa mṅa anak ni G. Joaquin Luna at Laureana Novicio, mapalad na magasawanṅ naghandóg sa Ináng Pilipinas nṅ mṅa anak na bayani. Si Antonio anṅ dakilanṅ Heneral, si Juan, anṅ dakilanṅ Pintor, si Joaquin anṅ Gobernador, at si José Luna, anṅ bantóg na manṅgagamot.

Anṅ kanyánṅ pagaaral ay pinasimulán sa sarilingṅ bayan at kanyánṅ ipinagpatuloy sa «Ateneo Municipal», kunṅ saán siyá kinagiliwan nṅ gayón na lamanṅ nṅ kanyánṅ mṅa guró: anṅ unanṅ nagturó sa kanyá nṅ pagguhit ay si G. Agustin Saez. Dito siyá nagpasimulá nṅ pagibig sa siningṅ, na kanyánṅ ikinápabantóg nṅ gayón na lamanṅ.

Buhat sa Ateneo ay lumipat siyá sa «Academia Naval», at nanṅ mátamó niyá anṅ mṅa katibayan sa pagaaral ay siyá'y sumakay upánṅ ipagpatuloy anṅ pagsasanay nṅ kanyánṅ pinagaralanṅ pagkamandadagat. Lálabinṅ anim na taón siyá noón. Tinahak niyá anṅ katimugan nṅ dagat China at India, dinalaw anṅ Singapore at Colombo, mṅa bayan at lunsód na kanyánṅ dinalaw, na nakapukaw sa kanyánṅ pusò nṅ marubdób na nais na dumakilá.

Niyaónṅ 1874, nanṅ siyá'y lalabinṅpitohinṅ taón pa lamanṅ ay tinanṅgáp niyá anṅ katibayanṅ makapaghawak na nṅ ugít (piloto) nṅ sasakyan sa matataás na dagat. Siyá'y lubhanṅ kilalá sa kanyánṅ pagkámandaragát, nṅuni't hindí itó anṅ tunay niyanṅ hilig, at baga manṅ siyá'y hinanṅaan sa kanyánṅ katunṅkulanṅ yaón na ginágampanán, ay tilá may bumubulónṅ sa kanyánṅ diwà na hindí yaón anṅ kanyánṅ dapat na pamalagian.

Samantalanṅ siyá'y náglalayág, sa Luok nṅ Maynilá ay nagaral siyá nṅ pintura, at anṅ kanyánṅ nagínṅ Guró ay si G. Guerrero isáng bantóg na pintor nṅ kapanahunan. Iniwan niyá anṅ pagkámandaragat at nasok siyá sa «Academia de Bellas Artes» sa Maynilá. Dito niyá nákilala anṅ tunay na pagibig sa siningṅ, sumiglá nanṅ sumiglá anṅ kanyánṅ sigasig at niyaónṅ 1877 ay lumayag siyanṅ patunṅo sa España.

Pagdatingṅ na pagdatingṅ niyá sa lupainṅ itó nṅ mṅa Hari, ay nasok siyá agád sa «Academia de Bellas Artes de San Fernando», sa Madrid, at yáymanṅ dí nakasisiyá sa kanyánṅ hilig anṅ pagtuturó doón ay bumayad siyá nṅ isáng tanṅinṅ Guró upánṅ siyá'y turuan sa sarilingṅ tahanan at kanyánṅ náhiranṅ si G. Alejo Vera, isá sa mṅa lalonṅ dakilà at bantóg na pintór sa España.

Naginṅ matalik silánṅ magkaibigan nṅ bago niyanṅ Guró at silá ay naglakbáy sa Italia niyaónṅ 1878, doón sa pinagpasikatan niná Rafael at Miguel Angel at doó'y magkatulongṅ silánṅ gumawá sa dakilanṅ «Bayan nṅ Siningṅ». Niyaónṅ magbukás nṅ Tanṅhalan sa Madrid, nanṅ taónṅ 1881, anṅ panṅalan ni Juan Luna at nakapanṅgilalás sa mṅa lalonṅ bantóg na pintór na kastilá at italiano. Anṅ kanyánṅ cuadrong «Anṅ kamatayan ni Cleopatra» ay nagtamó nṅ panṅalawanṅ gantínṅ pala at isáng medallanṅ gintó kalakip nṅ isáng libonṅ pisonṅ salapinṅ kastilá. Buhat noón anṅ Tagalog ay nagkaroon nṅ mabutinṅ panṅalan sa Daigdig nṅ Siningṅ at dí na ipinalagay na mṅa «maninipi».

Nanṅ lumipas anṅ tatlónṅ taón, niyaónṅ 1884 anṅ walanṅ kamatayanṅ «SPOLARIUM» ay lumabas sa maliwanag, at anṅ gawanṅ itó ni Luna ay nagtagumpáy sa daigdigan nṅ siningṅ, at anṅ mṅa papuri ay nagsikip halos sa Sansinukob. Sa kanyánṅ karanṅalan ay piniginṅ siyá nṅ mṅa pilipinonṅ nanánahanan sa España. Lubhanṅ maraminṅ papuri anṅ kanyánṅ tinanṅgáp sa

nanġagsipanalumpati at isá rito ay anġ atinġ dakilanġ bayaningġ Dr. Rizal na nagsabi nġ gayari: «Paghawì nġ tabinġ at makita natin anġ «SPOLARIUM», ay māririnġig na natin, anġ tanġisan nġ mġa alipin, nġ kakilákilabot na takot sa digmaan, at anġ taghoy nġ mġa ulila».

«Anġ tánawinġ iyán ay siyánġ tunay na damdamin nġ lumikhâ at tagabadhâ nġ atinġ kasalukuyan sa atinġ tinubuanġ lupà. Oo, anġ mġa kuadronġ ganyán ay dí lamanġ umaliw sa atinġ mġa matá, kundí nakikipagupasap na banayad sa atinġ puso.»

Lumipat siyá sa Paris at doó'y nakipagisanġ pusò sa isánġ anák nġ kastilà sa pilipina na pinanġarapan niyá nġ isánġ kaligayahan sa buhay, at pinaghandugán nġ lahát niyánġ tagumpáy. Hindí siyá naglikát nġ paglilinánġ nġ kanyánġ siningġ at niyaónġ 1887 ay napa sa España siyánġ mulí upánġ itanġhál sa Madrid anġ kanyánġ «Batalla de Lepanto» at anġ «Rendicion de Granada» na pawanġ nagtagumpáy at nagtamó nġ gantínġ palà sa nasabinġ Tanġhayan. Isánġ pigínġ na naman nġ mġa kalahi anġ nasaksihán sa Madrid na idinaos sa karanġalan ni Juan Luna, anġ dakilanġ Pintór. Si Lopez Jaena ay isá sa nanġagtalumpati.

Páhiná 34

Anġ katahimikan sa nagtatagumpáy niyánġ buhay, ay hindí nasiyahan mandin at sa loób nġ táhanan ay nanuluyan anġ ligalig, anġ kanyánġ katahimikan ay nahalinhan nġ isánġ «infiernonġ» napakainit, dinaránġ anġ kanyánġ pusò at sa haráp nġ dí dapat talimahinġ pagupasalà ay nagkahalagá nġ isánġ buhay, at buhay nġ kanyánġ pinakamamahál pa naman: anġ sa kanyánġ minamahál na kabyák nġ pusò. Isánġ usapin anġ nagingġ buntót nġ sigalót na yaón; nġuni't pinawalánġ sala si Juan Luna nġ Húkumanġ humatol.

Nanġ mulínġ bumalik dito sa Pilipinas anġ atinġ kalahinġ itó ay pinaghinalaanġ kinaalám nġ nanġaghíhimagsík at niyaónġ 1896, siyá ay ipinadakíp at ibinilanġgò. Anġ mġa dakilanġ diwà ay hindí napipiit kahi't na sa loób nġ piitan, at sa gitná nġ gayónġ kalágayan ay gumawá siyá nġ isánġ mainam na «Exce Homo» na kanyánġ ipinagkaloób kay Parè Rossell nanġ siyá'y dalawin sa bilanġguan.

Nanġ tamuhin niyánġ pamulí anġ kalayaan, ay nanumbalik siyánġ agád sa Europa, nġuni't anġ pagibig sa sarilinġ lupà ay hindí magpatahimik sa kanya roón, kaya't mulí siyánġ nanġlayág niyaónġ Disyembre nġ 1899 upánġ bumalík sa sarilinġ bayan at siyá'y nadaán sa India, sa Java at sa Sumatra, naglagós nġ China at Hapón, nġuni't nanġ siyá'y na sa Honġkónġ at papauwí na sa sarili ay nagkasakit siyá at násagupà niyá roón anġ kamatayan.

Namatay si Juan Luna at nalibinġ sa ibanġ Lupà, nġuni't anġ mġa dakilanġ tao saan man mamatáy at saan manġ dako nġ daigdig málubinġ, anġ karanġalanġ kanilanġ tinuklás at ikinábantóg sa daigdigan, ay hindí nakukuha nġ alin mánġ bayanġ hindí nilá sarili, sapagká't itó'y mananġ hindí maágaw nġ alin manġ lahi at bayan.

Karanġalan nġa nġ Pilipinas anġ siyá'y magkaanák nġ isánġ kahanġáhanġanġ mánininingġ, at kahit hindí siyá nahandugán nġ bahagingġ libinġan sa sarilinġ Lanġit, ay nagliliwanag din duón anġ kapitapitaganġ panġalan nġ anák na nagpakatanġi.

Luwalhati sa iyo, dakilanġ manininingġ!

GRACIANO LOPEZ JAENA

Páhiná 35



Sa lalawigan nġ Iloilo ay doón sumilanġ anġ isánġ kalahi natinġ nagingġ isánġ dakilanġ mánanalumpati, siyá'y si Graciano Lopez Jaena.

Gayá nġ lahát nġ pilipino, anġ kanyánġ unanġ pagaáral ay tinanġgáp niyá sa loób nġ táhanan, pagkatapos ay nagpatuloy siyá sa Páaralanġ bayan upánġ anġ mġa pánġunahinġ pagaáral ay maganáp at doón na siyá kinákitaan nġ kanyánġ sibol na katalinuhan, at bagá manġ hindí karaniwan noón anġ pakikipagtalo sa mġa Guró si Jaena ay hindí nasiyahan sa alín manġ bahagi nġ kanyánġ pinagáaralan, hanġganġ hindí dinidinġig anġ mġa paliwanag nġ mġa Guró, at sa pagnanasanġ anġ pagaáral ay ipagpatuloy sa ibanġ lupáin ay lumayag siyánġ tunġo sa España, niyaónġ taónġ 1881.

Sa silonġ nġ Lanġit nġ datinġ «Metropoli» ay nakipagisá siyá sa mġa kalahinġ doó'y dinatnán na nanġakíkibakanġ kasalukuyan sa mġa kabaguhanġ hinihinġi nġ bayan natin. Isánġ taón pa siyá sa España, nanġ itatág anġ Kapisananġ «Hispano-Filipino» at siyá ay nagingġ isánġ masugid na kasapí noón.

Anġ kapisananġ nábanġgít ay naglálathalà nġ isánġ pahayagan at si Graciano Lopez Jaena, ay isá sa tumanġkilik noón. Anġ kanilánġ mġa láyunin ay anġ ipakilala sa madlá anġ kasalukuyanġ kalagayan nġ Pilipinas at manġagsumakit sa mġa kabaguhanġ dapat na gawin nġ Pámahalaan at Pánġasiwaan.

Anġ kanyánġ mġa tudlínġ na pawanġ kinábabakasán nġ kanyánġ pagkamabutinġ anák nġ Pilipinas, ay nanġapalathalà sa «Filipinas, ante Europa», «El Progreso», «El Pueblo Soberano», at

pagkaraan ng ilang panahon ay itinatag niya ang «La Solidaridad», na kanyang pinamatnugutan at siyang nagiang tagapamansag ng mga kalahi natin doon. Niyaong taong 1899, ay nihalinhán siya ni Marcelo H. del Pilar sa Pamamatnugot ng nasabing Pahayagan.

Páhiná 36

Sa kanyang pagkamananalumpati, ay ipinalalagay na isa siya sa lalong pinakamabuti sa kanyang kapanahunan sa boong España, kaya't sa lahat ng piginig tuwi na'y inanyayahan siya upang manalumpati. At sa mga gayong kataon ay hindi niya nalimutan minsan man na di samantalain ang pagpapakilala ng mga karaingan ng kanyang bayan.

Niyaong 1892 sa Madrid, sa pagdirivan ng sa ikatatlong daan at siyam na puot isang taon ng pagkatuklas sa América ni Cristobal Colón, sa talumpali ni Graciano Lopez Jaena, tungkol sa mga iba't ibang bagay, ay sinabi niya ang gayari:

«Hindi umiiral ang pangaalipin sa Pilipinas, nguni't makalilibong mahirap ang kaalipinang doo'y naghahari at kaalipinang tinatangkilik ng mga batas, kaalipinan ng kalolwa, kaalipinan ng diwa, at dahil dito mga ginoó, ang aminig bayan ay bayan ng baligtaran, sapagka't ang karunungan at katotohanan ay di napakikita doon.

«Ayaw kami ng isang bayan kalahati ay malaya at kalahati ay alipin, ninanasá namin ang kalayaan sa pagsulat o pamamahayan; ninanasá namin ang kalayaan sa pagagalakal; ninanasá namin ang aminig kapanгыarihan sa paghahalal, (sufragio) ng aminig sugo sa mga Kapulungan, na, kung saan namin mapasasapit ang aminig mga adhikain upang dingin at malaman.»

Sa isang piginig na idinaos sa Madrid sa karanngalan ni Juan Luna, at Resurrección Hidalgo, dahil sa kanilang taggumpay sa Tanghalan ng Sining, si Jaena ay nagsabi ng gayari: «Pilipinas, binabati kita ng boong pitagan. ¡Malasin Siya! ang bughaw ng dagat ay siyang birang, ang kulay ng kanyang Langit, ang pinakamarikit sa sansinukob, na nasasabugan ng maninangning na bituin, ay siya niyang magandang lambong. Sino man na di pa nagkakapalad na magmalas sa kanyang mga Puló, ay di nakakita ng pinakamagandang panig ng daigdigang.»

Sa salaysay na ito ni Lopez Jaena, ay mapagúunawa na ang kanyang paningin ay pawanig kagandahan sa kanyang Tinubuan Lupá, pagmamalas na di tinataglay niyaong di tunay na tubo sa Pilipinas, pagka't tanging ang pilipino laman ang may kayang dumamdám ng kanyang mga dinaramdam.

Isa sa mainam niyang talumpati, ay ang binigkas niyaong 1887, ng ipagtagumpay ni Juan Luna ang kanyang «Batalla de Lepanto». Ito'y ulit ulit na sinabi, na kaming mga pilipino, ay di makagagawa ng ano man. Tinawag kaming mga umano, ay wala kayang gumanap ng anomanig kaunlaran, kami umano ay hindi lumalaki at di umuunlad, nguni't ang aminig; bayan sa linakadlakad ng panahon ay nagiging isang bayan dakila.»

Kung mababasa ninyo ang mga talumpati ni Jaena, at maaninag ninyo na wala na siyang sinikap kundí ipamalas ang kanyang pagmamahal sa Tinubuan Lupá at sa mga kalahi niyang marunong magmahal sa Bayang Tinubuan.

Páhiná 37

Mahigit na labinglimang taon na nanahanan si Jaena, sa España, at lahat ng kanyang sigasig sa loob ng panahong yaon ay iniukol niya sa ikaunlad ng kanyang minamahal na bayan Pilipinas.

Niyaong 1890, ay umuwí siya sa sariling bayan upang mangilak ng magugugol doon sa ubod ng bayan panginoon ng ating bayan, sa Madrid, at dahil sa nasang ito, ay nakipagkita siya kay Paez, at humingi siya ng tulong. nguni't sa kawalan, ng salapi sa kaban yaman ng samahang kanyang tinawagan ay pinangakuan siya ni Paez, pagkatapos na madinig ang kanyang mga balak at siya'y nanumbalik sa bayan ng mga Hari, upang gumawa ng walang patlang na paggawa sa ikapagbabago ng pamamalakad dito sa Kapuluan; at sa kanyang kinahimaling yaon ay nahughog siya at namulubi, at niyaong ika 20 ng Enero ng 1896 ay tinawag siya sa sinapupunan ni Bathala, sa bayan Barcelona España, na siyang kinalagakan ng kanyang mga labi.

Si Graciano Lopez Jaena ay buhay sa mga pusò ng bawat pilipino at ang alala sa kanyang mga gawa ay isang dakilang aral na karapatdapat uliranin.

Maging tibay ang mga talatang ito ng kanyang pagka walang Kamatayan.



APOLINARIO MABINI

Páhiná 38

NAKIKITA mo ba giliw na bumabasa sa mga salaping papel



na pipisuhin, anġ larawan nġ isanġ kababayan natin na sa kanyanġ kagitingan ay minapat nġ Pámahalaán na siyá, ay makilala nġ tanán sa paraánġ yaón?

Anġ larawanġ yaón ay dili ibá't anġ kay Apolinario Mabini, anġ «Kahanġahanġanġ Lumpó» na siyanġ utak nġ Himagsikan. Anó man anġ ibinunġa nġ hímagsikanġ nagguhò nġ kapanġyarihan nġ mġa Hari dito sa atinġ lupaín ay may kinálaman doón anġ atinġ kababayanġ pinagúukulan nġayón nitónġ maigsínġ ulat nġ kanyanġ buhay.

Kunġ palarin ka panġ makatagpò niyaónġ nápabantóg na Pátakaran nġ Himagsikan na niyaónġ ika waló nġ Hulio nġ taónġ 1898, ay ípinasiyá ni Gen. Emilio Aguinaldo, na limbagín at ipagbilí nġ mamiseta, upánġ sumákaalamán nġ lahat nġ mámamayan. Anġ mahalaganġ kathánġ yaón, giliw na bumábasa, ay katás nġ mayamanġ utak nġ atinġ Mabini. Basahin mo nġ boónġ kataimtiman sa pusò at doó'y mábabakás mo anġ kabanalan nġ atinġ Hímagsikan, niyaónġ pinagpalaġ pakikipamiyapis nġ iyónġ mġa kalahì upánġ ihandá sa iyónġ pagdatínġ anġ isanġ bayanġ karapatdapat sa iyónġ lipi, bayanġ malayá, nagsasarili at puspós nġ karánġalan.

Si Apolinario Mabini, ay isanġ anák na máipagmamalakí nġ kanyanġ lalawigan, máipagmamalakí nġ kanyanġ lipi, at matátawag na isanġ Bayani nġ bayanġ Pilipinas, bagá manġ anġ kinámulatan niyanġ bayan ay isanġ maliit na bahagi lamanġ nġ makasaysayanġ lalawiganġ Batanġan.

Tanawan! pinagpalaġ bayanġ nakapaghandóg sa Inanġ Pilipinas nġ isanġ dakilanġ anák, binabatí kitá pinagpala ka nġ mabutinġ Talà, sapagká't sa silónġ nġ iyónġ Lanġit nakákita nġ unanġ liwanag anġ isanġ kawal nġ sagkatauhan, si Apolinario Mabini.

Si Mabini ay anák niná G. Inocencio at Dionicia Maranan at sumilanġ niyaónġ 1864. Mġa taonġ dukhá at walánġ karanġalanġ máipagmamalakí kundì anġ karanġalanġ mabuhay sa tulò nġ pawís.

Salát palibhasà sa mġa kailanġan sa buhay, ay hindì nagawanġ itagubilin sa alin manġ bantóg na guró anġ mġa unanġ pagáaral ni Apolinario, at salamat sa tulong nġ isanġ amaín, si G. Juan Maranan, anġ kanyanġ muni ay námulat, at pagkatapos nġ mġa panġunahinġ mġa pagáaral ay lumipat siyanġ handá sa lahat nġ hirap, sa pagkakalingá nġ isanġ banal na Paré, si G. Valerio Malabanan, na siyanġ humawan sa kanyanġ diwá nġ mġa tabinġ nġ kadilimán. Nápamahál na lubhá si Mabini sa kanyanġ bagonġ Guró, palibhasà ay may isanġ katalinuhanġ hindì karaniwan at kabaitanġ kahanġahanġa.

Natapos niyá anġ panġalawanġ bugsò nġ pagáaral sa kalinġà nġ Paringġ nátukoy na; nġuni't uháw palibhasà sa mġa ibá't ibanġ lawak nġ karununġan, kayá't niyaónġ 1881, ay lumwás sa Maynilá at humadóg na magturò sa Páaralan ni Ginoonġ Melchor Very, at samantala ay nagaral namán sa San Juan de Letran. Isanġ pagsusumakit na dí karaniwan anġ kanyanġ ipinamalas at anġ katibáyan nġ pagká «Bachiller en Artes» ay tinamó niyá na kasaliw nġ pagtuklás nġ panġagdónġ buhay.

Ninasà niyanġ lumipat sa Universidad de Sto. Tomás, nġuni't anġ kanyanġ kiníkita sa Páaralan ni G. Melchor Very, ay hindì makasasapát sa kanyanġ mġa kinákailanġan sa gayónġ pagpapatuloy, kayá't sinikap niyanġ maglinġkód sa Pámahalaán at nátanġgáp siyanġ tagasulat hanġganġ sa siyá'y nagínġ masugid na kasamahán nġ abogadong si G. Numeriano Adriano, bilanġ kawaní roón na nagsásanay.

Anġ pipinġ kilusan nġ mġa apí, ay lumaganap nġ gayón na lamánġ sa walonġ lalawiganġ Tagalog,^[1] anġ lihim ay hindì na mainġatan at untí untinġ náhahayág sa mġa taga Pámahalaán anġ himagsikan nġ «Mġa Anák nġ Bayan». Sa Balintawák ay napilitanġ ihiyáw nanġ walà sa panahón nġ Bayaninġ Bonifacio anġ mġa kahilingan nġ api, nġuni't hiyaw na kasaliw na nġ talibónġ at pakikipamiyapis; anġ banál na kilusan ay nagpaninġas na lubhá nġ pusò ni Mabini, upánġ ágaranġ tumugón sa tawag na bayanġ humihinġi nġ tulong sa kanyanġ mġa anák, upánġ makakalág sa gapos na kaalipinán. Dahil doón ay dinakíp si Mabini at ipinapiit hanġganġ Hunyo nġ taónġ 1897, salamat sa kanyanġ pagkalumpó ay pinalayá siyá sa paniniwalaġ hindì na siyá makapagtátaguyod at dí mapakikisapi sa Hímagsikan.

Natapos anġ unanġ bugsò nġ Himagsikan sa Kasunduanġ linagdaán sa Biyák na Bató. Si Mabini ay nagpagalinġ nġ kanyanġ karamdaman sa Los Baños, nġuni't nanġ anġ Pámahalaán nġ Kastilá at anġ sa Estados Unidos ay nagkákatitigan, at dí nalaunan ay naging dulaan nġ digmaan nġ dalawanġ bansá itónġ Kapuluanġ Pilipinas, siyá'y sumulat nġ mġa mahahalaganġ tudlínġ ukol sa mġa mabubutinġ balak nġ pakikisanġkót nġ mġa Tagalog sa dalawanġ nagdidigmá, at anġ gayónġ kasulatan ay sumapit sa kamay ni Aguinaldo, na isanġ mabutinġ Kasanġguni. Inanyayahan ni Aguinaldo na pasá Kawit si Mabini, at sa pagtanġgáp sa anyaya ay nagsabi nġ gayari: «Hindì ako matiwasáy, sapagká't anġ mġa kababayan ko'y walaġ katiwasayan. Anġ kanilánġ mġa kahilingan sa pagbabago nġ pamamalakad ay hindì dininġíg».

Naginġ unanġ kasanġguni ni Aguinaldo si Mabini at anġ unanġ ginawá ay anġ pagpapalit sa Gobierno Dictatorial nġ Pámahalaán nġ Hímagsikan.

Itinatag ni Mabini anġ mġa Pámahalaánġ Bayan, Lalawigan, Hukuman at Kawal; at kanyánġ ilinathalà anġ sáligan nġ Pámahalaán nġ Hímagsikan na ikinábantog niyá nġ gayón na lamanġ.

Nanġ itatag sa Barasoain, anġ káunaunahanġ Kapulunġan Hímagsikan, si Mabini ay siyánġ Premier ni Aguinaldo, at anġ sáligan nġ Pámahalaán, ay hindí nailagdâ, samantalanġ hindí niyá nasusuri, at itó'y sumapit hanġġanġ iká 21 nġ Enero nġ 1898, upánġ anġ kapanġyarihan nġ Panġulo ay huwag mabawasan at siyá niyánġ papanġibabawin gaya nġ tahas niyánġ paniwalà na yaón ay kinailanġan nġ kapanahunan.

Sa isánġ dí pagkakaúnawaan niyá at ni Aguinaldo sa mġa panukalanġ dapat na isagawá ay tumiwalánġ siyá sa Pámahalaán, at anġ kanyánġ nákahalili, ay si Pedro Paterno; niyaó'y Agosto iká 23 nġ taónġ 1898.

Bagá man siyá'y tumiwalag kay Aguinaldo, sa kanyánġ pagká Unanġ Kasanġgunì, ay dí rin siyá naglikat nġ pagsisigasig sa ikapanġtátagumpáy nġ mġa mithiin nġ bayanġ Pilipinas. Mġa tudlinġ na pambuhay nġ loób anġ kanyánġ ilinathalà sa «La Independencia».

Nábihag si Mabini nġ mġa kawal na amerikano sa Kuyapò, Bagonġ Esija, niyaónġ Disyembre, nġ taónġ 1899, at dinalá siyá sa Maynilà at ibinilanġġo hanġġanġ Setyembre nġ 1900.

Niyaónġ 1901, ay naglathalà siyá nġ isánġ pagtuligsà sa Pámahalaán nġ Estados Unidos dito sa Pilipinas, tuligsà na kanyánġ ihinayág sa «El Liberal» at nagingġ sanhí nġ mulinġ pagpapadakíp sa kanyá at pagpapatapon sa Guam, kasama nġ makabayangġ si G. Pablo Ocampo.

Anġ kapayapaan ay nagharì bilanġ hanġġahan niyaónġ kakilákilabot na digmaan, at anġ laháť nġ «tapon» ay pinahintulutanġ makabalik sa sarili, sa pamamagitan nġ pagsumpâ nġ pagtatapát sa Pámahalaán nġ Estados Unidos sa Pilipinas, nġuni't si Mabini ay dí sumumpâ, kayá't siyá'y naiwan sa Guam na may mġa anim na buwan, bago siyá pinapanaw at makapaglibót, nġuni't dí makatátahan sa Pilipinas samantalanġ dí siyá sumusumpâ nġ pagtatapát sa Estados Unidos.

Páhiná 41

Pagkaraán nġ ilánġ panahón nanġ pagmumunimuni, ay nákilala niyánġ lalónġ malakí nġ kanyánġ máitutulonġ sa kanyánġ bayan kunġ siyá ay bumalik, kay sa magpalaboylaboy, at niyaónġ Pebrero nġ 1903 ay linagdaán niyá anġ pagtatapát sa EE. UU. Hinandugan siyá nġ lalonġ matátaás na katunġkulan, nġuni't dí niyá tinanġġáp at anġ sabi: «Anġ akinġ karamdaman ay nakapipigil sa akinġ makagawâ pa nġ mġa dapat konġ gawín, at akó'y inaanyayahan at mapipilitanġ mamuhay nġ tahimik, upánġ doón inġatan anġ kahihiyán, hindí kahihiyán dahil sa akó'y nakágawâ nġ isánġ bagay na kahiyáhiyâ, kundí dahilán sa dí ko nagampanán nġ boónġ katumpakan anġ mġa kautanġán ko sa akinġ mġa kababayan at sa akinġ Tinubuanġ Lupà.»

Anġ kamatayan ay sumapit at binigyánġ hanġġá anġ kanyánġ mahalagánġ buhay, niyaónġ iká 13 nġ Mayo nġ taónġ 1903. Namatáy anġ isánġ tapát na anák nġ Pilipinas, at gaya nġ mġa dakilanġ tao ay nagiwán nġ mġa dakilanġ bakás na ikapagáaral sa kanyánġ kalakhán.

Sa karanġalan nġ kababayanġ itó ay ipinasyánġ ikintál sa mġa pipisuhinġ papel anġ kanyánġ larawan, at sa lalawiganġ Batangas ay ibinanġon anġ isánġ Bantayog sa kanyánġ dí malílimot at walánġ kamátayanġ mġa paglilingkód sa Tinubuanġ Lupà.

Háhanġġahan namin anġ muntinġ kasaysayanġ itó nġ isánġ anák-pawis, iniwi sa karukhaán at namatáy na dukhá rin, hindí dahil sa hindí nakátuklâs nġ mabutinġ panahón at paraan sa ikayayaman, hindí nġa: kundí dahilán sa anġ laháť niyánġ sikap, dunonġ at buhay ay kanyánġ inialay nanġ walánġ panġalawánġ hanġġád sa dambanà nġ Inanġ Bayan.

Anġ DECALOGO ni Mabini ay itónġ sumúsunód:

«Ibigin mo si Bathalà at anġ iyónġ kapurihán nanġ higit sa laháť nġ bagay.»

«Sambahín mo si Bathalà, nanġ ukol sa lalonġ minamatuwíd at minamaranġal nġ iyonġ budhí.»

«Palusugin mo anġ mġa piling kayamanan na ipinagkaloób sa iyó ni Bathalà.»

«Ibigin mo anġ iyónġ bayan nġ sunód kay Bathalà, sa iyónġ kapurihán, at higit sa iyónġ sarili.»

«Pagpumilitan mo anġ ikagiginhawa nġ iyónġ bayan bago anġ kaginhawahán monġ sarili.»

«Pagpilitan mo anġ pagsasarilí nġ iyónġ bayan.»

«Huwag monġ kilalanin sa iyónġ bayan anġ kapanġyarihan nino manġ tao na dí mo pilí at nġ iyónġ mġa kababayan.»

«Pagpilitan mo na anġ iyónġ bayan ay maginġ isánġ República at huwág monġ tulutan kailán manġ maginġ Monarquía.»^[2]

«Ibigin mo anġ kapwà nanġ gaya nġ pagibig mo sa sarili.»

«Lagingġ titignán mo anġ kababayan nġ higit nġ kauntí sa iyónġ kápuwá.»

Páhiná 42


Niyaónġ 1921, na pasyahanġ anġ kanyánġ alabók na nása sa libinġan nġ mġa intsik ay ilipat sa isánġ libinġanġ karapatdapat sa mġa Bayani, anġ banġkay ni G. Apolinario Mabini ay náhukay na buô. Iginalanġ at dí tinunaw nġ lupà anġ banál niyánġ katawan; at pagtapos nġ mġa paranġál na iginawad sa kanya nġ Pámahalaán at bayan na lubhanġ humahanġà, ay ilinipat anġ kanyánġ labí sa Libinġan nġ mġa Bayaningġ pilipino, na kilalá sa tawag na: «Panteon de los Veteranos de la

Kunġ isánġ araw ay makaratingġ ka giliw na bumábasa sa Libinġan sa Hilagà, anġ «Panteon de los Veteranos de la Revolución» ay maghahandóg sa iyó nġ mġa panġalanġ, pawanġ pinagkákautanġan mo nanġ mġa kabaguhan sa Pámahalaán na tunay na palà nġ kanilánġ mithî. Sa gitná noón ay mátatagpuán mo anġ kinálalagakan nġ labí nġ «Dákilanġ Lumpô» na sanhî nitónġ maigsinġ ulat.

Idalanġin mo kay Bathalà na anġ pinamuhunanan nilá nġ buhay na ganáp na kalayaan mo at nġ atingġ bayan ay magínġ isánġ ganáp na panġyayari.

Nawá'y másaksihán din natin na tayó'y layá na.

- [1] Ang walong sinag ng araw ng ating watawat.
- [2] Republica ay Pamahalaan ng bayan at ang naghahari ay mga pili ng bayan. Monarquia ay Pamahalaan na ang namamahala ay iisang tao.



Ang bantayog kay APOLINARIO MABINI sa Batangas.

JOSE Ma. BASA

SINO anġ pilipinonġ nakasapit sa Honġkonġ na dí nakákilala kay G. José Ma. Basa.

Gaya nġ mġa tunay na Tagalog, niyánġ lipínġ tinátakbuhán sa kanyánġ mġa ugát nġ malinis na dugô nġ mġa Solimán, batà pa si G. José Ma. Basa ay nakápansín na nġ mġa katiwalian nġ pagpapalakad nġ nasiranġ Pámahalaán nġ mġa kastilà dito sa Kapuluán.

At nanġ sumapit siyá sa sapát na gulanġ, nanġ anġ pagwawari ay lalo nanġ maliwanag sa tulongġ nġ pinagaralan ay ipinagtanġgól niyá nġ úbos kaya sa lahát nġ kátaón anġ mġa karapatan nġ mġa tubò rito sa atin. Anġ ganitó niyánġ mġa kilos at gawí na kapansinpinsín nanġ mġa panahónġ yaón na anġ pagibig sa bayan ay kasalananġ ikinamámátáy, ay nagínġ sanhî nġ boónġ



pagiinġat sa kanyá nġ mġa naghahawak nġ ugit nġ Pámahalaán at dí naglaón at si G. José Ma. Basa, kasama ni G. Antonio Regidor, Parí Mariano Sevilla at iba pá ay pinagdadaġíp at ipinatapon sa Pulô nġ Marianas.

Anġ kasalananġ sa kanilá'y ipinaratanġ ay kinaalam «daw» sa himagsikanġ kawal na nanġyari sa Kabite niyaónġ 1872, na ikinábitay nġ magigitinġ na Parinġ Tagalog na siná Padre Burgos, Gómez at Zamora.

Anġ panahón ay lumipas, at sumapit sa panġyayaringġ anġ noón ay pinaguusig ay naginġ karanġalan at kabayanihan.

Ilanġ buwan dinġ nanahanan sa Guam si G. José Ma. Basa at pagkuwa'y lumipat sa Sakop nġ Inglés na bayan nġ Honġkonġ at doón na nġâ namuhay nġ may mġa tatlonġpuonġ taón. Sa bayanġ itó isinagawâ ni G. José Ma. Basa anġ táhasa't walánġ kilingġ na paglinġap sa kanyánġ mġa kalahì.

Kailan ma't nakabalitâ si G. José Ma. Basa na may pilipinonġ lulan anġ alin manġ sasakyánġ dádaónġ doón, karakaraka niyanġ ipinasásalubonġ at dí tinútulutanġ tumulóy sa ibánġ bahay kunġ manġyayari at anġ kanyánġ táhanan, dulanġ at hihinġán ay handâ sa kanyánġ mġa kalahì.

Páhiná 45

Buhat kay Gat José P. Rizal, Graciano López Jaena, Marcelo H. del Pilar at hanġġánġ sa kahulihulihanġ grumete nġ mġa sasakyán, ay kanyánġ ginawaran nġ pagkakandili sa lupainġ yaón na napili niyanġ panahanán, kayá't lagi siyanġ naginġ sanġġúnian, kanlunġan at takbuhan nġ alín manġ pilipino na nanġailanġan nġ kanyánġ pagkukupkóp.

Isánġ kahanġahanġanġ pagibig sa alin manġ bagay na may kulay pilipino anġ tinaglay ni G. José Ma. Basa, sa boó niyanġ buhay. Anġ kanyánġ mġa dulanġ ó hapág, mġa likmuan, mġa palamuti sa bahay, mġa kasanġkapan sa paglulutò, palyók, tapayan, lumbó at mġa iba panġ kábabakasán nġ tinubuanġ lupà, saro, salakót, bilao, bakyâ, papag, ay nasa sa mabutinġ panig na lahát nġ kanyánġ táhanan. Tunġkól buhat sa sarilingġ lupà ay kanyánġ ipinagmamalakí.

Kanyánġ ipinagpáparanġalan at kailán má'y hindí ikinahiyá sa mġa tagaibanġ lupainġ sa kanyá'y tumuloy, anġ mġa bagay na yari sa Pilipinas.

Anġ mġa aklát nġ atinġ mġa kalahì ay iniinġatan niyanġ higit sa gintô sa kanyánġ mayamanġ aklatan.

Buhat sa Honġkónġ ay sumulat siyá sa mġa páhayagan sa España at lagi niyanġ pinasapit doón anġ tanánġ karainġan nġ Pilipinas.

Namatáy si G. Ma. José Basa niyaónġ ika 10 nġ Hulyo nġ 1907 na tagláy sa pusò anġ kasiyahanġ loób na makatupad nġ kanyánġ katunġkulan sa Tinubuanġ Lupà at sa tanan niyanġ kalahì, lalong lalò na sa nanġakasapit sa lupainġ yaón nġ mġa Inglés na pinakipamuhayan niyanġ mahigit na tatlonġ puonġ taon.

Isánġ panġyayaringġ kapansinpinsin sa himalinġ ni G. José Ma. Basa na dí dapat maligtan bago tapusin anġ bubót na alaalanġ itó sa kanyánġ kagitingġan, ay itónġ sumusunod:

Kunġ siyá'y may náikitanġ kalahì roon na dahil sa kakulanġan nġ mágugugól sa pagbalík sa sarilingġ lupà, at walâ namánġ hanap buhay bagánġ panġġágalinġan nġ isánġ kabuhayanġ maranġál, si G. José Ma. Basa ay may bukas na kamáy upánġ sumaklolo sa násabinġ kalahì, matanġi pa anġ pabaon at kaupahán sa sasakyán hanġġánġ makabalík sa sarilingġ lupà.

Isánġ panahón ay may sumapit doónġ paniranġ puri sa atin, na dí ibá't anġ mġa sipi nġ mġa hubô at hubád na mġa igorroto na ipinanġanġalandakan niná Worcerter at mġa kasamahán na yaón anġ lahinġ nananahanán sa boónġ Kapuluanġ Pilipinas at siyanġ naghahagád nġ kalayaan. Sa haráp nġ paniranġ purinġ itó ay walanġ minainam si G. José Ma. Basa na panlaban kundí anġ bilhín lahát anġ mġa sipinġ nákita, na sa mabutinġ palad ay hindí naman káramihan, at anġ lahát ay iniinġatan nġ boónġ pítagan, at ipinakita sa mġa may aral na banyagâ at anyá:

«Itó anġ pinanġġalinġan nġ aminġ lahì. Masdán ninyó anġ pinagdaanan naminġ pagunlád».

Páhiná 46

Anġ sarilingġ wiká ay minahál, lininánġ at ipinamana ni G. José Ma. Basa sa kanyánġ mġa anak na karamiha'y sa Honġkónġ na nakákita nġ unanġ liwanag.

Kay lakí nġ pagmamahál ni G. José Ma. Basa sa alin manġ bagay na may kulay Pilipinas.

Nariyan anġ isánġ dakilanġ pilipino.



"Anġ Tagumpay nġ Kamatayan" lilok ni Dr. José Rizal.

PEDRO A. PATERNO

Páhiná 47



INALO sa duyan nġ kariwasaán at tunáy na Máginoó, sa lawak nġ katuturán nġ karanġalanġ itó, magínġ sa sariling bahay, at magínġ sa kapamayanán, kayá't lahá't nġ sinulat nġ mġa banyagà tunġkól sa karanġalan at katanġian nġ kababayanġ itó, ay nagbábanság nġ walánġ patumanġġánġ pagpaparilág sa kanyá dahil sa pagwawaldás nġ kanyánġ kayamanan, sa ikátatagpó nġ mġa kaibiganġ mákakatulonġ, sa minana niyánġ katutubonġ ugali na mahalín at ipagtanġġól anġ karapatán nġ Bayan Tinubuan.

Aní Retana, anġ Prínsipenġ Tagalog na itó, sa kanyánġ mġa pigínġ na walánġ katulad, anġ mġa kasanġkapanġ pawanġ gintónġ lantáy ay paubayá niyánġ ihináhandóg sa mġa pánaohín niyánġ nagsasamantalá nġ mġa gayónġ mġa pagtitipon, upánġ bilanġ «pabalutan» ay matagláy nġ bawa't may ibig anġ kanyánġ mġa gintónġ gamit.

Páhiná 48

Anġ kanyánġ kagalanġġalanġ na amá sa panġyayari, niyaónġ 1872 na anġ kabantugan at karanġalan nġ «Tatlonġ Parè», na pawanġ kababayan natin ay nápasanġkót at nabitay, ay naghandóg nġ DALAWANG PUO'T LIMANG LIBONG PISO upanġ máligtás lamanġ sa bibitayan anġ tatlónġ banal na pawánġ walánġ sala.

Nanġ mġa panahónġ yaón anġ libonġ piso ay lubhanġ malakinġ bagay, at anġ handónġ na

yaón ay sukat upanḡ anḡ mḡa Gobernador na hindi lubhánḡ mainḡat sa karanḡalan, ay madalás mapagaláw nḡ salapí, nḡuni't anḡ naginḡ bunḡa nḡ gayónḡ banál na handóg ay anḡ sampuô nḡ kanyánḡ kalayaan ay sumapanḡanib at mábilanḡ siyá sa mḡa ipinatapon sa naginḡ mahabanḡ buntót nḡ himagsikanḡ kawal na yaón na nanḡyari sa Kabite niyaónḡ 1872.

Lulan nḡ Sasakyánḡ «Flores de María» ay ipinatapon sa Marianas anḡ mḡa Gg. Agustín Mendoza José de Guevarra, Miguel Laza, Feliciano Gómez, Anacleto Desiderio, Vicente del Rosario, Toribio H. del Pilar, Mariano Sevilla, Justo Guazon, Pedro Dandan, Antonio Ma. Regidor, Joaquín Pardo de Tavera, Mauricio de León, José Basa Enriquez, Pedro Carrillo, Gervacio Sánchez, Balbino Mauricio, José Basa, Ramón Maurente, Pio Basa at Máximo Paterno.

Tunḡkól kay G. Pedro Paterno ay sinabi nḡ káunaunahanḡ Gobernador Civil dito sa Pilipinas na naginḡ Panḡulo nḡ Estados Unidos na si Mr. William H. Taft at kasalukuyan nḡayóng Panḡulo nḡ Pinakamataás na Húkuman sa Amerika, na: «Si G. Pedro A. Paterno, anya, ay isánḡ politikonḡ pilipino na sa akinḡ mḡa nákilala ay bugtónḡ sa lahat na hindi ko kináringḡánḡ magsabi nanḡ anó manḡ masamá na ukol sa ibá».

Nanḡ kasalukuyan siyánḡ nábibilanḡḡo sa makasaysayanḡ kalle Anda, loób nḡ Maynilà, at nanḡ anḡ mḡa pulutónḡ nḡ mḡa kawal nḡ Hímagksikanḡ ay nagpapahirap nḡ gayón na lamanḡ sa mḡa kawal na amerikano na naglagák na nḡ isánḡ mahalagánḡ buhay nḡ isá sa matatapanḡ niyá at nápabantóg na Heneral na si Mr. Lawton, sa mḡa lawak nḡ San Mateo, Rizal, ay inakalà nḡ Heneral McCartur na gamitin anḡ kapanḡyarihan ni G. Pedro Paterno, upánḡ anḡ kapayapaan ay lúbusan nanḡ maghari, nḡuni't anḡ gayónḡ nasà ay walánḡ sinapit, at anḡ mḡa pulutónḡ nḡ naghíhimagsik ay nagpatuloy nḡ kápupuksà sa mḡa kalaban nḡ kanyánḡ kalayaan.

Si G. Pedro A. Paterno ay sumilanḡ sa mayamanḡ bayan nḡ Santa Cruz, Maynilà, lipinḡ Tagalog nḡ mḡa Lakán, na buhat sa kaugatugatan nḡ kanyánḡ lipi ay likás na mairugin sa ikagagalinḡ nḡ Bayanḡ Tinubuan.

Isánḡ anak nitónḡ Maynilà na sumilanḡ niyaónḡ taónḡ 1858, iká 27 nḡ Abril, anḡ aminḡ pinagúukulan gayón nitónḡ muntinḡ haláw nḡ kanyánḡ pagkátao, bilanḡ putonḡ sa kanyánḡ mḡa punyagi na anḡ lipinḡ Tagalog ay málagáy sa isánḡ kalagayanḡ karapatdapat sa kanyánḡ pagkabansà.

Páhiná 49

Anḡ una niyánḡ pagáaral ay sinimulán sa «Ateneo Municipal» magbuhat sa gulanḡ na siyam na taón, at noónḡ taónḡ 1871 ay natapos anḡ kanyánḡ pagáaral doón; lumipat siyá sa Páaralanḡ-madlá sa Salamanca at nagaral nḡ «Filosofía», «Teología» at «Leyes Canónicas» at kanyánḡ tinapos sa «Universidad Central de Madrid» na kanyánḡ tinanḡgapán nḡ katibayanḡ «Doctor».

Sa pagkamánunulat si G. Pedro A. Paterno ay napatanḡi rin at dahil doón ay ginawaran siyá nḡ «Gran Cruz de Isabel la Católica» isánḡ tusón na dí madalinḡ tamuhín at nagbúbukás sa may tagláy noón nḡ Gusali nḡ dakilanḡ Hari sa España.

Nanḡ manumbalik na mulí rito sa bayanḡ sarili, at sapagka't siyá'y matalik na kaibigan nḡ dakilanḡ Tagalog, niyaónḡ bayaning tagá Kalambà, ay pinágtanḡkaán siyánḡ isanḡkót sa mḡa kilusanḡ tunḡo sa pagtiwalag, nḡuni't sa mabutinḡ sandali ay hindi nagtagumpáy anḡ gayónḡ nais at anḡ kanyánḡ kaya ay nanḡkapanahonḡ máihandóg niyá sa mḡa kapakanán nḡ Bayan.

Nanḡ anḡ nagiinapóy na Hímagksikan niyónḡ 1896, ay kasalukuyanḡ lumálaganap, at anḡ kapanḡyarihanḡ tagaganáp nḡ Gobernador Heneral na si G. Fernando Primo de Rivera, ay dí makaapulà, si G. Pedro A. Paterno ay inatasan ni Heneral Primo de Rivera, niyaónḡ Disyembre iká 15 nḡ taónḡ 1897, na maginḡ sugò nḡ Pámahalaánḡ kastilà, upánḡ makipagkasundò sa nanḡaghihimagsik, at anḡ «Pacto de Biak na Bato»^[1] ay tinamó niyá sa mḡa Pámunuán nḡ Hímagksikan niyaónḡ iká 9 nḡ Agosto nḡ taónḡ 1897.

Sa gayónḡ bunḡa nḡ kanyánḡ sikap ay nakapaglingḡkód siyá sa dalawánḡ kapanḡyarihan, sa Inánḡ España at sa Inánḡ Pilipinas.

Anḡ kasaysayan ay magtataán sa kanyá nḡ mḡa ginintuanḡ dahon tunḡkól sá bagay na itó.

Niyaónḡ iká 15 nḡ Septiembre nḡ taónḡ 1898 anḡ Kapulunḡanḡ Pilipino ay nagdaos sa Barasoain, Bulakan, nḡ isánḡ Sanḡgunianḡ binúbuò nḡ siyám na puonḡ kasangunì, pilì sa lahat nḡ poók, maginḡ sa karununḡan at katanḡian. Binubuo anḡ Sangunianḡ yaón nḡ apat na puonḡ abogado, labinḡ anim na médico, limanḡ farmaceútico, dalawánḡ ingeniero, isánḡ parè, mḡa mánḡanḡalakal at mḡa tanḡinḡ hugot sa mḡa tanyag na taonḡ bayan; sa kapulunḡanḡ yaón ay náhiranḡ si G. Pedro A. Paterno na Panḡulo nḡ Sangunian.

Nanḡ anḡ mḡa kastilà ay talunin nḡ mḡa amerikano sa dagat, at nḡ mḡa manḡhihimagsik sa katihan, sa isánḡ dí maiiwasanḡ panḡyayari, anḡ magkalutonḡ na itó sa pagguguhò nḡ kapanḡyarihanḡ maka hari ay siyánḡ nagkálaban. Sa pulonḡ na idinaos sa Bagonḡ Ecija, ay náhiranḡ, si G. Pedro A. Paterno na sugò nḡ Pamahalaanḡ Pilipino, upánḡ makipulonḡ kay General Otis, at doó'y tamuhin anḡ «autonomía», nḡuni't hindi niyá inabot na mákapulonḡ anḡ Punonḡ Hukbó nḡ mḡa amerikano. Ihinalál siyánḡ pamuli sa panḡalawánḡ Lupon sa gayón dinḡ layon, at siyá ay nakaratinḡ rito sa Maynilà na sinalasà anḡ hangahan nḡ kamatayan; nḡuni't di niyá ipinagtagumpáy anḡ láyuninḡ kanyánḡ sinadyà sa mḡa Pámunuánḡ amerikano.

Páhiná 50

Umuronḡ siyá na kasama nḡ mḡa naghíhimagsik hanḡḡánḡ Trinidad, Benget, na kinabihagan sa kanyá nḡ mḡa kaaway.

Bunḡa nḡ walánḡ pagál niyánḡ panitik anḡ mḡa sumusunód: ANG DATING KABIHASNAN NG MGA

Niyaóñg Agosto, ika 16 ñg taóñg 1902, añg Dulaañg Tagalog ay dinalaw ñg isá niyañg mainam na «opereta» na pinamagatañg: «Sandugoñg Panaginip». Añg tugtugin ñg marikit na tañghál na itó ay utañg sa Guróñg si G. Bonus. Kun saan mapagkíkitañg sa gitná ñg kanyáñg m̃ga tagumpáy ay dī niyá nalimutan añg sariliñg wikà.

Niyaóñg 1900 na ipahayag ni General Mc. Artur, añg «amnistia», ay sumailalim siyá noón, at naging̃ masugid na tagapamayapa, matapos tamuhín añg kanyáñg kalayaan.

Naging̃ Guró si G. Pedro A. Paterno sa Páaralañg «Liceo de Manila» at kanyáñg inihayág añg kanyáñg ANG BAGONG AYOS NG MUNICIPIO SA PILIPINAS AT ANG PAMAHALAANG BAYAN.

Si G. Pedro A. Paterno ay naging̃ Sugò sa Unañg Kapuluñgañ Bayan at naging̃ masugid na katuloñg ñg atiñg m̃ga mambabatás. Namatáy siyá niyaóñg Abril ñg taóñg 1911 nañg dī man nápahiwáláy sa pagká Guró sa káunaunahañg Páaralañg Pilipino na nakilala sa tawag na «Liceo de Manila».

- [1] Ang salaping tinamo niya sa mga kastila dahil sa kasunduang ito, ay siyang ipinamili ng sandatang ginamit sa pangalawang bugso ng Himagsikan niyaong 1898.



ANTONIO Ma. REGIDOR

Páhiná 51



DITO sa makasaysayañg bayan ñg Maynilà ay sumilañg niyaóñg taóñg 1843 añg isáñg dakilañg pilipino: si G. Antonio Ma. Regidor.

Añg kanyáñg m̃ga unañg pagaaral ay ginawâ sa «Colegio» ñg San Juan de Letrán hañggáñg sa tinamó añg katibayañg «Bachiller en Artes». Lumipat sa Páaralañg madlá ni Sto. Tomás upáñg doón tapusin añg kanyáñg láyunin sa pagáaral at doón siyá nagtamó ñg katibayañg sa pagká «Doctor en Derecho Civil».

Naglayág siyá at sa siloñg ñg ibáñg lañgit ninasañg laloñg sumaklâw ñg m̃ga ibáñg mátututuhan at mápagáaralan, at sa España, sa dati natiñg pañgulong̃ bansa, ay tinamó niya añg karañgalan at katibayañg nauukol sa «Derecho Canónico» sa «Universidad Central», sa Madrid.

Sa kanyáñg panahóñ ñg ipinagaral ay lagi siyañg nápatañgi sa kanyáñg m̃ga kapanahán at tuwí na ay nagtamó ñg laloñg matataás na kabukuran at minahál siyañg lagi ñg kanyáñg m̃ga Guró.

Añg kanyáñg m̃ga karunuñgañ ná tuklás ay pawañg naging̃ hiyás ñg kanyáñg Tinubuañg Lupà, at nañg siyá'y manumbalik dito sa minámahál na Pilipinas ay nanuñgkulan siyañg Kalihim ñg «Audiencia» na katumbás ñg ñgayó'y atiñg Mataás na Húkuman.

Sa sangunian ñg «Ayuntamiento» ay ginanáp niyá añg m̃ga tuñgkulañg Tagausig ñg Kagawaran ñg m̃ga Páaralañ ñg «Artillería» at «Ingeniería», at naging̃ Kalihim ñg tañgiñg Lupon ñg Palátuntunan ñg Pagtuturò sa m̃ga tagarito sa atiñg lupain. Añg kakayahán ñg Tagalog ay ilinagay niyá sa mataás na kalagayan.

Naging̃ Tagasiyasat at Pañgulo ñg Kagawarañ ñg m̃ga Páaralañ, at sa panunupád niyá ñg maselañg na tuñgkuliñg itó ay nagawâ niyañg buhat sa España ay mátamó añg isáñg pasyá na magkáhaluhalò añg m̃ga nagáaral na m̃ga anak̃ ñg mahirap at mayaman na dati ay nagkákabukód at nagpapanaghilian: Isáñg tagumpay ñg «demokracia» sa loób ñg isáñg Pámahalaañg makahari.

Páhiná 52

Nañg panahóñg Gobernador Heneral dito sa Pilipinas si G. Carlos Ma. La Torre, na pinausig dahil sa kanyáñg malayañg pañgañgasiwà, dito sa Kapuluan, na nása saluñgát sa datiñg palakad na makahari, si G. Antonio Ma. Regidor añg nagsañggalañg at añg kanyáñg pagkamabutiñg anak̃ ñg Pilipinas at pagká dalubhasáñg Abogado ay pinatunayan niyá sa haráp ñg madlá.

Siyá ay isáñg tanyág na mánunulat sa wikáñg Kastilà at Inglés noón pa mañg panahoñg añg wikáñg Inglés dito sa atiñg tinubuañg bayan ay isáñg wikáñg palamuti lamañg at dī pa panlahát.

Añg m̃ga kahirapan sa pagkabilañggô ay dinanas din namán niyá, sapagká't siyá at siná G. Joaquin Pardo de tavera, José Ma. Basa at ibp., ay pinagdadaqip at ibinilañggô niyaóñg Himagsikan sa Kabite niyaóñg taóñg 1872. Págkaraáñ ñg iláñg araw na kaniláñg pagkabilañggô, silá'y ipinatapon sa Puló ñg Marianas. Nanahanan siyá sa Guám na may iláñg diñg buwán na

kayakap anġ kahirapan nġ isanġ «tapon» at tiwalanġ sa mġa kapilas nġ buhay. Buhat sa Guám ay nakasapit siyá sa Pulò nġ Yap sa pamamagitan nġ isanġ sasakyánġ amerikano, at buhat dito, sa tulong nġ isanġ sasakyánġ inglés ay nakasapit siyá sa Pulò nġ Solomón haggánġ sa Palaos.

Buhat sa Pulò nġ Palaos, sa pamamagitan nġ laháť nġ paraán nġ magagawâ nġ isanġ salát sa layà ay sumapit siyá sa Pulò nġ Malakán, buhat dito ay nagtanan siyá hanġgánġ sa karatig natinġ sakop nġ Inglés na Lunsód nġ Honġkónġ, at pagkalipas nġ isanġ bugso nġ panahón ay lumayag siyá na patunġo sa Pransia, doón sa bayan nġ layà, at Iná nġ bagonġ kabihasnán.

Niyaónġ 1876 ay nagharáp siyá nġ isanġ kahilingan sa Konsul nġ Kastilà sa París upánġ gawaran siyá nġ «indulto» at anġ gayó'y kanyánġ tinamó sa mabutinġ palad.

Lumipat sa Londres, sa makasaysayanġ bayan nġ mġa dakilanġ Pólítiko at mġa Harinġ demókrata, nanġ siyá'y makalagán na niyaónġ kasigalutan nġ isanġ pinaguusig; nġ masamanġ Talà, at sa bayanġ itó ay nakipagisanġ pusò siyá sa isanġ anák nġ matimtimanġ Irlanda.

Niyaónġ 1896, nanġ anġ punyaginġ magsarilí nġ boónġ bayananġ Pilipinas ay nagsisikip na sa atinġ Kapuluan, ay tumanġgáp siyá nġ anyaya nina G. Felipe Agoncillo at Sixto López, upánġ lumipat siyá sa Washinġton, upánġ buhat doón ay sikapin anġ pagtatamó nġ mġa kagalinġanġ pambansâ sa Pilipinas; nġuni't isanġ pagkakalayò ó dí pagkakaúnawaán nġ mġa kaparaanan ni G. Agoncillo, anġ nakapagudyók sa kanyánġ mulinġ bumalik sa Londres at doón ay sinikap niyanġ makatulonġ sa mġa nagsísilakad sa pakikipagkáyari sa Pransiya nġ kapakanan nġ palad nġ atinġ mutyanġ Pilipinas.

Nanġ anġ atinġ dakilanġ Bayani, si Gat Rizal ay lulan nġ isanġ sasakyánġ dagat sa Honġkonġ upánġ iuwí dito sa Pilipinas, ay sinikap ni G. Antonio Ma. Regidor na si Gat Rizal ay magtamó nġ layà sa pamamagitan nġ «Habeas Corpus», nġuni't pinawalánġ bisà nġ mġa Hukóm doón anġ ganitó niyanġ punyagi.

Páhiná 53

Nariyan anġ maigsinġ banháy nġ isanġ labí nġ mġa pininsalà nġ aklasanġ kawal niyaónġ 1872. Naginġ tagapagtanġgól tuwina nġ Pilipinas, nġ mġa mairugin sa Pilipinas, at nġ mġa pilipino.

Anġ kanyánġ palad ay nagingġ kayakap nġ mġa pánġarapín nġ tatlonġ unanġ pininsalà nġ kabanġisan: nġ tatlonġ Parenġ Tagalog, na binitay dahil sa kilusanġ yaón.

Sa kanyánġ kabantugan ay nahandugán niyá nġ palà anġ atinġ Inanġ Pilipinas at dahil dito ay dapat tumanġggap nġ turingġ nġ laháť nġ kalahinġ sumisibol.

Maginġ saksí anġ maigsinġ ulat na itó nġ paghanġa nġ akinġ mġa kapanahón sa magandánġ halimbawà na ilinagak sa atin nġ kanyánġ buhay.

Namatáy si G. Antonio Ma. Regidor na nagiwan nġ isanġ mabutinġ bakás bilánġ pamana sa kanyánġ Tinubuanġ Lupà.



FELIPE G. CALDERON

Páhiná 54



ISANġ bantóg na makamanġgagawà at masigasig na mananagalóg, si G. Felipe G. Calderón na sumilanġ sa maliwanag, sa bayan nġ Sta. Cruz de Malabon, Kabite niyaónġ iká 4 nġ Abril nġ 1868. Siyá ay anák ni G. José at ni Gnġ. Manuela Roca.

Nagsimulá si G. Felipe G. Calderón nġ pagáaral sa «Ateneo de Manila» hanġgánġ magtamó nġ katibayan «Bachiller en Artes» ay saká lumipat sa Páaralanġ madlá ni Sto. Tomás upánġ magaral nġ «Derecho.»

Gaya nġ laháť nġ masakap na magpakataás na magisá, ay kasabáy nġ pagáaral niyanġ itó anġ paghahanap buhay, at siyá'y sumulat sa mġa Páhayaganġ «La Opinión» at «El Resumen». Siyá'y nakatapos nġ boónġ ninġninġ nġ kanyánġ layon sa pagaáral niyaónġ 1894, at anġ kanyánġ pagsasanay ay ginanáp niyá sa kagawarán nġ nagingġ bantóg at pinagpitagananġ Panġulo nġ Kátaastaasanġ Húkuman na si G.

Nagsigasig din siyá nḡ pagáaral nḡ «Ley Constitucional», «Economía Política», «Historia», «Filosofía y Letras» at «Ciencias Físicas», tanḡi pa sa kanyánḡ sadyánḡ paglalakbáy sa Honḡkónḡ, Singapur at India, na kunḡ saan niyá pinagaralan sa sarilingḡ lupà anḡ pamamahala nḡ mḡa Inglés sa kanyánḡ mḡa sakop na bayan.

Anḡ mḡa karununḡanḡ itó na kanyánḡ pinágpakatanḡian ay lubós niyánḡ nágamit sa kapakinabanḡán nḡ atinḡ Tinubuanḡ Lupà, sapagká't niyaónḡ 1898 ay siyá'y nagbigáy nḡ munḡkahi kay G. Emilio Aguinaldo, na hinḡín nitó kay Almirante Dewey, anḡ mḡa katibayanḡ buhat sa Congreso nḡ EE. UU., upánḡ makipagkayari sa isánḡ Lupon nḡ mḡa pilipino tunḡkól sa hináharáp nḡ Pilipinas, at kunḡ anḡ gayón ay hindí gawín nḡ «Almirante», anḡ nanḡaghihimagsíik na pilipino ay dí dapat tumulongḡ sa mḡa amerikano, sa kanyánḡ digmaanḡ laban sa España.

Anḡ paninḡin ni G. Felipe G. Calderón ay nanḡúguna sa mḡa panḡyayari, at para niyánḡ nahúhulaanḡ anḡ panahón ay sásapit na anḡ lahát nḡ pakikipagkasundó at nasà ni Dewey, ay hindí paháhalagahanḡ nḡ «Congreso sa Washinḡtón.»

Anḡ kasaysayan nḡ Pilipinas ay siyánḡ labis na makapagúulat kunḡ anḡ munḡkahinḡ itó ni G. Felipe G. Calderón, na hindí tinanḡgap ni G. Emilio Aguinaldo, dahil sa malakinḡ katiwala sa karanḡalan nḡ «Almirante Dewey» at nḡ «Congreso» nḡ EE. UU., ay may matuwíd ó walá. Anḡ mḡa panḡyayari, ay hindí mababago at dí matátalimwánḡ nḡ sino man, sapagká't doó'y saksí anḡ sambayananḡ nagpakasakit magtigís nḡ dugó sa pagtatanḡgól nḡ kanyánḡ katuwiran.

Naginḡ Kinatawán sa Congreso sa Malolos, si G. Felipe G. Calderón, nanḡ lalawikanḡ Paragwa, at sa kanyánḡ pagkakinatawánḡ itó ay kanyánḡ yinari at ihinaráp sa Kapulunḡan anḡ kanyánḡ pinaká dakilanḡ gawâ, na nápabantóg na Pátakarán nḡ Repúblika Pilipina, at pinagtibáy pagkatapos na mapagtalunan nḡ mḡa Kinatawán sa dambananḡ yaónḡ nḡ mḡa Batás.

Nanḡ maghari na anḡ kapayapaan ay ikinatiwala sa kanya nḡ Pámahalaánḡ amerikano, anḡ Pagtatatag nḡ mḡa Pámahalaánḡ Bayan at siyá'y sumulat nḡ isánḡ Palátuntunan ukól sa bagay na itó.

Itinatag din namán niyá anḡ pinagpalaḡ «Protección de la Infancia» anḡ «Colegio de Abogados de Manila» at «Escuela de Derecho» na kanyánḡ pinagturuan at pinaghandaán nḡ mḡa bagonḡ sibol na mḡa abogado na makapaglilingkód sa atinḡ Tinubuanḡ Lupà. ¡Gaanonḡ biyayà anḡ náihandog niyá sa Pilipinas, sa mḡa nátukoy na kapisananḡ kanyánḡ likhâ!

Nagturo rin namán nḡ «Matemáticas» at «Historia Universal» sa Páaralanḡ «Instituto de Mujeres» nḡ mḡa taónḡ 1902-1904, nanḡ dí tumangáp nḡ anó mánḡ kabayaran sa kanyánḡ mḡa pagpapagál, sa paniwalaḡ anḡ Páaralanḡ itó ay gumáganáp nḡ isánḡ dakilanḡ tunḡkulinḡ maghandâ nḡ mabubuti at may sapát na kayanḡ mḡa mámamayán.

Sa kanyánḡ mḡa sinulat na aklát na lubhánḡ mapakinabanḡ, ay matukoy anḡ «A.B.C.» nḡ mḡa mamamayánḡ pilipino na siyánḡ kátututuhan nḡ mḡa karapatan nḡ mḡa mámamayán.

Kunḡ anḡ kahoy ay nákilala sa bunḡa, gaya nḡ kasabihan, si Ginoonḡ Felipe G. Calderón ay mákilala sa kanyánḡ mḡa ginawánḡ pamana sa mḡa náhuhulí.

Siyá'y namatáy niyaónḡ iká 6 nḡ Hunio nḡ 1908, nanḡ hindí man natapos anḡ huli niyánḡ ulat tunḡkól sa «Enciclopedia Filipina».

Karapat dapat uliranin anḡ kanyánḡ halimbawa.





KUNĜ sino yaónĝ nagsásabinĝ anĝ karununĝan at kariwasaan ay kaaway nĝ mĝa dukhá ay nabubulaanan sa halimbawanĝ sa kanyánĝ sarilingĝ kabuhayan ay ipinakita nĝ Mrgl. na G. Cayetano Arellano.

Buhat sa isánĝ muntínĝ bayanĝ nakilala sa tawag na Udyónĝ, sakop nĝ lalawiganĝ Bataan, at nakyát sa kátaastaasanĝ likmuan nĝ Pinakamataás na Húkuman dito sa Pilipínas. Nakyát na dí sa tagubilin at pagkakalinĝà nĝ isánĝ pagkatinĝ politiko gaya nĝ karaniwanĝ manĝyari sa mĝa tunĝkulinĝ Pámahalaan, kundi sa sarilingĝ karapatán, kakayahán at karununĝan, palibhasa'y isánĝ dalubhasanĝ karapatdápat sa alin máng lalong maselanĝ na tunĝkulin.

Nagsisikíp sa sanĝsinukob anĝ pagkilala sa kanyánĝ manininĝninĝ na mĝa kurókurò sa kanyánĝ mĝa hatol, magínĝ sa pagsasarili niyá sakalinĝ anĝ pasyá nĝ kanyánĝ mĝa kasamahán ay dí niyá marapatin, maginĝ sa kunĝ siyá'y makaayon na magbigay nĝ sarilingĝ ulat. Si Gat Cayetano Arellano ay isánĝ taonĝ may mabutinĝ ugali, mabutinĝ gawí at mabutinĝ mĝa gawá na ipinamana sa kanyánĝ mĝa kalahi sa háharapinĝ panahón.

Páhiná 57

May mabutinĝ ugali, sapagká't sa kanyánĝ diwanĝ nagsisikíp sa karununĝan ay may siwanĝ anĝ mĝa súliranin nĝ lipinĝ tumatanĝis at tuwí na ay nakatagpò sa kanyánĝ mĝa hatol nĝ isánĝ kasiyahanĝ loób, palibhasà ay nábabatáy tuwí na sa malinis na udyók nĝ budhí. Anĝ mĝa ulila ay nakatagpò sa kanyánĝ maáwainĝ pusò nĝ isánĝ tapát na tagapagkalinĝà at tagasaklolo; at walánĝ sukat na paglilimós anĝ ginagampanán niyá nanĝ walanĝ sino máng nakamalay, kahit na nĝ tunay na sinasakloloan.

May mabutinĝ gawí sapagká't sa habanĝ panahón nĝ kanyánĝ ikinabuhay ay walánĝ unanĝ nagínĝ himalinĝ kundí anĝ tahás na pagúubos kaya upánĝ mapagaralan anĝ mĝa súliraninĝ sanhí nĝ mĝa paghihirap nĝ sanĝkatauhan, at magawaran nĝ tumpák na lunas; pagáaral na walánĝ maliw hanĝgánĝ sa hulinĝ sandalí nĝ kanyánĝ buhay. At hindí sukat anĝ pagsisikap sa sarili anĝ kanyánĝ hinaráp, dí mabilanĝ na mĝa dukhá, na walánĝ kayanĝ ipagpáaral sa kanilánĝ mĝa anak, anĝ nakatagpò kay Gat Arellano, nĝ isánĝ ganáp na biyayà. Pinággugulan niyá sa pagáaral anĝ lubhánĝ maraminĝ maásahan sa háharapin, sapagká't sa ganitónĝ paraán niyá ináakalanĝ makapaglinĝkód nĝ táhasan sa minámahál niyanĝ Tinubuanĝ Lupà.

Anĝ lahat nĝ kanyánĝ inisip sa paghahandóg nĝ ginhawa sa nanĝahíhirapan ay kanyánĝ isinanĝawánĝ pawà, at kaypala'y dí iilán sa nĝayón anĝ tumátamasa nĝ ginhawa at nagpapasasà sa mĝa kaaliwanĝ dulot nĝ karununĝan, na pawanĝ utañĝ sa pagkakawanĝ-gawá nĝ Mrnĝl. na G. Cayetano Arellano.

Isánĝ masayanĝ araw nĝ Marso, ikalawá sa buwan nĝ taónĝ 1847, anĝ Pilipinas ay nagkapalad magkaroón nĝ isánĝ anak na kagiliwgiliw, isánĝ anak na nagtampók sa kanyá sa isánĝ kalagayanĝ karapatdapat, at itó ay anĝ atinĝ pinagúukulan nitónĝ mĝa kataganĝ ulat.

Anĝ mĝa pánĝunahinĝ pagáaral ay idinaos sa sarilingĝ táhanan at nagpatuloy sa Páaralanĝ «San Juan de Letrán» at sa «Universidad de Sto. Tomás» na tinanĝgapán nanĝ mĝa katibayanĝ sumusunod: «Bachiller en Filosofía» (1862) «Bachiller en Teología» (1867) «Bachiller en Derecho Canónico» at «Bachiller en Derecho Civil» (1871), «Licenciado en Jurisprudencia» (1876).

Naghawak nĝ tunĝkulinĝ abogado nĝ «Audiencia Territorial de Manila» at niyaónĝ 1879, sa munĝkahi nĝ Panĝulo nĝ «Audiencia» ay náhiranĝ na Hukóm na may pananahanan sa «Gobierno Político Militar de Tárlac», at nanĝ makalipas anĝ tatlónĝ taón, niyaónĝ 1872, ay náhiranĝ na «Catedrático» sa Sto. Tomás sa Karununĝanĝ «Derecho Civil» at niyaónĝ 1886 ay ginawaran nĝ kapanĝyarihanĝ magínĝ «Manĝistrado suplente» nĝ «Audencia» dito sa Maynilà.

Páhiná 58

Nanunĝkulan nĝ pagkakasanĝgunì nĝ «Ayuntamiento» niyaónĝ 1887; at niyaónĝ taónĝ 1898 ay ihinalál na Kalihim panĝlabas nĝ atinĝ Pámahalaánĝ sarili sa Malolos.

Pagkatapos magínĝ Presidente nĝ «Servicio Civil» ay ihinalál na Panĝulong samantala nĝ

Mataás na Húkuman sa lilim n̄ Pámahalaán̄ Hukbó dito sa Pilipinas, at niyaón̄ Hunyo n̄ taón̄ 1901, ay náhalál na Pan̄gulonḡ Pálagian n̄ násabin̄ Mataás na Húkuman.

Niyaón̄ siyá ay maglakbáy sa Amerika niyaón̄ 1904, ay pinagkalooban n̄ ði karaniwan̄ karan̄galañ̄ «Doctor en Derecho» n̄ «Yale University», karan̄galañ̄ sa bihiran̄ tao laman̄ ipinagkákaloób.

Náriyán an̄ kabuhayan n̄ isán̄ manin̄gnín̄ na Talà, ba an̄ liwanag ay ði magkásiyá sa atin̄ lupain̄, hinan̄gaan n̄ m̄ga banyagà at kinilalan̄ isán̄ pantás na katan̄gitan̄gì.

An̄ maliliit na bayan, magmulá pa n̄ mulá at mulá, ay nan̄gápabantóg ði sa kayamanan n̄ kanyán̄ m̄ga pataním, ði sa kasaganaan at kasipagan n̄ kanyán̄ m̄ga magsasaká, ði sa kabantugan n̄ kanyán̄ tikmâ, ði sa m̄ga naglalakihan̄ m̄ga gamlayan, pagkápalihasa ay ði itó an̄ nan̄gin̄gibabaw at ikinatatan̄gì sa ibá, kundí an̄ pagkakaroon̄ n̄ m̄ga anak na ði karaniwan, niyán̄ m̄ga tao nilán̄ sa maliliit na bayan sumisiból upán̄ an̄ m̄ga bayan̄ násabi ay mápabantóg at han̄gaan n̄ m̄ga bayan̄ lalon̄ malalaki at maginhawa.

Si Gat Cayetano Arellano ay isán̄ tapat na anak n̄ Pilipinas, at máituturinḡ na isán̄ karapat dapat na kawal n̄ sandaigdian na kanyán̄ pinaglin̄gkuran n̄ malaganap na kisláp n̄ kanyán̄ diwà.

Pagpalain nawa ni Bathalà an̄ kanyán̄ mabutinḡ aláala at an̄ kanyán̄ m̄ga katan̄gian ay ipagpatuloy n̄ ði mabilan̄ niyán̄ kinandili.



SUSANA REVILLA

Páhiná 59



Huwag mon̄ akalain giliw na mambabasa na an̄ sanhî n̄ muntín̄ ulat na itó sa karan̄galañ̄ n̄ magandán̄ dalagan̄ tagalog na si Bb. Susana Revilla ay likhâ n̄ m̄ga karaniwan̄ paghan̄gà, sa m̄ga ði karaniwan̄ gandán̄ nakáaakit na umawit tuwí na sa puson̄ lalaki; hindí makalilibon̄ hindí; sapagká't si Bb. Susana Revilla ay kabilan̄ diyán sa m̄ga likhán̄ karapatdapat laman̄ pintuhuin at igalan̄, dahil sa an̄ kanyán̄ talagháy ay ði katulad n̄ sa lubhán̄ maramin̄ gandán̄ nakayayakag sa m̄ga gawî n̄ kalupaán. Isán̄ kagandahan na linikhâ mandin upán̄ magín̄ huwaran n̄ m̄ga babain̄ Tagalog. An̄ kabinihan̄ kayakáp n̄ isán̄ kabaitan̄ likás ay nagpapatín̄gkád n̄ karan̄galañ̄ n̄ kanyán̄ lipi, at may isán̄ ði karaniwan̄ talino, palibhasà, kayá't nagagawán̄ an̄ lahát n̄ kanyán̄ magín̄ kakilala ay huwág magimbót n̄ anó mán̄g haluan̄ pagmamahál, at lahát ay magín̄ maligaya sa kanyán̄ pilinḡ.

Pakingán natin̄ sandali an̄ salaysáy ni G. Camilo Sala, tun̄gkól sa kanyán̄ katan̄gian: «Sa labín̄ dalawan̄ taón pa laman̄ na gulán̄ ay nasok na «colegiala» sa Concordia, n̄guni't masasaktín palibhasà ay hindí nakapagpatuloy; subali't nan̄ sumunód na taón sa «Escuela Municipal de Manila», sa ilalim n̄ pamamatnugot n̄ m̄ga «Madres de Caridad» nások, at ði nalaunan at kanilán̄ nákilala an̄ kamahalan n̄ hiyás na yaón̄ nások sa kanilán̄ pintuan,

Páhiná 60

sapagká't nanġ sumunód na taón ay hiniranġ siyanġ maginġ Panġulo nġ kalipunan nġ «Mġa Anák ni Maria», at pagkalipás nġ dalawa panġ taón, si Susana na lalabinġaniminġ taón pa lamánġ, niyaón 1887, ay tumanġgáp na nġ Katibayanġ pagká «Maestra Elemental.»

Aní Ginanġ ni Alvero, kasalukuyanġ Patnugot nġ Páaralanġ «Instituto de Mujeres»: «Si Susana ay isánġ likhánġ dí karaniwan; anġ kanyánġ Páaralán niyaónġ taónġ 1900, na balakin konġ magtatag nġ isánġ Páaralánġ babai na mapagháhandaan nġ mangákakatulonġ nġ mġa lalaki sa mġa súliraninġ bayan at panġanġasiwà sa táhanan, ay kasalukuyanġ bukás at maraminġ aralánġ nakatirá at nagúuwian; nġuni't yaón ay kanyánġ ipininíd upánġ bigyán daán anġ tawag na itó nġ atinġ bayan, at anġ INSTITUTO DE MUJERES ay aminġ itinatag.»

Kun saan mapagkikita, na kay Bb. Susana Revilla anġ kapakananġ sarili ay isánġ walanġ kabuluhánġ bagay sa piling nġ mġa kahilingan nġ bayan at nġ kapanahunan.

Tunġkól sa kanyánġ kabuhayanġ tanġi sa loób nġ táhanan ay hindí mapagalinlanġananġ nápalalayó sa kanyánġ buhay na hayág, gaya nġ karaniwanġ manġyari sa karamihan na may ugalinġ «panġlabás» at may «panloób»; sa haráp nġ kapisanan at sa sarili manġ táhanan, si Bb. Susana Revilla ay hindí nagbabago; siyá rin anġ masayanġ anák nġ Pilipinas na sa loób at labas nġ bahay, ay nakátatagpó nġ ligaya sa paggawâ nġ mabuti; anġ kabaitan niyanġ siból ay hinanġaan tuwí na nġ lahát niyanġ nákapilinġ at nagkapalad na sa kanyá'y makákilala; at tunġkól sa bagay na itó ay ani Pari Ulpiano Herrero: «Su via privada era la de una santa.»

Sumilanġ sa maliwanag si Bb. Susana Revilla, sa mayamanġ bayan nġ Sta. Cruz, Maynila niyaónġ iká 24 nġ mġa Bulaklak palibhasà nanġ kanyánġ mákita anġ unánġ liwanag, ay hiniyasán anġ kanyánġ buhay, nġ mġa «sampaga» nġ kanikaniyanġ katanġián; anġ kalinisan nġ kampupot ay iginayák sa kanyanġ kálolwá, anġ kayumian nġ babaan ng loób, anġ «alejandria» ay nagdulot sa kanyá nġ isánġ kagandahanġ katanġitanġi, at anġ «ilanġ-ilanġ» ay nagbigáy nġ samyó sa kanyá, na walanġ pagkapawí.

Siyá'y anák na tunay ni G. Ceferino at ni Gg. Rosenda San José, maririwasá at mapapalad na nakapagduló sa Inánġ Bayan nġ mġa anák na karapatdapat; Pinagpalá, sapagká't makapagmamalaki at walanġ anó manġ ipinanġimbulo sa mġa ibánġ anġkán sa haráp nġ kapamayanan. Kapatíd ni Bb. Susana Revilla anġ kamámatáy pa lamánġ na Hukóm sa Unánġ Dulugan, Kgl. na Bartolomé, Revilla.

Páhiná 61

Tunġkól sa kanyánġ likás na kabaitan at sanhí nġ kaligayahan nġ kanyánġ nanġákasama sa «Instituto de Mujeres», ay pakingán natinġ sandali anġ ilánġ katagâ nġ Revista «Cultura Social»: «Toda suavidad en el mandar, no bien previa que alguna carga resultaba pesada para las demás, cuando la tomara en silencio para sí».

Nanġ anġ mġa «Asuncionistas» ay dumaónġ dito sa atinġ Lunsód at magbukás nġ kanilánġ «Colegio» ay nagpatuloy nġ pagáaral si Bb. Susana Revilla, upánġ magkaroón nġ katibayanġ «Maestra Superior» at siyá'y isá sa unánġ labínġ tatlonġ Maestra na nagtamó nġ gayónġ katibayan.

Niyaónġ taónġ 1909, ay náhiranġ siyanġ Tagapamatnugot nġ «Instituto de Mujeres». Sa panahónġ itó ay dí kakauntingġ sikap anġ ginawâ nġ mġa mainġgitingġ Páaralán upánġ siyá máialis doón, at hinandugan siyá nġ malalakínġ sahod, nġuni't sa haráp nġ naghihikahós na «Instituto» noón, ay pinili niyá anġ manatili sa piling nġ kanyánġ minámahál na «Instituto» na kanyánġ pinaghandugan nġ isánġ paglilingkód na walanġ pasubali, pinanġgugulan niyá nġ lahát nġ pinakamabuti niyanġ panahón sa kanyánġ buhay, at dí miminsánġ kinailanġanġ anġ kanyánġ mġa hiyás ay másanlá, huwag lamánġ máuntól anġ mabutinġ lakad nġ «Instituto» dahil lamánġ sa kasalátan.

May isánġ dakilanġ pagtinġin at paghahakà sa kautanġán si Bb. Susana Revilla, gaya nġ lahát nanġ may wagás na pusò, at aní Sor Dolores Velarde, naginġ Guró nġ «Instituto» at gayón ay «Madre de la Caridad» sa isá niyanġ lathalà tunġkól sa bagay na itó: «Nuestra Ilorada Directora tenía una idea sublime del deber.....! Cuantas veces la hemos sorprendido en su aposento dando clases a sus alumnas desde su cama!» Hanġganġ sa kalubhaán na nġ sakit na dí na makatindíg halos ay ginagampanán anġ kanyánġ katunġkulanġ pagtuturò.


Buhat pa niyaónġ iká 28 nġ Disyembre nġ 1916 ay náratay na sa baníg, nġuni't nanġ buksan anġ Páaralán niyaónġ Enero, ay dí pa man halos makagulapay ay dumaló rin sa kanyánġ bulwaganġ pinagtuturuan. Si Bb. Susana ay isánġ tunay na alipin nġ kautanġán. Ihinatíd sa Págamutanġ «San Juan de Dios» niyaónġ iká 24 nġ Marso, anġ lahát nġ sikap nġ mġa manġgagamót na isá rito ay si Dr. Miciano, ay na walanġ lahát nġ halagá, at anġ pinagpitaganan tuwí na nġ kanyánġ mġa kaibigan, anġ matalinonġ Tagapamatnugot nġ «Instituto de Mujeres», anġ dalubasà, mayumi at mabait hanġganġ sa hulinġ sandalí nġ pakikitalad sa buhay, ay binihag nġ walanġ awanġ kamatayan, niyaónġ iká 11 nanġ Abril nġ taónġ 1917.

Sumalanġit nawâ anġ butihinġ Guró at anġ kayánġ diwà na naghaharí sa Páaralánġ «Insituto de Mujeres» ay maginġ tanġláv tuwí na nġ kanyánġ mġa kasamahan.

Páhiná 62

Lumipat sa kabilanġ buhay anġ isánġ marilág na Guró na nátutonġ maglagáy sa isánġ mataás na kalagayan nġ mabutinġ panġalan nġ kanyánġ pinamatnugutan Páaralan.

Pinagpalanġ «Instituto de Mujeres», na makapagmamalakinġ nagkaroón nġ mġa diwanġ gaya nġ kay Bb. Susana Revilla, pinagpalanġ «Instituto de Mujeres» na linabasan nġ mġa babainġ katanġitanġi, salamat sa banal na simulainġ «Pananampalataya at Karununġan». Narián anġ



ISANG TANAWIN NG HIMAGSIKAN NIYAONG 1898.

TEODORA ALONZO

Páhiná 63



MATANDANG LARAWAN NG INA NG ATING BAYANI.

Sa mayamanŕ bayan nŕ Santa Cruz, Maynilà ay dito nakákita nŕ unanŕ liwanag, anŕ isánŕ sanŕgól na babainŕ tinawag na Teodora, anák ni Kapitánŕ Lorenzo at ni Gg. Brígada Quintos. Siyá anŕ mapalad na babainŕ nakapaghandóg sa Inanŕ Bayan nŕ Bayani nŕ mŕa Bayani, si Gat José Rizal.

Siyá'y buhat sa anŕkánŕ gisínŕ anŕ muni, anŕ kanyánŕ nunò si G. Cipriano Alonzo ay isá sa mŕa máginó sa bayan nŕ Biñanŕ, Laguna. nagínŕ mánunukát nŕ lupà at sumusulát at nagsasalitá nŕ Kastilá, Inglés at Pranses, nagínŕ Kapitan sa bayan, isá sa matataás na katunŕkulanŕ ipinagkakatiwalà sa mŕa pilipino nŕ mŕa panahónŕ yaón.

Anŕ mŕa ninunò sa iná ni Teodora, ay buhat din sa mabutinŕ anŕkán. Si G. Manuel Quintos, anŕ amá nŕ kanyánŕ iná ay isánŕ mabutinŕ batà sa «Universidad de Sto. Tomás», at mabutinŕ amá palibhasà ay nagsikap na anŕ kanyánŕ anák na si Brigida ay magínŕ isánŕ babainŕ may pinagaran.

Kahit na anŕ kanilánŕ anŕkán ay nanínirahan sa Kalambâ, si alinŕ Teodora ay ipinanŕanak sa Kamayniláan, gaya rin nŕ kanyánŕ mŕa kapatid. Sa lahát nŕ itó ay matitiyák na si Gnŕ. Teodora ay buhat sa mabutinŕ anŕkán, siyá ay sumilanŕ sa isánŕ anak na matalino at anŕ lahát nŕ kanyánŕ mŕa kasambaháy ay pawanŕ múlat sa dakilanŕ gawí.

Anŕ una niyánŕ mŕa pagáaral ay buhat sa sarilingŕ táhanan, at kahit na lubhánŕ mairugín anŕ kanyánŕ mŕa magulanŕ ay hindí siyá iminulat sa layaw, dahilánŕ kanyánŕ ikinágisínŕ sa

Páhiná 64

mabuting gawí at ipinagsumikap na magin̄g isán̄g babain̄g tan̄gi, may likás na baít at may talino namán̄g karapatdapat.

Hindí siyá namalagi sa pag-áaral siyá'y ipinasok sa Sta. Rosa sa lilim n̄g pamamahala n̄g m̄ga «Madres de la Caridad» at doón siyá námulat sa pananampalatayan̄g binyagan at n̄g gawin̄g magsimbá at gumanáp n̄g m̄ga katun̄gkulan n̄g isán̄g mabutinḡ tao.



**SI G. FRANCISCO RIZAL MERCADO PINAGPALANG AMA,
NA NAGHANDOG NG ISANG DAKILANG BAYANI SA LUPANG
TINUBUAN.**

Niyaón̄g 1848 ay nakipagisán̄g pusò si Gg. Teodora Alonzo kay G. Francisco Rizal y Mercado, at kápuwâ nagsumikap sa ikapanánatili n̄g kapayapaán sa loób n̄g táhanan, gaya n̄g isán̄g tunay na ulirán̄g magasawa; at an̄g m̄ga anák ay sunódsunód na nagsiratin̄g at lalong nagin̄g maligaya an̄g kanilán̄g buhay sa piling n̄g m̄ga suplin̄g n̄g dalisay nilán̄g pagibig.

Páhiná 65

Silá'y nan̄gágsiunlád sa pamumuhay at sanhi itó nan̄g pagdami n̄g kanilán̄g pánuhin̄g banyagà at kababayan man n̄guni't nápansin sa kanilá n̄g labis an̄g pantáypantáy na kanilán̄g pagtan̄ggáp sa sino man̄g pánuhin, magin̄g pantás man at han̄gál, mayaman at mahirap, banyagà at kalahi man; sa kanilá'y dí nápansin an̄g pan̄gtatan̄gi kay ganitó ó kay gayón, n̄g dahil sa si gayón ó si ganitó, ay lalong dakilá, mayaman ó marunon̄g kayâ; an̄g likás na kaugalián̄g mapagampon at mapagtan̄gkilik n̄g lahin̄g Tagalog ay naghaharí sa kanilán̄g táhanan.

Sa pagkainá ni Gg. Teodora, ay nanupád siyá n̄g gayón na lamán̄g na kasikapan, upán̄g an̄g kanyán̄g m̄ga san̄ggól ay mápanuto; lubhán̄g mairugin tuwí na at mapan̄galagà; lahat n̄g walán̄g kalyan na tanón̄g ó paguusisá n̄g kanyán̄g m̄ga anák ay tinútugón niyán̄g lahat n̄g boón̄g tamis at liwanag, upán̄g masiyahan an̄g m̄ga anák; n̄guni't kailan ma'y dí nagin̄g mapagpalayaw. Ginampanan niyá an̄g tunay na tun̄gkulin n̄g isán̄g mabutinḡ iná, na, mapan̄galaga sa m̄ga san̄ggól, mapagturò sa kabataan at tapát na kaulayaw at kaibigan n̄g man̄gagsilaki na at tumuntón̄g sa ganáp na gulan̄g.

Iminulat niyá sa m̄ga anák an̄g pagsusumikap na mag-isá, at niyaón̄g si Gat. Rizal ay aapatín taón pa lamán̄g at nahihirapan̄g bumasa n̄g kanyán̄g Katón ay boón̄g tamis niyán̄g sinabi an̄g gayarí. «Paáno ka kun̄g di makapagsisikap na mag-isá. Maári kayán̄g lagi kan̄g nakasandal kan̄ginó man? Sikapin mon̄g mag-isá kan̄g magáral at gumawan̄g tiwalag sa ibá, sa gayón ay matataya mo an̄g sarilinḡ lakás at masasanay kan̄g mag-isá sa m̄ga gawain». Nagin̄g kasayahán̄g loób ni Gg. Teodora an̄g manoód sa kanyán̄g m̄ga anák na bukód bukód n̄g paggawâ, tila bagá niyá ná kikikita sa gayon an̄g malakin̄g katamisan n̄g isán̄g kasarinnan sa paggawâ man laman̄g.

Tuwí na'y sinalitá niyá sa kanyán̄g m̄ga anák kun̄g gabí an̄g m̄ga buhay n̄g m̄ga dakilan̄g tao, ó an̄g m̄ga buhay kayán̄g may lulan̄g m̄ga dakilan̄g aral, upán̄g bago matulog an̄g m̄ga anák ay mábaon sa pagtulog an̄g mabubutinḡ hinuhà. Sinikap niyán̄g isatagalog an̄g m̄ga maniningnín̄g na buhay n̄g kanyán̄g nálalaman, upán̄g maliliit pa an̄g m̄ga anák ay makatahò na n̄g m̄ga dakilan̄g huwaran. Sinikap niyán̄g an̄g m̄ga anák ay magharap sa kanyá tuwí na n̄g násusulat na hinuhà sa kanyán̄g m̄ga kasaysayan̄g ibinubuhay kun̄g gabi, at kanyán̄g isinasaanyò an̄g m̄ga kamalian, at sa ganitón̄g paraan sa gulan̄g na siyam na taón, an̄g anák niyán̄g Pepe, ay nagharáp sa kanyá n̄g isán̄g Dulán̄g Tagalog na kinágiliwan̄g labis n̄g Kápitán sa bayan n̄g panahón̄g yaón.

Páhiná 66

Niyaón̄g taón̄g 1898, ay nabalo siyá sa ginigiliw na asawa, at náparagdág sa kanyán̄g pagtan̄gis na magdádawalawán̄g taón na sa pagkakaputi n̄g buhay n̄g mahál niyán̄g anák na si Dr. Rizal, an̄g pagkamatáy ni G. Francisco Rizal at Mercado.

Niyaón̄g 1907, sa pasimulan̄g Pulong n̄g unan̄g Kapulun̄gan̄g Bayan, ay hinandugan si Gn̄g. Teodora Alonzo n̄g m̄ga paran̄gál at inalayan siyá n̄g maramin̄g salapí bilan̄g tulon̄g sa kanyán̄g katiisan, n̄guni't hindí niyá tinan̄ggáp at pinatingkád niyán̄g an̄g kanilán̄g an̄gkán ay hindí nagmámahál sa Lupán̄g Tinubuan n̄g dahil lamán̄g sa salapí. At niyaón̄g iká 16 n̄g Agosto n̄g

taonġ 1911, anġ banal na Iná nġ dakilánġ Bayani, ay pumisan sa kanyánġ mġa kapilas nġ buhay at sumapayapà sa kaharian ni Bathalà.

Anġ paglilibinġ sa kanyá ay ginanáp niyaónġ iká 19 nġ Agosto, at anġ mġa matataás na kagawád nġ Pámahalaán ay nakipaglibinġ na pawà, tandá nġ isánġ pakikidalamhatinġ lúbusan sa kanyánġ pagpanaw sa bayanġ itó nġ mġa dalamhati.

Bilanġ aláala sa kanyánġ panġalan, anġ datinġ daánġ «Aranque» ay pinalitan nġ «Teodora Alonzo».



ANG HULING LARAWAN NI GG. TEODORA ALONZO.

Melchora Aquino (Tandang Sora)

Páhiná 67

Anġ pagúukulan ko nġayón nitónġ maigsínġ ulat, giliw na bumabasa ay isánġ babainġ hindi man lamanġ nakasapit nġ mġa pintuan nġ Páaralán, kaya't tahás na masasabinġ dí lamanġ sa mġa Páaralán nátututuhan anġ pagibig sa Tinubuanġ Lupà.

Si alinġ Sora ay isánġ likás na mapagmasakit sa alin manġ bagay na ukol sa sarili.

Si alinġ Sora, gaya nġ tuwí na'y itinawag sa kanyá nġ mġa Katipunan ay nagingġ isánġ tunay na inánġ takbuhan niyaónġ nanġaghimagsík at nagtayá nġ buhay sa ikalalayá natin.

Anġ kanyánġ dulanġ ay lagingġ may hain, at anġ mahigit na isánġ libonġ Katipunan na naglisaw sa Balintawák na naghíhintáy nġ isánġ hudyát upánġ anġ talibónġ ay ipakipagpinġkian sa mġa «reminġton» at «mauser», upánġ sa pamamagitan noón ay lutasin anġ usapín nġ atinġ bayanġ nasusukuban at ináalipin nġ kapuwá bayan, ay nakatagpô kay alinġ Sora nġ isánġ inánġ mapagkupkóp. Sumilánġ si Tandánġ Sora sa Balintawák niyaónġ taonġ 1812.

Anġ ganitónġ gawánġ kapuripuri ay pinarúrusahan noón nġ parusanġ kamatayan, kayá't lubhánġ kagilágilalás na anġ isánġ hanġál na gaya ni tandánġ Sora, ay huwág sagián nġ takot at bagkús nagibayo anġ tápanġ at pánġatawanan at walánġ panġiminġ winaldás anġ kanyánġ kauntingġ natitiponġ palay sa kanyánġ mġa banġán, gayón din nġ salapínġ patí na sa ikapitónġ buhól halos nġ taguan ay pawanġ tinunaw.

Anġ ganitónġ gawá ni tandánġ Sora ay hindi nálihím sa mġa tiktík nġ Pámahalaánġ kastilà, kayá't siyá'y ipinadakíp pagdaka at sa bisà nġ isánġ utos ni Henerál Polavieja niyaónġ 1897, siyá ay ipinatapon sa Monjuich. Dí man lamanġ iginalánġ anġ kanyánġ katandaán at pagkababai.

Pinalad pa rin siyánġ makabalík digmaan at matahimík siyánġ namatáy sa kanyánġ táhanan sa Balintawák, Kalookan, poók na nakásaksi nġ lalong pinaká maninġnínġ na dahon nġ atinġ kasaysayan.


Kunġ si Gat Bonifacio ay nabubuhay at makapagsásalitá nġ náúukol kay tandánġ Sora, disin ay nakábasa tayo nġ isánġ magandánġ halimbawà sa kanyánġ iuulat na dísapalà ay pawanġ papuri sa babainġ itó na siyánġ tunay na «Iná nġ mġa Katipunan.»

Anġ mġa salitánġ «kumain ka na ba kapatid» at isánġ nġitinġ namamalayláy sa kanyánġ mġa labí ay tila náikikinitá ko pa hanġganġ nġayón. Anġ mġa salitánġ yaón ay siyá niyánġ bati at panalubonġ sa walánġ patlánġ na mġa katipunanġ sa maghapon halos at sa loób nġ mahigit na dalawánġ buwán ay kanyánġ kinailanġanġ paranġ mġa tunay na anák.

Tinawag sa sinapupunan ni Bathalà niyaónġ iká 2 nġ Marzo nġ taonġ 1919, sa gulanġ na isánġ daan at pitónġ taón.

Páhiná 68

Anġ kanyánġ bankáy ay iniwi nġ mġa «Labí nġ Hímagsíkan» na siyánġ nanġasiwà sa paghahatíd sa kanyánġ hulínġ táhanan.



Ang Libingan ng mga Bayaning Pilipino.

APOLONIO SAMSON (Tinteng Pulonyo)

Páhiná 69

TALAGANġ kinusá naminġ hiyasán anġ SA LANGIT NG BAYANG PILIPINAS nġ mġa taonġ walánġ gasinonġ talino gaya ni Tandanġ Sora at ni Tininténġ Polonio, na bagá manġ puklín nġ sandakót na «a» ay dí nilá mákikilala, gayón ma'y makapagmamalakí nġ gayón na lamanġ at makapagsasabínġ nakapaglinġkod sa Tinubuanġ Lupà.

Si Tininténġ Polonio ay sumilanġ sa isánġ tagónġ Nayon na náikilala sa tawag na Kanġkónġ, sakop nġ Balintawák, Kalookan, niyaónġ 1851 at isá sa mġa unanġ katipunan na sa tawag ni Andrés Bonifacio ay tumugónġ agád nġ walanġ anó mánġ pasubali.

May kauntí rinġ kaya na náiliblib sa mahirap na pakikipamayani sa buhay, palibhasà ay tahás na mapagimpók, at anġ kanyánġ lahát nanġ natitipon, bago pa si tandánġ Sora, ay kanyánġ ginugol nġ walánġ patumanġgá sa mġa káilanġanin nġ mġa Katipunan. Dahilán itó na ikinamahál sa kanyá nġ gayón na lamánġ nġ «Supremo», na sa pagkilala sa kanyánġ maninġninġ na paglilinġkód ay inatasan siyá nġ tunġkulinġ Kapitán nġ mġa sandatahán.

Si Tininténġ Polonio ay isánġ bayaninġ sa tapánġ ay walánġ ipanġgimbulo sa ibá at anġ gayón ay sinikap niyánġ mamalagi at sanhí nġ ipinagmahál sa kanyá nġ kanyánġ mġa nákasama.

Isánġ pabulaánġ walánġ kabalíbalí na anġ tunay na pagibig sa Tinubuanġ Lupà ay dí sa mġa linánġ na tao lamánġ namamahay, may mġa likás na kabaitanġ talaġánġ dináramdám nġ tao, nanġ dí sa tulong lamánġ nġ dunonġ at itó'y anġ likás na pagibig sa sarili at sa mġa kapatíd sa Inánġ Bayan.

Anġ tawag na «kapatid» kunġ sa mġa labí ni Tininténġ Polonio pumupulás ay kábabakasán nġ tunay na kahulugán noón, at anġ kanyánġ mġa tao na dí rin kákauntí ay pawanġ nagínġ tapát sa kanyá.

Nanġ magkalupitlupit sa dakonġ wakás, na anġ atinġ mġa marurunónġ ay madalá na sa kilusanġ yaón na kinatakutan nġ marami at pinawalánġ saysáy sa mġa pahayag sa nagsisiakit, ay itiniwalánġ na lahát anġ mġa hanġál sa pamiminunò at anġ gayo'y pinagbuhatan nġ mahalagánġ salitá ni Tininténġ Polonio na gayari: «Patakbuhín ninyó anġ mġa kastilà sa pamamagitan nġ tintero at pluma.»

Si Tininténġ Polonio, gaya nġ mġa limót na Bayani ay linapastanġan nġ isánġ kamáy na panġahás niyaónġ 1902 at anġ kanyánġ kamatayan ay kahanáy nġ pagkákawakawak niná Rosendo Simón, Procopio at Ciriaco Bonifacio, Venancio Guevara at iba pa na pawanġ sa dilím nġ gabí nanġaiwan.

Páhiná 70

Magínġ pambawí anġ mġa talatanġ itó sa kanilánġ mġa buhay na náwakawak, at hari naġanġ pagbuó nġ atinġ kasaysayan ay pagukulan silá nġ mġa dahonġ karapatdapat sa kanilánġ walánġ kahulilip na pagibig sa atinġ Inánġ Pilipinas.



ISANG TANAWIN SA MASAMBONG, BALINTAWAK, NIYAONG HIMAGSIKAN, 1898.

MIGUEL MALVAR

Páhiná 71



ANAK n̄ makasaysayan̄ lalawigan n̄ Batan̄gan, si Malvar ay námulat sa kapanahunan̄ an̄ pan̄gaapí ay naghaharì at an̄ katuwiran n̄ bayan ay kasalukuyan̄ tumátan̄gis, kayá't an̄ kanyán̄ diwà ay nahikayat na magn̄galit n̄ gayón na lamán̄ sa pamamalakad na mapaniñ; at an̄ gayón̄ pagpupuyos n̄ kalooban ay nagkaroon n̄ pagbúbuntuhán, nan̄ an̄ unan̄ hiyáw n̄ layà ay pasimulán sa Balintawák n̄ atin̄ Bayanin̄ si Gat Bonifacio, niyaón̄ Agosto n̄ taón̄ 1896, kilusan̄ karakaraka niyán̄ inaniban n̄ ubos kaya.

Ipinamalas ni Malvar sa Hímagsíkan an̄ isán̄ katan̄gitan̄gin̄ pakikibaka, at sa ulunán an̄ isán̄ pulutón̄ na m̄ga piling tagá Batan̄gan ay linusob nilá an̄ m̄ga himpilan n̄ m̄ga kastilá sa Tanawan, at doó'y nakilala an̄ kanyán̄ isá sa malalakin̄ pahayag at tutol sa laran̄gán n̄ digmaan, na pinasimulán sa ñanáp na iká 9 n̄ gabí at tumagál han̄gán̄ iká 6 n̄ umaga n̄ araw na kasunód, panahón̄ ikinalipol n̄ tanán̄ nagtatan̄ggól na kawal na m̄ga kastilá sa himpilan̄ yaón; at sa katapan̄gan niyán̄ ipinamalas ay minarapat siyán̄ gawin̄ Punò

n̄ kanyán̄ m̄ga kasamahán.

Nan̄ idaos an̄ «Pacto» sa Biyák na Bató, niyaón̄ Disyembre n̄ taón̄ 1897, buhat sa Bulakán ay nanumbalik siyá sa sarilín̄ lalawigan upán̄ pagmasdán kun̄ an̄ m̄ga dako n̄ násabin̄ kásunduan ay magáganáp.

Hindí sumama si Malvar sa Lupon n̄ Hímagsíkan na lumipat sa Hon̄gkón̄g; n̄guni't naparoon siyán̄ kasama an̄ tauán̄ kaanak at tumulon̄g sa m̄ga punyagí n̄ kanyán̄ m̄ga kababayan sa ikalulusóg n̄ Bayan̄ Tinubuan. Nan̄ makaraan̄ an̄ man̄ñisán̄ taón na ipinanahanán niyá sa Hon̄gkón̄g, niyaón̄ Hunyo iká 15 n̄ taón̄ 1898, ay bumalík siyá sa Kapuluán̄ Pilipinas, at noon na n̄gá siyá ginawan̄g Henerál, upán̄ pan̄gasiwaan niyá an̄ m̄ga kawal sa m̄ga lalawigan n̄ Tayabas at Laguna, at sa panahón n̄ kanyán̄ ipinamunó ay nagkaroon siyán̄ lagi n̄ mabutin̄ palad na magtagumpáy tuwí na at makábihag n̄ maramin̄ kawal n̄ m̄ga kastilá. Siyá'y isán̄ Henerál na laging pinatnubayan n̄ Mabutin̄g Talá.

Páhiná 72

Niyaón̄ Pebrero, iká 4 n̄ taón̄ 1899, an̄ pagkákabigan n̄ m̄ga kawal n̄ Pilipinas at n̄ m̄ga kawal n̄ Amerika ay nasira, at si Henerál Malvar ay náatasan̄ magin̄ Pámunuán n̄ m̄ga kawal n̄ Maynilá at Laguna. An̄ Pagsanhan at Sta. Cruz sa Laguna ay ipinagtan̄ggól n̄ magkaayaw na Pan̄gkát ni Ricarte, Malvar at Agueda Kahabagan, itón̄ huli ay isán̄ babain̄g nagpakita n̄ lalong malalakin̄ kagitingan na ikinaman̄ghâ n̄ kanyán̄ m̄ga nákasama. An̄ m̄ga bayan̄g binangít ay kun̄ makailan̄g lusubin n̄ m̄ga amerikano, n̄guni't tuwí na'y napipilan.

Si Henerál Malvar ay naglamay at nagpunyagí gabi at araw upán̄ magtipon n̄ tao, magsanay sa m̄ga itó sa pakikibaka at magpa siglá n̄ m̄ga kalooban, upán̄ an̄ pagdidigmaan at pagtatan̄ggól n̄ atin̄ katuwiran at kalayaan ay magtagumpáy.

Sa masamánġ sandali niyaónġ Marso iká 23 nġ 1901, anġ Presidente Aguinaldo ay nahulog sa kamáy nġ mġa kalaban, sa Palanan, Isabela; gayón man si Henerál Malvar ay nagpatuloy pa rin sa pakikibaka at sa kanyánġ mġa nasásakupan ay nagpadalá siyá nġ gayarinġ pahayag: «Anġ atinġ sandata ay dapat na magpahayag na dí natin ginagamit upánġ ipuksá sa mġa kawal na amerikano, sapagká't gaya rin natin, sila ay may mġa iná, asawa, kapatid at mġa anák na tumátanġis kunġ silá'y manġápatáy».

«Nġuni't tayó'y gumágamit nġ sandata upánġ ipagtanġgól anġ katutubónġ katuwiran, katuwiranġ magkaroon nġ sarilinġ Pámahalaán, Kalayaan at Kasarinlan.»

Sa bahaginġ itó nġ pamahayag ni Malvar ay mákikilala anġ kanyánġ pagkalinánġ na tao, mairugin sa Tinubuanġ Lupà at matarónġ na Punonġ kawal.

Sa pagkilala sa malalakinġ sikap at mahalagánġ gawâ ni Henerál Malvar, anġ Lupon Pambansâ sa Honġkónġ, niyaónġ unanġ araw nġ Abril nġ taónġ 1901, ay nagpasyánġ iátas sa kanyá anġ Tunġkulinġ pagká Panġulonġ kawal sa Pilipinas, nġuni't sa kanyánġ mġa pamahayag na ilinagdâ ay ipinamalas niyánġ hindí lamánġ anġ sikap nġ mġa kawal anġ kanyánġ pinagbatayan, at anġ bulág na pagsunód sa mġa kautusánġ kawal, kundí lalò na anġ tulong nġ mġa taonġ bayan na siyánġ lalong mabisâ at mapakinabanġ sa mġa mithiinġ ipinakikipaglaban.

Samantalanġ si Henerál Malvar ay boónġ tapanġ na nagtátanġgól nġ atinġ Kalayaan, anġ Lupon namán sa Kapayapaán ay kasalukuyanġ nagháhanda nġ isánġ mabutinġ paraán upánġ anġ digmaan ay maihatid sa isánġ pagkakasundónġ kapuripuri, at niyaónġ Abril nġ taónġ 1901 ay nakipanayám kay Henerál Malvar anġ isánġ Lupon tunġkól sa bagay na itó, nġunit nabigò.

Páhiná 73

Nápansín ni Henerál Cailles, anġ pagkakátuwás nġ atinġ kalagayan, anġ kalakasán at kapanġyarihan sa dami nġ mġa kadigmâ at dahil dito, upánġ maampát anġ dugò na dumadaloy na walanġ tarós ay hiniñi nitó kay Henerál Malvar na sumukò na; anġ kahilinġan nġ kaibigan ay iginalanġ, nġuni't nagpatuloy din nġ pakikidigmâ sa paniwalanġ sa gayónġ paraán lamanġ mapatútunayan anġ marubdób na pagnanasâ nġ Kasarinlan.

Sa kanyánġ kublihan sa Bawanġ, ay kunġ magkálánġ lusubin siyá nġ mġa amerikano, nġuni't tuwí ná'y ipinagtanġgol niyá nġ boónġ tapanġ at kabayanihan, at tuwí na'y napipilan doón anġ kawal na kalaban.

Subali't anġ gutom ay isánġ kaaway na nápakalupit, at sa tulong nġ pakikiusap nġ lubhánġ maraminġ kaibigan, sa talagánġ kadahupán nġ kaya na magpatuloy pa sa pakikidigmâ, ay nakipanayám siyá kay Henerál Bell at bago niyá ginawâ itó ay gumawâ muna siyá nġ gayarinġ pamahayag:

«Patunġo ako nġgayón upánġ dalawin si Henerál Bell, at anó man anġ kálabasán nġ pakikipanayám sa kanyá, ay hinihinġi ko sa mġa kababayan, na huwág lamánġ akonġ lilimutin. Tayó'y pawanġ magkakatid. Kahit na nilá akó dalhin sa Estados Unidos ó sa alin mánġ dako nġ Daigdigán, ay dí ko malilimutan anġ pinakaiibig konġ Tinubuanġ Lupà».

«Isinasalong ko anġ sandata, sapagká't anġ akinġ mġa kaanak at mġa kaibiganġ sumasama sa akin ay nanġagkákakasakit sa tinitiiis na kagutuman. Anġ akinġ pitónġ anák at anġ akinġ giliw na asawa ay laginġ nasa piling ko at tiniis nilá anġ lahát nġ kahirapan».

Niyaónġ iká 16 nġ Abril nġ taónġ 1902, ay natapos anġ mġa panayám ni Henerál Malvar, at dí siyá ipinadalá sa labas nġ Pilipinas. Nanirahan siyá sa Sto. Tomas, Batanġan, at anġ pagsasaka ay siyá niyánġ hinará~p sa paniwalanġ sa ganitónġ paraán lamánġ máitátatag anġ mġa kailanġan nġ nasiranġ bansâ.

Mataliimik siyánġ namuhay sa bukid hanġgánġ sa napilitanġ lumuwás nġ Maynilà dahilán sa sakit sa atáy na kanyánġ dinanas, at niyaónġ iká 13 nġ Oktubre nġ 1911, nġ kanyánġ hirap sa buhay na itó ay winakasán, upánġ masok sa buhay na walanġ hanġgán nġ mġa Bayani na walanġ kamatayan.

Dinalá anġ kanyánġ banġkáy sa Sto. Tomas at doón binigyán nġ kanyánġ sarilinġ pitak na pamamahinġahan nġ mġa labí nġ isánġ buhay na maúulirán sa katapanġan at katapatanġ loób sa Lupanġ Tinubuan:

Sumalanġit nawâ.



EMILIO JACINTO

Páhiná 74

Sí Emilio Jacinto, anġ kananġ kamay ni Gat Bonifacio ay sumilanġ sa maliwanag, niyaónġ 1879, sa bayan nġ Trozo, sakop nġ Maynilà; anák dukhá at walanġ karanġalan kundí anġ likás na pagkatao, kayá't musmós pa'y nákitâ na sa kanyánġ paligid anġ



pagkakátuwás n̄ m̄a palad.

Nagáral na mag-isá sa pamamagitan n̄ m̄a magulan̄ na nagturò sa kanyán̄g kumilala n̄ m̄a titik at sa pamamagitan n̄ katipiran at pagsasakit ay napapag-áral din an̄g batan̄g si Emilio Jacinto han̄ggan̄g sa makasapit sa dambanà n̄g karunun̄gan sa «Universidad de Sto. Tomás».

Gáanon̄g pagsasakit an̄g ginawâ n̄g kanyán̄g m̄a magulan̄g upán̄g an̄g kanyán̄g isip ay mámulat sa malawak na tahakin n̄g karunun̄gan.

Sa «Universidad» ay naginḡ kapanahón ni Emilio si G. Juan Sumulong, isá sa naginḡ mataás na tao at dalubhasan̄g nagtagláy n̄g lalonḡ matataás na katun̄gkulan sa Pámahalaán. Kápuwâ silá palibhasà anak dukhâ, kayá't an̄g kanilán̄g m̄a simulain ay nagkakátulad, at an̄g pagmamalas sa m̄a matataás na an̄gkán̄g kanilán̄g nákasama sa pagáaral ay nakakiliti sa kanilán̄g dalawâ,

kayá't pinasikap nilán̄g silá'y mápalayò sa kalipunan n̄g m̄a yaón, na kanilán̄g kinasúsuklamán mandín.

Dahilán sa maagan̄g hiyaw n̄g Hímagsikan na kanyán̄g inaniban pagdaka ay dí nakatapos si Emilio Jacinto n̄g kanyán̄g pan̄gáaral, baga man̄g nagiwán siyá n̄g isán̄g mabutin̄g tálaan n̄g kanyán̄g pag-áaral sa «Universidad de Santo Tomás».

Lagi siyán̄g matigás at dí karakarkan̄g nagbabago sa bisà n̄g m̄a tagubilin; tuwí na'y ipinagtan̄ggol niyá n̄g ubos kaya an̄g ináakalà niyán̄g katuwiran. Ganito an̄g kanyán̄g pamamalakad sa sarili sa boón̄g panahón̄g siyá'y nabuhay.

Niyaón̄g taón̄g 1896, si Emilio Jacinto at nan̄guna sa isán̄g lupon na itinatag ni Gat Bonifacio upán̄g makipagkita sa Kinalawan n̄g Bayan̄g Hapón dito sa Pilipinas, upán̄g pasapitin sa Emperador n̄g Hapón an̄g isán̄g Pahayag. Isá sa m̄a bahagi n̄g Pahayag ay itón̄g sumúsunód:

«An̄g m̄a sinag n̄g liwanag na lumaganáp sa Bansán̄g Hapón ay nakaratin̄g din dito sa Pilipnas. Dapat kamin̄g makinaban̄g sa liwanag»:

Nan̄g taón din̄g yaón ay nagsuót insík siyá upán̄g makipagkita kay Dr. Rizal at yakagin itón̄g makiisá sa kilusán sa paghihimagsik, n̄guni't sa pagkakákilala ni Doctor Rizal, na nan̄g panahón̄g yaón ay salát na salát tayo sa paghahandâ at malayò sa pananagumpáy an̄g hímagsikan, ay tinugón siyán̄g «an̄g gayó'y hindí pa dapat». At nan̄g simulán na an̄g pakikibaka buhat sa Balintawák, at an̄g kasarinlan n̄g Pilipinas ay ipinahayag na sa pamamagitan n̄g sandata, ay ginawan̄g Henerál si Emilio Jacinto, at an̄g kanyán̄g sakop ay an̄g n̄gayó'y lalawigan n̄g Rizal datin̄g Moron̄g, an̄g Laguna, Bulakán at Bagon̄g Ecija.

Si Emilio Jacinto ay siyán̄g unan̄g kasan̄gguni ni Bonifacio, han̄ggá sa itó'y pinatáy n̄g isán̄g salan̄ggapan̄g niyaón̄g 1897.

Sa isán̄g tagpuan sa bayan̄g Mahayhay, Laguna, sa isán̄g malakin̄g pulutón̄g n̄g Hukbón̄g kastilà, si Emilio Jacinto ay nasugatan, at nábihag n̄g m̄a kaaway; n̄guni't hindí naglaón sa kamay n̄g m̄a kastilà at niyaón̄g Abril n̄g 1899 ay binawian n̄g buhay an̄g dakilan̄g Henerál.

An̄g kanyán̄g sagisag na isinatuntunin n̄g katipunan ay itón̄g m̄a sumusunód:

(Liwanag at Nin̄gning; Kalayaan; Pagibig; An̄g Pámahalaán at bayan; Malín̄g Pagsampalataya; Paggawâ;)

«LIWANAG AT NINGNING: An̄g nin̄gning ay nakasisirà n̄g matá samantalan̄g an̄g Liwanag ay tumatan̄glaw».

«KALAYAAN: An̄g kalayaan ay ipinagkaloób sa lahat n̄g tao buhat sa pagkápan̄ganák at siyá'y dapat gamitin kailan man, hindí upán̄g puminsalà sa kahit sino. An̄g kalayaan ay buhat sa lan̄git at hindí kaloób n̄g anó man̄g kapan̄gyarihan sa ibabaw n̄g lupà».

«PAGIBIG: Sa m̄a karamdaman̄g tinátan̄gláy n̄g tao ay walán̄g napakadakilà gaya n̄g «Pagibig.» Kundí sa pagibig an̄g m̄a bayan ay napawi sa ibabaw n̄g lupà, an̄g m̄a kapisanan n̄g m̄a tao ay nátulad disin sa lagás na dahon n̄g kahoy na ipinagliliparan n̄g isán̄g buhawi, n̄guni't dahil sa pagibig ay malalakin̄g bagay an̄g nayayari».

«ANG PAMAHALAAN AT BAYAN: An̄g pagkasulong n̄g m̄a Bayan ay nagbubuhay sa m̄a mámamayan at ito'y isán̄g dakilan̄g kapan̄gyarihan».

«MALING PAGSAMPALATAYA: Kun̄g sino yaón̄g nagsasabin̄g anak n̄g Dios, ay dapat tumulad kay Kristo, marálità, mairugin at masintahin sa kawagasán.

«PAGGAWA: An̄g paggawâ ay hindí Sumpâ n̄g Dios na gaya n̄g paniwalà n̄g ilán».


Sa m̄a banhay na itó n̄g m̄a kaisipán, ay makikilala si Emilio Jacinto na isán̄g dakilan̄g tao, may matataás na simulain sa buhay, may matayog na pananampalataya, may paniwalan̄g hubog sa dakilan̄g gawí at karapatdapat na pasimunò sa alin man̄g kilusán. Siyá ay isán̄g tunay na Bayani, tilansik n̄g diwà n̄g m̄a wagás na tao buhat sa Lan̄git.



Balak na Bantayog kay Dr. Rizal na nagtamo ng unang ganting pala at nahirang sa lahat ng ihinarap sa Timpalak.

ANTONIO LUNA y NOVICIO

Páhiná 77



Isanĝ dakilanĝ Henerál na pilipino gaya nĝ nagínĝ gawinĝ pamagát sa kanyá nĝ mĝa nakákilala sa kanyánĝ dí matátawaranĝ katapanĝan. Anák nĝ bayanĝ Maynilà at niyaónĝ iká 29 nĝ Oktubre ipinanĝanák nĝ taónĝ 1868.

Anĝ kanyánĝ amá ay si G. Joaquin Luna at anĝ kanyánĝ iná ay si Gnĝ. Laureana Novicio, magasawanĝ nagbigáy sa atinĝ bayan nĝ mĝa anák na lubhanĝ ikinaránĝál: Siná Juan Luna,

Páhiná 78

anġ diwanġ lumikhâ nġ «Spollarium»; Joaquin Luna, nagingġ Gobernador sa La Unión, José Luna, bantóg na manġġagamot, na pawanġ mġa kapatid nġ aminġ pinagúukulan nitónġ maigsínġ ulat.

Sa «Ateneo de Manila» siyá sibol, at gaya nġ lahát halos na aral sa mġa Hesuita ay lumabás siyanġ isánġ mabutingġ batà. Tinanġġáp niyá anġ katibayan nġ pagká «Bachiller en Artes» nġ taónġ 1883 at lumipat siyá sa Santo Tomás, upánġ magáral nġ «Farmacia», pagáaral na kanyánġ ipinagpatuloy sa Barcelona, Espanya, at doón niyá tinamó anġ katibayan nġ pagká «Licenciado». Nagtuloy pa rin nġ pagáaral sa «Universidad Central de Madrid» at doón namán niyá tinanġġáp anġ katibayanġ pagká «Doctor» sa násabinġ karununġan.

Si Antonio Luna ay mahilig dinġ umawit at anġ kányánġ kudyapí ay nápabantóg din at isá sa rito anġ kanyánġ ihinandóg sa mġa nagáaral sa «Concordia», Páaralán nġ mġa babai, na kanyánġ pinamagatanġ «Mġa Bituin nġ Akinġ Lahi».

Sa kanyánġ pagkakamanunulat ay nagpakatanġi rin siyanġ lubós gaya nġ hanġġá nġayón ay masúsuysóy sa «La Solidaridad» sa Espanya niná Marcelo H. del Pilar, sa lilim nġ pamagát na TAGA-ILOG. Naglathala siyá nġ isánġ aklát na kinalalarawanan nġ pagká tiwali nġ pamamalakad nġ mġa kastilà rito sa atínġ lupaín.

Nagáral din namán si Antonio Luna nġ «Ingeniería Química» sa Bélgika at pagkatapos ay lumipat siyá sa París upánġ magsanay sa «laboratorio» nġ magitínġ na si Dr. Latteux.

Anġ kanyánġ LAS IMPRESIONES ay kinamuhian nġ gayón na lamánġ nġ mġa kaaway nġ atinġ pagsasarilí, sanhinġ ipinaghinalà sa kanyá na isá sa mġa tagapagtaguyód nġ Hímagsíkan at niyaónġ buwan nġ Pebrero nġ 1897 ay ipinadakíp siyá at ipinatapon sa Espanya at sa CARCEL MODELO roón ay ipinalasáp sa kanyá anġ lalonġ masasakláp na araw nġ isánġ taónġ malayò sa tinubuanġ lupà at tumatanġis sa madilím na bilanġġuan, tulad sa isánġ sálarin.

Nanġ siyá'y palayain ay lumipat siyá kapagkaraka sa Alemanya at nagpasimulâ na sa kanyánġ pusò anġ táhasanġ pakikialít sa mġa Panġinoón nġ atinġ bayan at kanyánġ pinagsanayanġ basahin anġ mġa katanġian sa pagkamandidigmâ ni Napoleón, at sinikáp niyanġ mátuto nġ mġa mabubutingġ paraan sa digmâ.

Nanumbalik siyanġ agád sa Pilipinas nanġ itó'y maghímagsík na nġâ at samantalanġ anġ kanyánġ katalinuhan sa pagkamabutingġ mandidigmâ ay hindi pa niyá naiháhandóg sa kanyánġ bayan ay itinatag muna anġ Pahayaganġ «La Independencia» at anġ kanyánġ panitik ay kinákitaan nġ mġa tudlínġ nġ pambuhay na loób sa karanġalan nġ kilusanġ yaónġ tunġo sa ganáp na ikalalayà nġ atinġ bayan.

Páhiná 79

Nanġ anġ datinġ magkaibiganġ amerikano at pilipino, na magkatulong na nagpasukò sa mġa kawal nġ kastilà, na dito, nanġ mġa panahónġ yaón ay panġinoón at hari; nanġ anġ dalawanġ watawat nġ layà na magkasamanġ nanagumpáy sa mġa kahanġahanġanġ pagbabaka ay nagkákatiġigán at mandí'y dí na magkawatasan; nanġ anġ mġa bayaningġ yaón nġ kilusan nanġ isánġ bagonġ anyò nġ kasaysayan nġ atinġ kalahian ay pinaghaharian nġ panġigimbulo at nagkákabawasán na nġ pagtitiwalà anġ isá't at isá, anġ kababayan natinġ si Antonio Luna ay napá sa Kabite agád at pinaghanap anġ Panġulonġ Aguinaldo upánġ doó'y ihandóg anġ kanyánġ karununġan sa digmâ, at si Antonio Luna ay ihinalál pagdakanġ Henerál nġ mġa kawal sa katihan, at pagkatapos ay inatasán siyanġ maginġ Tagapatnugot nġ hukbónġ pilipino, katanġianġ kanyánġ pinaunlakán nġ kagilagilalás na pakikibaka na lubhánġ nagpahirap sa hukbónġ amerikano, magbuhat sa pamimiyapis na simulâ sa Tulyahan na kinalibinġan halos nġ pinakamalakinġ bahagí nġ atinġ mġa kawal nġ Batalyónġ Maynilà, at hanġġánġ sa ilog nġ Kalumpit na ipinagtanġġól nġ atinġ hukbó nġ isánġ pagtatanġġól na gumuhit sa atinġ kasaysayan nġ mġa tudlínġ na gintò sa kabayanihan at katapanġan.

Niyaónġ taónġ 1899, nanġ kasalukuyan siyanġ tumátahak nġ lupanġ Kapampanġan sa dí mapigilpigilanġ paglusob nġ mġa kaaway, náikikinitá marahil anġ kanyánġ mġa hulínġ sandalí kayá't kagyát sumulat nġ kanyánġ «Hulínġ Pati», na anyá:

«Ipinagkaloób konġ lahát anġ akinġ mġa ariarian sa akinġ pinakaiirog na iná.»

«Sakalinġ akó ay mápatáy sa labananġ itó, ay ninánasà konġ anġ akinġ banġkáy ay balutin nġ isánġ watawat nġ Pilipinas at akó'y ilibínġ sa lupà nġ akinġ sarilingġ lupà na sanhî nġ akinġ pagkakasakit».

«Siyá konġ lagingġ mithî anġ akó'y mamatáy nġ boónġ kasiyahan nġ akinġ bayan, sa pagtatanġġól nġ kanyánġ lúbusanġ kasarinlan».

Kagilágilalás na lubhâ kunġ pagtutularin anġ dalawanġ hukbónġ naglalamas noón sa kanikaniyanġ kakayahán, sandata at katalinuhan sa digmâ, sa kabayanihan nġ pagsásalasaan na animó'y mġa hukbónġ magkasukat nġ lakás bagá manġ sa katutohanan ay hindi pa anino nġ hukbónġ amerikano anġ atinġ mġa baguhanġ kawal; gayón mán, sa katalinuhan nġ pamamatnugot nġ bayaningġ si Henerál Luna ay nagpapanatili sa atinġ mġa kawal nġ katapanġan, at úbos kayanġ panunupád sa mġa kautusanġ kawal na kanyánġ pinaiiral sa ibabaw nġ mġa sundalo natinġ pawanġ panandalianġ tatag at dí mán nanġakakákilala nġ mġa kautanġán nġ mġa tunay na kawal nġ isánġ tunay na hukbó.

Sa kabanġisan nġ kanyanġ pagpapairal nġ mġa kautusanġ digmâ at sa nasanġ anġ baguhan natinġ mġa pinunò ay mápantáy sa isánġ kalagayanġ hindi mananaghilí sa mġa kawal na sanáy sa digmaan, ay nakátagpò siyá nġ maraminġ «naghinanakit» sa kanyánġ kagahasan, at isánġ araw na ninasà niyanġ makipagkita at makipanayam sa Panġulonġ Aguinaldo, na noó'y na sa

Páhiná 80

Kabatanuan, upánġ magmunġkahi marahil nġ isánġ bagonġ paraánġ ináakalà niyánġ isagawâ, ay hinadlanġan nġ isánġ punlô nġ sarili ring Hukbó na niyaónġ iká 5 nġ Hunyo nġ taónġ 1899, at walánġ panġimínġ tumudlà sa kanyá at anġ kanyánġ buhay ay tinampalasan.

Sa kanyánġ palad na yaó'y náparamay anġ kanyánġ «ayudante» na si Koronel Francisco Román, at buhat na noón ay nawalán nġ isánġ matalinonġ ulo at walánġ pagál na bisig anġ atínġ hukbónġ pinagtamasahanġ itabóy nġ mġa kaaway hanġġánġ sa napipilan na nanġ patuluyan.

Si Antonio Luna, gaya nġ mġa dakilanġ Bayani, ay namatáy nġ walâ sa panahón; nġuni't sa kanyánġ kamatayan ay naiwan niyá anġ aral na lubhánġ mapakinabanġ sa mġa panahónġ hináharap natin.

Anġ kanyánġ kamatayan ay nagingġ sanhî nġ lubhánġ maraminġ mġa kurókurò, na ipinaghihinalanġ yaó'y likhá nġ kalupitan, nġuni't sa anó mán, talagánġ anġ mġa dakilanġ tao ay nakatatagpô nġ isánġ kamatayanġ dí karaniwan, upánġ magínġ sanhî nġ isánġ matamánġ paglilimi at magínġ batónġ urian nġ kanyánġ mġa kahanġáhanġanġ katanġġian.

Mġa kamatayanġ gaya nġ kay Luna, sa dapat na ikápauwi sa walâ at magínġ sanhî nġ isánġ paglimon na walánġ hanġġán, ay lalonġ bumubuhay sa mġa diwà, nagpapatibók nġ pusò at gumígising sa madlá sa ikakikilala nġ lubusan sa kanyánġ mġa paglilingkód na karapatdapat.

Nagpupugay akó sa libinġan mo, dakilanġ Heneral, at minsan pa'y úulitin dito anġ lúbusanġ paghanġà sa iyónġ kabayanihan.



HENERAL ANTONIO LUNA
SINAWI NG KAPALARAN NA PATAYIN NG MGA KAWAL NG SARILING HUKBO.

GREGORIO DEL PILAR

Páhiná 81

MUSMOS pa'y namuhî nanġ lubhá sa masasamánġ palakad nġ mġa kastilà sa kanilánġ bayan; pamanġkínġ buò palibhasà ni Gat Marcelo H. del Pilar, ay nagpasasà rito buhat sa kamusmusan nġ isánġ dalisay na aral nġ pagibig sa bayanġ sarili, kaya't nanġ kasalukuyanġ anġ «Noli» ni Dr. Rizal, ay dí mabasa nġ hindí magínġ isánġ «malakínġ kasalanan» si Gregorio ay isá sa mġa lalonġ masipag na tagalaganap noón.

Sa gananġ kay Gregorio anġ «Noli» ay siyánġ aklát nġ kaligtasan nġ lahi.

Nanġ anġ hiyáw nġ layà ay lumaganap sa walonġ lalawiganġ Tagalog, si Gregorio, ay nahikayat na magsundalo at anġ gayón ay isinagawâ batà pa man siyánġ lubhá, at buhay noón sa pamamagitan nġ mġa dí karaniwanġ katapanġanġ badhá nġ kanyánġ mġa kilos, ay hinagdán niyánġ untiuntî anġ kabayanihan hanġġánġ sa nanġ lagdaán anġ «Pacto de Biak na Bato» ay nakaratínġ na siyá sa tunġkulinġ Koronel.

Námahál siyánġ lubhá kay Aguinaldo at siyá ay ipinagsama sa Honġkónġ nanġ malagdaán na anġ kásunduan, at silá'y tumulak niyaónġ iká 27 nġ Disyembe nġ taónġ 1897, gaya nġ nátulukoy sa násabinġ kásunduan.

At nanatili si Gregorio del Pilar sa Honġkónġ samantalanġ si Aguinaldo ay dóroón at sa paranġ tiniyáp na panġyayari, anġ mġa kastilà at amerikano ay nagkaroón nġ sigalutan; at sanhî nġ pagpapadalá rito sa Pilipinas nġ isánġ Hukbónġ dagat sa ilalim nġ pamamahala nġ Almirante Dewey. Anġ Lupon Pilipino sa Honġkónġ ay inanyayahanġ manumbalik na mulí at magpatuloy nġ paghihimagsí.

Anġ mġa panġyayari rito ay lubhánġ maliwanag sa kasaysayan nġ dalawánġ digmaan, subalit

hindî kalabisánġ banġġitin dito na si del Pilar ay datinġ katulonġ nġ mġa amerikano sa pagbaka sa mġa kastilà, sa paniwalanġ anġ mġa kawal na yaón ay katulonġ natin sa pagtuklás nġ kasarinlan.

Si del Pilar ay nagpatuloy nġ pakikibaka sa piling nġ atinġ mġa kawal, laban sa manlulupig, бага manġ talós na anġ pakikibaka ay tahás na pagpapatiwakál yáyamanġ anġ kaaway ay lubhánġ malakás, marami at makapanġyarihan.

At anġ hukbó natin ay nápatabóy nġ nápataboy hanġġánġ sa kaitaasan, nanġ dí humihiwalay si del Pilar sa pagtatanġġól sa Kuartel Henerál na kinalalagyán ni Aguinaldo.

Si Gregorio del Pilar anġ siyanġ náhiranġ na magtanġġól sa Pasonġ Tilád na tanġinġ pagdadaanan nġ sino manġ magnánasanġ lumusob sa Kuartel Henerál at anġ kanyánġ limampuót limánġ mġa piling kawal sa katapanġan at katápatanġ loób, ay nagpamalas nġ dí karaniwanġ kabayanihan.


Sa kunġ anónġ pakanâ, ay nátaluntón nġ mġa amerikano anġ Pasonġ Tilád, at silá ay linusob nġ walánġ patumanġġâ hanġġánġ sa anġ lahát nġ limampuót limánġ kawal na doó'y nagbábantáy, gayón din si Henerál Gregorio del Pilar ay pinuksánġ lahát nanġ walanġ pítaganġ kalupítan nġ mġa kawal na lumusob, na binubuô nġ mahigít na 300 katao na kabayuhanġ pawà.

Sa lokbotan ni Gregorio del Pilar ay nátagpuán anġ isánġ araw-araw na talâ na kinábabasahan nġ gayari:

«Kunġ isánġ malakinġ hukbó anġ lulusób sa akin at sa akinġ mġa kawal, ay mapapasukò akó; nġuni't lalong magiginġ kanaisnais sa ganánġ akin anġ ako'y mamatáy sa pagtatanġġól sa akinġ pinakaiirog na Inánġ Bayan».

Ganitó namatáy anġ isánġ matapanġ na sundalo na sa katiyagaán at sa walánġ maliw na pakikibaka ay sumapit sa tunġkulinġ Henerál sa gulanġ na dalawampuót dalawanġ taón lamanġ.

Siyá'y anak nġ mabulaklák na Bulakán at ipinagmamalakí siyá nġ tanánġ kababayan sa kanyánġ walánġ katulad na kabayanihan.



MARCELO H. DEL PILAR



ISANġ dakilanġ bayani na sa pagtatanġġól nġ katuwiran nġ bayan ay linisan anġ tanánġ kariwasahan at kaġinhawahahan sa sariling lupà at tumiwalánġ sa mġa kapilas nġ buhay upánġ mahikap sa silonġ nġ ibanġ Langít anġ ikatitimawà nġ atinġ Inánġ Pilipinas.

Si Marcelo H. del Pilar ay sumilanġ sa maliwanag niyaónġ iká 29 nġ Agosto nġ 1850, sa matikmánġ bayan nġ Bulakán. Bayan nġ magagandanġ diwatanġ nakayáyayanġ umawit sa may mġa hilig sa túlain.

Anġ kanyánġ amá ay si G. Juan H. del Pilar at anġ kanyánġ ina ay si Gnġ. Blasa Gatmaitan. Talagánġ lahi nġ mġa «Gat» anġ bayani natinġ itó at pagkápalibhasà ay may mġa kaya rin namán anġ kanyánġ mġa magulanġ at anġ kanyánġ amá ay máginoo sa bayan, kayá't námulat nġ tinġalà anġ noó may matataás na indayog at maibigin sa katuwiran.

Pagkapagaral niyá nġ mġa unánġ titik sa sariling bahay ay nások siyá sa Páaralan nġ San José at pagkatapos dito ay lumipat siyá sa Páaralanġ-madlá ni Sto. Tomás upánġ dito magtapós, at boónġ ninġnínġ niyánġ ipinakita anġ di karaniwan niyánġ talino hanġganġ sa anġ katibayan nġ pagká «Licenciado en Jurisprudencia» ay kanyánġ kamtín, noónġ taónġ 1888.

Anġ sigasig niyá sa pagibig sa lupanġ sarili, na noó'y lubhánġ sinísil nġ masamanġ pamamalakad, ay palaġi niyánġ ipinakilala sa kanyánġ mġa pamamahayag; na anġ pagkahilig niyá sa pagtiwalánġ at paglayà, ay lubós bagá manġ anġ gayón ay talagánġ kasalananġ pinag-uusig at ikinábibitay nġ panahónġ yaón nġ kalupitan.

At anġ talagánġ maásahanġ bunġanġ hinóg nġ gayón gawí ay sumapit at niyaónġ 1888 na rin ay ipinagsakdal siyá sa kasalananġ «Filibusterismo»; nanġ kanyánġ máatunugán, kapagkaraka at yáyamanġ anġ kanyánġ ulo sa gayónġ kasalanan ay nagáamóy bangkáy ay tumakás siyánġ agád at sa Espanya na rin nagtunġo, upánġ doón pasimulán nġ ubos kaya anġ pakikibaka sa mġa kaaway nġ atinġ pagtiwalánġ sa kapanġyarihanġ kastíla.

Asawa at dalawanġ anák, kaginhawahan at anġkán ay linísan niyánġ walánġ balino at umasanġ anġ kanyánġ hánġarin ay banál sa gayónġ pagyao. Sa Espanya ay itinatag niyá anġ kanyánġ kapisanan nġ «Solidaridad Filipina» sa Barselona niyaónġ 1889. Anġ kapisananġ yaón ay magmimithí nġ mġa kabaguhan nġ pamamalakad dito sa Pilipinas.

Pinamatnugutan niyá anġ kapuripuringġ pahayaganġ «La Solidaridad» na itinatag doón ni G. Graciano López Jaena, at siyá'y kinatulongġ niná Dominador Gómez, Fernando Canon, Antonio Luna, José Rizal, Mariano Ponce at iba panġ mġa bayaningġ pilipino noón, na sa pamamagitan nġ utak at panitik ay bumuwag niyaónġ matandánġ kapanġyarihan nġ mġa hari dito sa Pilipinas.

Anġ kalakhán nġ kanyánġ pusò, katapanġanġ maglahad nġ katuwiran niyánġ ináakalanġ apì, at anġ katayugan nġ kanyánġ paláisipán ay nagingġ sanhi nġ lúbusanġ paghanġa sa kanyá nġ kapanalig at kaaway man sa paghihimagsí na yaón na lubhánġ kasakitsakit.

Anġ salapí nġ kanyánġ anġkán ay nahughóg, anġ kanyánġ mġa anák ay hindi na mulí panġ nákitá at nagdanas nġ lalong kakilákilabot na kahirapan sa silonġ nġ ibanġ lanġit, upánġ anġ katuwiran nġ bayan ay pátuluyan at walánġ sagwíl na maipagtanġgól.

Sumakabilánġ buhay si G. Marcelo H. del Pilar niyaónġ iká 4 nġ Hunyo nġ taónġ 1896 sa gitná nġ isánġ karálitaanġ hindi madalumat.

Bilánġ pagkilala nġ Bayanġ Pilipinas sa kanyánġ walánġ kamátayanġ mġa gawâ, ay ipinasyá na anġ kanyánġ labí ay kunin sa líbinġanġ kanyánġ pinagpapahinġalayán nġ ganáp, at nġgayón ay nasa líbinġan na nġ mġa Bayani dito sa Maynilà, upánġ anġ mabutinġ alala noón ay maginġ isánġ mabutinġ halimbawà sa atinġ mġa bagonġ sibol.

Kapuripuringġ halimbawà na gaya nġ pamana ni Marcelo H. del Pilar ay hindi dapat maparam sa alin manġ pusonġ Tagalog, yáyamanġ anġ lahat niyánġ punyagi ay iniukol lamanġ sa ikalálaya nġ Bayan at hindi sa kaginhawahanġ sarili.

Talagánġ anġ mġa tunay na Bayani ay hindi naghíhintáy nġ gantingpalà sa kanyánġ mġa gawâ at sikáp, at sukat na yaónġ kasiyahánġ loób na dinadanas nġ taónġ gumágawâ nġ tunay na udyók nġ budhi anġ siyá niyánġ nagingġ katulongġ sa mahabanġ panahón niyánġ ipinakibaka; nġuni't anġ mġa taonġ bihasa ay nasísiyahán namánġ magáral sa kanilánġ mġa kadakilaan, sapagká't anġ mġa diwanġ gaya nġ kanilá ay talagánġ maliwanag na suló na nagpapanuto sa mġa lipinġ sumisipót sa isánġ lalong maginhawanġ kabuhayan.

Mapalad anġ mġa bayan na bagá manġ walánġ gaanonġ maipagmalakí sa kanyánġ likás na pagkabayan mátanġi sa kasikapan nġ kanyánġ mġa anák, ay sibulan nġ bayani nġ katauhan na nakagígimbál at nakapanġguguhò nġ kalupitán at panġaalipinġ nakapipigil sa táhasánġ ikaúunlád nġ mġa bayan at mġa tao.

At gaya nġ sabi ni Dr. Dominador Gómez, si Marcelo H. del Pilar—anyá—ay isánġ «mabutinġ tao» at sa kanyánġ diwà ay dí nagkákapuwánġ anġ anó manġ masamánġ adhiká, sapagká't sa kanyánġ pusò ay nagsísikíp anġ wagás na pag-ibig sa Tinubuanġ Lupà.»



NIYAONĜ íká 22 nĝ Marso nĝ taónĝ 1863, sa silonĝ nĝ masayánĝ Lanĝit nĝ Baliwag, sa bayan nĝ magagandá at mabibiningĝ dalaga na nábabalita nĝ gayon na lamanĝ, ay doón nakákita nĝ unanĝ liwanag anĝ kababayanĝ Mariano Ponce, isá sa tatlónĝ tunĝkô nĝ mithínĝ kalayaan nitónĝ lupaínĝ pinaggugulan nilá nĝ laháť nĝ punyagí at pagsasakit.

Anĝ kabataan niyá ay maaganĝ iminulat sa pagaaral sa bayanĝ sarili at nanĝ makatapos siyá nĝ mĝa pánĝunahínĝ pagáaral ay lumipát siyá sa San Juan de Letrán hanĝgá sa niyaónĝ 1885, ay kanyánĝ tinańĝgáp anĝ katibayan nĝ pagká «Bachiller en Artes»: Nagpatuloy siyá nĝ pagáaral nĝ pagká Manĝgagamot sa Páaralanĝ madlá ni Sto. Tomás sa loób nĝ dalawánĝ taón at sa «Universidad Central de Madrid» niyá tinapos anĝ násabinĝ karununĝan, kun saán niyá nátamó anĝ katibayanĝ pagká «Doctor en Medicina».

Naginĝ maginhawa sana anĝ kanyánĝ buhay kunĝ anĝ kanyanĝ pagká Manĝgagamot ay iniukol niyá sa sarili nĝuni't anĝ gayón at hindí niyá ginawâ, at anĝ hirap at sakít na kasalukuyan nĝ bayan na nanĝanĝailanĝan nĝ lalonĝ mabibisanĝ lunas ay siyánĝ pinagubusan nĝ punyagí.

Si Mariano Ponce ay náhilig nĝ gayón na lamanĝ sa paglilinánĝ nĝ mĝa kabaguhanĝ hiníhinĝí nĝ panahónĝ yaón at siyá ay umánib sa mĝa kababayanĝ nanĝanánahanan sa Madrid; upánĝ doón ay himagsikín anĝ Pámahalaán sa pusò nĝ kanyánĝ Panĝulongĝ Bayan, sa loób nĝ kapisananĝ kanilánĝ bininyagánĝ «Asociación Hispano-Filipino». Si Mariano Ponce anĝ siyánĝ nanúnĝkulánĝ kulánĝ kalihim noón hanĝgánĝ sa sumapit anĝ taónĝ 1896, taón nĝ malakínĝ mĝa pagbabago sa Kapuluanĝ Pilipinas at simulá nĝ mĝa bagonĝ tudlínĝ nĝ kanyánĝ kasaysayán sa pagkábensá.

Naginĝ tagabanság nĝ Kapisananĝ Hispano-Filipino anĝ «La Solidaridad» at si Ponce anĝ naginĝ tagapanĝasiwà noón, samantalánĝ si Graciano López Jaena anĝ siyánĝ Namatnugot. Anĝ pamagát na «Naninĝ» kanyánĝ mĝa tudlínĝ.

Nanĝ anĝ Himagsikan ay mábunyág na sa atínĝ Kapuluán, sapagká't si Ponce ay kilalánĝ isánĝ tanyág na pilipino at mahilig sa mĝa kabaguhanĝ kanilánĝ tuwí na'y lininánĝ ay dinakíp siyá pagdaka at ibinilanĝgô, nĝuni't dí siyá nagtagál at pagkalipas nĝ dalawánĝ araw ay pinalayá siyá at anĝ kanyánĝ minainam ay anĝ lumayónĝ agád at lumipat na nĝa sa Honĝkónĝ. Pagdatinĝ niyá roón at ilánĝ araw pa lamanĝ anĝ karáraán, ay nagtatag silá roón nĝ isánĝ Lupon na anĝ layunin ay magsumikap nĝ ikapagtatagumpáy nĝ Hímagikan; si Ponce ay naginĝ isánĝ masugid na kagalawád noón.

Páhiná 87

Nanĝ anĝ Presidente Aguinaldo ay sumapit sa Honĝkónĝ dahilán sa «Pacto de Biak na Bató» si Ponce ay siyánĝ naginĝ Kalihim at anĝ tunĝkulinĝ itó ay kanyánĝ ginampanán hanĝgánĝ sa si Aguinaldo ay mulinĝ manumbalik sa Pilipinas niyaónĝ 1898, upánĝ ipagpatuloy anĝ Paghíhimagsik.

Nanĝ mĝa panahónĝ yaón ay si Ponce rin anĝ Kinatawanĝ panlabás magsikan sa Pilipinas.

Sa pagnanasanĝ mapagaralan anĝ mĝa kanugnóg na lupaín ay naglayág si Ponce at dinalaw anĝ Indo-China, Cabodhe, Canton, Shanghai, at kanyánĝ sinikap na mákilala anĝ mĝa kaugalian at anĝ mĝa katanĝian nĝ nanĝásabinĝ bayan. Naginĝ kaibigan siyá nĝ mĝa litáw na tao roón at nĝ mĝa tanyág na kawani nĝ kanikaniyánĝ Pámahalaán.

At kahit siyá malayô sa sarilingĝ lupa ay hindí niyá iwinalay kahit saglít man lamanĝ anĝ marubdób niyánĝ pagibig sa sarilingĝ bayan, kayá't pagkaraán nĝ mahigit na dalawampu'ó't anim na taónĝ pagkakáwalay at pakikipamayan sa mĝa ibá't ibanĝ lípi at kaugalianĝ tao ay mulí siyánĝ umuwí sa sarili at sa kanyánĝ pagbalik na itó ay naginĝ Patnugot siyá sa Páhayagánĝ «El Renacimiento» at buhat sa mĝa tudlínĝ nĝ násabinĝ páhayagán ay kanyánĝ ipinagpatuloy anĝ kanyánĝ nasimulán nanĝ pagsisikap nĝ ikaliligaya nĝ kanyánĝ iniibig na Pilipinas.

Niyaónĝ 1909, anĝ kanyánĝ mĝa kalalawigan sa Bulukán bilánĝ tumbás sa kanyánĝ pagsasakit ay tulad pa íisanĝ taonĝ tinańĝkilik anĝ kanyánĝ pagnanasanĝ maglinĝkód sa tinubuanĝ lupa sa loób nĝ Kapulunĝanĝ Bayan at siyá'y ihinalál na Sugò roón upánĝ kumatawan sa Lalawiganĝ Bulakán sa Gusali nĝ mĝa Batás.

Naginĝ Kalihim na Panĝkalahatán si Ponce nĝ Panĝkatingĝ Nasiyonalista at kasanĝguni nĝ Lupon tagaganáp. Si Ponce ay isá sa mĝa nagtatag nĝ Páhayagánĝ «El Ideal», na siyánĝ tagapamanság nĝ Lapian niyánĝ kináaaniban.

Sa kabilá nĝ pakikipamiyapis na mahigit na limampuónĝ taón at pagkatapos na maipakilala anĝ lalonĝ malakínĝ pagtatapát sa mĝa mahahalagánĝ símulain nĝ pagkámanĝhíhimagsik, anĝ kaibigan at kinatukatulonĝ ni Dr. Rizal at ni Gat Marcelo H. del Pilar, niyaónĝ Mayo nĝ taónĝ 1918, ay namatáy sa Honĝkónĝ nĝuni't anĝ kanyánĝ banĝkáy ay itinawid dito sa Pilipinas at siyá'y ilinibínĝ sa Libinĝanĝ Hilagà.

Tanĝí sa lubhanĝ marami niyánĝ nasulat sa mĝa Páhayagán ay kumathâ rin naman siyá nĝ isánĝ aklát na pinamagatanĝ «SUN YAT SEN», na kinápapalooban nĝ kasaysayan nĝ nagtatag nĝ Pámahalaánĝ Republikano sa Kainsikán. Si Ponce ay isánĝ matalik na kaibigan ni Dr. Sun Yat Sen, niyaónĝ dakilanĝ insik na nagguhò nĝ kapanĝyarihan nĝ mĝa Harí sa kanilánĝ lupain.

Páhiná 88

Kunĝ isánĝ araw áy mápasa Baliwag kayó at makáisip magmalas nĝ mĝa katagítanĝinĝ tikmá nĝ mĝa tagaroon, na nagbabadhâ nĝ sipanĝ, tiyagâ at punyagí, na tuwí na'y kanilánĝ ikinatanĝí sa mĝa ibanĝ lalawigan, ay gunamgunamin ninyónĝ sa lupainĝ yaón ay doón sumilanĝ anĝ isá sa tatlónĝ tunĝkô na kinasasaligan nĝ laháť nĝ biyayanĝ atinĝ tinátamasa nĝayón.



Isang Tanawin pagpasok nġ Luok nġ Maynila.



PASCUAL H. POBLETE ANG AMA Nġ PAHAYAGANG TAGALOG SA PILIPINAS.

Páhiná 89

PASCUAL H. POBLETE

Páhiná 90

Anġ pagúukulan natin nġayón nitónġ ilánġ katagâ ay anak nġ makasaysayanġ Naic, lalawigan nġ Kabite, niyánġ lalawiganġ naġiinġat nġ mġa kilusanġ pawanġ tunġo sa ikaúunlád at ikatitimawâ nġ bayan natin sa kapanġyarihanġ banyaganġ nakasásakop.

Ipinanġganák si manġ Pascual, gaya nġ karaniwanġ tawaġ sa kanyá, niyaónġ iká 17 nġ Mayo nġ taónġ 1857. Buan nġ mġa bulaklák palibhasâ anġ kanyánġ isinilanġ, kayá't anġ kanyánġ diwâ ay namúmulaklák din namán sa sagananġ mġa likhâ na pawanġ nġayó'y pinakíkinabanġan na nġ kanyánġ mġa kababayan.

«Walâ nġ taonġ gaya niyá marahil—anánġ TALIBA niyaónġ iká 7 nġ Pebrero nġ 1921—sagananġsaganâ sa isip nġ sarisarinġ akalâ at balak. Anġ Monumento kay Rizal sa Luneta, anġ

pagtatatag n̄ pangkating independista, an̄ pagkakaroon n̄ sariling Bangko, an̄ pagpapadala n̄ m̄ga pensionado sa Am̄rica at marami pan̄ balak diyang n̄gayó'y isá nan̄ katotohanan, patí na nitong «Pagdiriwang sa ikaapat na raang taong pagkakatuks sa Pilipinas» ay pawang galing sa kanyang utak. At walang kilusang nababago nang di siya kahalò.»

Isang katotohanang hindi matatawaran na ang lahat halos ng malalaking kilusan sa pagunlad ng Pilipinas ay may kinalaman ang ating si manang Pascual, maging sa mga kilusan sa kapamayanán at maging sa nauukol sa sariling wikà, lalò na sa ating Pahayagan na maítuturing na si Poblete ay amá nitò sa paglalaganap rito sa ating lupian.

Ang kanyang unang tudling na pambukas sa pusò ng ating bayan ay ilinathala niya sa «La Oceania Española» niyaong taong 1879 nang kasalukuyan pa laman siyang tumatahak sa gulang na 22 taon, at sa Pahayagan ito ay naglingkod siya hanggang sumapit ang taong 1889; sampuon taong sinkad.

Buhat sa Pahayagan yaon niya binukò ang pagkakaroon dito sa Pilipinas ng isang Pahayagan dalawang wikà: Kastila at Tagalog at salamat sa pasisimunò ng dakilang Marcelo H. del Pilar ay itinatag ang Pahayagan «Diarion Tagalog» niyaong 1882, iká 2 ng Mayo, na kun saan nagpasimula ng paghahasik ng mga binhing mapapakinaban na bagá man di kinaluagan ng mga kastila ng panahong yaon ay nagtamó namán ng pagkakaligà ng mga kababayan natin.

Ang «Diarion Tagalog» ay siyang taning tagapamansag ng mga mithiin sa isang bagong pangaraping kahilihili at sa Pahayagan ito ilinathala ng Dakilang Tagalog, si Gat Rizal, ang kanyang «Amor Patrio», at dito rin namán nangagsilapi ng pagtataguyod ng dakilang adhikà, ang pinakamaraming mairugin sa sariling kalayaan, at sa dahong Tagalog nitò sumulat at naglaganap ng mga bagong tanawin sa ating bukas noon, na ngayó'y tinatamasa na, ang marilag na si Pascual H. Poblete.

Pahinà 91

Naging tagapanangasiwa ng «Revista Popular» at manunulat din namán dito, na kanyang pinaglathalaan ng lalò niyang mapapakinaban na mga tudling tungkól sa mga karaniwang karunungan na dagliang naisasagawa sa bahay, at sa katotohanan, ang Pahayagan yaon ay munakala niya, kayat ang ating Plaridel ay kinatulon din namán niya rito sa paglalathala ng mga tudling na may kinalaman sa mga babae at sa mga Paaralang bayan.

Naging manunulat at tagapaghulog sa ibang wikà ng Pahayagan «Revista Católica de Filipinas» at ng «Patnubay ng Católico» at isá rin sa nangagtatag nitò at masugid na tagapaglaganap ng mga karunungan, sining at hanap buhay.

At pinapalad mandin sa anyayang yaon ng mabuting Talà, kayat sa kaunting naimpok na salapi sa kanyang mga Pahayagan ay panibago na naman minunakala ang isang malayang Pahayagan na pinamagatang «El Resumen», sa Pahayagan ito naipakilala ni Poblete ang kanyang katusuhan manlinang sa mga nakaabang na talibà ng «Censura», sapagkat nagawa niyang makapaghandog ng mga kalugodlugod na tudling na tumatawag sa pintuan ng diwa ng kanyang mga kalahi, nang di man siya napansin ng mga kaaway ng ating kasarinlan.

Walang alinlangang matitiyak na ang «El Resumen» ay siyang naglagay ng matibay na saligan ng ating paghahimagsik, gaya ng pinatutunayan ng mga katagang ito na kanyang ilinathala niyong iká 12 ng Hunyo ng 1892: «Maganglalapi tayong naganangkaisa sa usaping sarili at bakahin natin ang mga kabalbalan at paghinala niyaong mga nagnanasang ang lalawigan kastilang ito ay «maging kutang lumà ng matandang kaugalian», at di man nila nágugunità na ang di mapigilang pagunlad, sa kanyang banayad na kilos ay nagbubukas ng landas sa lahat ng dako at ginigipò ang sino man sa kanyang paglakad ay sumagabal.»

Itinatag din namán niya ang «El Bello Sexo» niyaong Enero ng 1891, at niyaong iká 11 ng gayon ding buan ng 1893 ay lumuwal sa maliwanag ang isá pang Pahayagan kanya ring likha na pinamagatang «El Hogar» at naging katulong ng balitang «Pliegong Tagalog» na nagbabansag ng lalong mahahalagang pagbaka sa ating mga kaaway.

Nang siya ay ipatapon sa Espanya, ay naging manunulat ng «El Progreso» naging katulong sa «El Pais» at sa Pahayagan pilipino roon na may pamagat na «Revista de Ultramar» na ilinathala sa kakastilaan ng kilalang «bibliografo» na si G. Manuel Artigas y Cuerva.

Pahinà 92

Napakamahimala ang pagunlad ng ating bayan ng mga panahong ito na sa isang iglap laman halos, ay nagipò ang tatlong daanang taong kaalipinan at niyaong 1889 na muling magbalik sa lupang sarili, si man Pascual, ay naglathala ng isang bagong Pahayagan pinamagatang «El Grito del Pueblo» at «Ang Kapatid ng Bayan» na tumagal hanggang taong 1907 at sunodsunod na itinatag ang «Rizal», «Aurora» at «Filipinas» mga lingguhan ng napabansag din, at pagkatapos ay ang revista «Cervantes».

Sa pagkemandudulá, si man Pascual ay naging isang talà na lubhang maningning, siya ang may akda ng DR. JOSE RIZAL—EL CONCEJO DE LOS DIOS, na kanyang ipinalimbag at linagdaan ng pamagat na López Blás Hucapte (Pascual H. Poblete); at sa pagtatanghal ng kanyang ANG PAGIBIG SA TINUBUANG LUPA (El amor Patrio) ay sinagasa sa tanghalan ng nasirang si kapitang Lara ng Policía dito sa Maynila ang tagpò na pinagtatanghalan ng ating kaakitakit at pinagpala ng watawat, at hinandulong ang maningning (artista) na may hawak noon, at sinambilat na walang patumanngga ang tatlong kulay na kumatawan sa ating kabansaán, at si man Pascual ay dinakip na gaya ng isang salarin dahilán sa kanyang «Pagibig sa Tinubuan Lupà» na itinatanghal at kinagiliwan ng madla.

Talagánġ anġ magigitingġ ay dġ nátatahimik at kayakap na lagi nġ mġa katiisan; niyaónġ gabínġ yaón ay tinahak na naglálakád anġ mġa lansanġan dito sa Maynilà, na naákabatan nġ mġa pulis at ihinaráp siyá sa tanġgapan nġ Henerál Otis.

Kinákailanġan anġ isánġ katigasán nġ loób na di karaniwan upánġ anġ mabutingġ gawà ay máipatuloy nanġ mġa panahónġ yaón, at si Poblete ay dġ nabalino muntík man, lagingġ patuloy na animo ay walánġ panġanib.

Hindġ pa mandín nanġhihinawà anġ diwanġ yaón na mapaglikhà at niyaónġ iká 30 nġ Disyembre nġ taónġ 1913 ay pinaluwál sa maliwanag anġ «Día Filipino» na kunġ saán nápalathalà anġ mġa walánġ kamatayanġ bunġa nġ panitik nġ atinġ dakilanġ Rizal. At dġ pa sukat anġ lahát nġ nábanġgít, ay ilinathalà pa rin nġ kanyánġ mayamanġ diwà anġ «La Exposición Oriental de Filipinas», anġ «Crédito Agricola» at «El Oriente» mġa Páhayagánġ kinálulanan nġ kanyánġ mġa walánġ pagál na pagwawarġ hanġgánġ sa anġ kamatayan na dġ man nágugunitá ay dumalaw sa kanyánġ táhanan upánġ ulilahin anġ labinġdalawanġ anák at isánġ banyaganġ aliw at kasayahan.

Itó'y nanġyari isánġ tanġhalingġ mainit nġ Pebrero, ikalimánġ araw nġ taónġ 1921, sanhínġ anġ lahát halos nġ Páhayagán ay paranġ ginimbál sa dġ inántabayananġ panġyayari, nanġagputós nġ luksà anġ boónġ bayanánġ matalino at sampuò nġ mġa kastilanġ datinġ mġa kaaway ay nanġagsiluhà rin gaya nġ lathalà nġ «El Mercantil» na—anyá: «Era un gran talento y un enorme trabajador, y ha hecho por su Patria obra fecunda con el pensamiento y con la pluma, con la voluntad y con la acción. Si la justicia fuese moneda corriente en el mundo esta desgracia promovería un duelo nacional».

Páhiná 93

Sa lubhánġ maraminġ Páhayagánġ kanyánġ linikhà, itinatag at pinaglaganapan nġ kanyánġ mġa kaisipán ay máidaragdág anġ mġa kathánġ sumusunód:

«Pagsisiyam sa Nuestra Señora de Loreto», «Buhay ni San Vicente de Ferrer» (hanġo sa Flos sanctorum ni P. Rivadeneira) «Uliran nġ Kabaitan» ó Buhay ni Patricio Horacio, «Buhay ni San Isidro Labrador»; tinagalog anġ «Noli Me tangere» at «Filibusterismo» ni Dr. Rizal; sinulat anġ «Patnubay nġ Pagsintá» ... «Lucrecia Triciptino» at ibá panġ lubhánġ maraminġ mátutukoy.

Gaya nġ dapat manġyari si Poblete ay hindġ tumakwíl sa pagnanasanġ magsarilí anġ atinġ bayan gaya nġ pinatútunayan nġ lahát niyánġ lathalà, kayá't dġ rin namán náligtaán nġ mġa kaaway natin, nanġ anġ unanġ hiyáw nġ layà ay saliwán na nġ mġa hagunót nġ punġlò sa Balintawák, at si Poblete ay kagyát ipinadakíp at ilinulan sa bapor «Manila» upánġ ibilanġgò sa Seuta, hanġgánġ sa mġa unanġ araw nġ Enero nġ 1897.

Sa kanyánġ panġarawaraw na talà ay nábabasa anġ gayari: «Sa loób nġ 37 araw na aminġ ipinaglayág ay natátalian akó nġ abot siko».

Pinagúukulan nġâ namin nġ muntinġ ulat na itó anġ amá nġ Pahayagan sa Pilipinas, anġ walánġ pagál na manlilikhá at diwanġ walánġ sawà sa pagmumunukalà nġ ágaranġ ikatutubós nġ Bayanġ Tinubuan.

Náriyan anġ isánġ maninġnínġ na huwaran nġ mġa nagsísisisiból.

Kunġ isánġ araw ay makasapit kayo sa Libinġan sa Hilagà at anġ bantayog kay Poblete ay inyónġ mákita, ay alalahaninġ anġ mġa labínġ doó'y nálilibínġ ay anġ labí nġ isánġ tapát na anák nġ Tinubuanġ Lupà.

Sa kanyánġ alabók nawà, na mulínġ nanúnumbalik sa pinanġgalingġan, ay sumibol anġ lalonġ kawiliwilingġ simoy na makayayakag sa inyó na siyá ay uliranín tuwí na.

Siyá ay isánġ mabutingġ amá, tapát na asawa at mabutingġ anák, at higít sa lahát nġ itó, siyá ay isánġ mámamayanġ kahilihili.



RAFAEL DEL PAN

Páhiná 94



IUULAT namin ngayón anġ buhay nġ isánġ anák Pilipinas na kapalà ay siyánġ lalong dapat na ipagmalakí nġ ating bayan sapagká't siyá'y buhat sa amá at inánġ mġa kastilà, at walánġ pinanġhahawakan anġ kanyánġ pagká pilipino kundí anġ siyá ay pinalad na dito sumilanġ niyaónġ iká 17 nġ Hunyo nġ taónġ 1863, sa loób nġ Maynilà, Panġulong bayan nitónġ kapuluán.

Anġ una niyánġ pagáaral ay ginanáp sa ilalim nġ pamamatnugot nġ mġa Hesuitas, nġuni't sa ilánġ taón pa lamanġ nġ pagáaral ay nagkasakit na at sa tagubilin nġ mġa manġgagamot ay napilitanġ ilayag sa kabilánġ dagat at sa Barselona na nagtapós nġ mġa simulaing pagáaral.

Niyaó'y magwáwalónġ taón pa lamanġ anġ gulanġ nġ batanġ si Del Pan, at musmós pa ay námulat sa Espanya na kunġ saan nákita anġ mġa tiwalínġ palagáy sa mġa, pilipino na kanyánġ kababayan, sapagká't sa Pilipinas siyá nakákita nġ unanġ liwanag.

Páhiná 95

Kailán man ay dí niyá tinulutan anġ sino man na siyá ay tawagingġ kastilà at lubos niyánġ ipinagmalakí anġ bayanġ itó nġ mġa Lakán at bayaninġ mairugin tuwí na sa alin manġ bagay na makabubuti sa kanilánġ bayan at lipi.

Nagbalík sa Pilipinas upánġ dito ganapín anġ panġalawanġ bugsô nġ pagáaral at sa «Colegio de San Juan de Letran» tinanġgáp anġ katibayanġ «Bachiller en Artes». Lumipat sa Páaralanġ-madlá ni Santo Tomás at dito nagáral nġ «Derecho» at sa ikaapat na taón pa lamanġ ay napilitan na namánġ humalík sa Espanya niyaónġ 1884, at sa «Universidad Central» sa Madrid tinapos anġ nálalabí panġ pagáaralan upánġ tamuhin anġ katibayanġ «Licenciado en Jurisprudencia» na ilinagdâ niyaónġ buwan nġ Hunyo nġ taónġ 1885.

Pagkalipas nġ isánġ taón at kalahati, at alanġalanġ sa kanyánġ kathánġ «Los efectos Jurídicos de la ignorancia del Derecho» ay tinanġgáp niyá anġ katibayanġ «Doctor». Niyaónġ panahónġ yaón ay kasalukuyan siyánġ kalihim nġ «Ateneo de Madrid» kunġ saan siyá lagiñ nakipagtunġgalian at nagtanġgól sa ikapagtátamó nġ mġa kabaguhan tunġo sa paglayà sa kapakinabanġan nġ Pilipinas, dí lamanġ sa salitâ kundí sa pamamagitan man namán nġ mġa maháhalaganġ tudlinġ sa tanánġ Páhayaganġ kanyánġ pagláthalaan nġ kanyánġ kurókuro tunġkól sa bagay na yaón na sa ganánġ kanyá ay lubhánġ kailanġan.

Tunay nġâ at nanġ mġa panahónġ yaón, anġ mġa Rizal natin, Lopez Jaena, Govantes, Aguirre, Regidor, Lorente at ibá panġ maririlág na mġa pilipino ay nanġagsísikap na rin nġ ikapagtátagumpay nġ ating dakilanġ mithí, nġuni't itó'y dí nakababawas sa kanyánġ pamumukód, sa panġyayarinġ siyá ay anák nġ amá at inánġ pawanġ mġa kastilà, kaya't anġ kanyánġ mġa palagáy sa súliranin nġ bayanġ Pilipinas ay lagi nanġ nakababaklá sa mġa may hawak nġ ugít nġ ating Pámahalaán.

Nanumbalik na mulí sa ating sariling lupà niyaónġ 1887 upánġ harapín nġ lúbusan anġ pagkáabogado, at gayon din namán nġ pagkamánunulat at sa «Oceania Española» na pinamatnugutan nġ kanyánġ amá, anġ kanyánġ pinaglathalaan nġ mahahalagá niyánġ tudlinġ na pawanġ nakagimbal din sa mġa Páhayaganġ kampí sa Pámahalaán.

Nanġ tawagin sa sinapupunan ni Bathalà anġ kagalanġgalanġ niyánġ amá, si Rafael Del Pan anġ humalili sa pamamatnugot nġ «Oceania Española», at niyaónġ Hulyo nġ 1892, ay naglathalà nġ kunġ ilanġ tudlinġ na pinamagatan «Hay que irlo pensando» na kunġ saan niyá ipinagtanġgól anġ pagkakaroon natin nġ mġa Sugò sa Batasán, na nagingġ sanhí nġ mġa pasarinġ nġ «Diario de Manila», «La Voz Española», at «El Comercio», mġa Páhayaganġ kalaban nġ mithí, at walánġ tanġinġ nákatulong sa sigasig na yaón, matanġi sa «El Resumen» nġ ating kababayanġ si G. Pascual H. Poblete.

Páhiná 96

Nanġ anġ ating Dakilanġ Bayani, si Gat Rizal, ay ipinatapon sa Dapitan, anġ tanġinġ Páhayaganġ dí nagsuób nġ kamanyánġ sa Pámahalaán, ay anġ «Oceania Española» na nagingġ sanhí nġ mġa «ingos» nġ tanánġ nagbábanság na tapát sa Espanya, nġ mġa lalong mabibigat na paratanġ kay Del Pan na ikinasapanġanib nġ kanyánġ pagkatao, nġuni't boónġ tigas na tinanġgáp

na lahat anġ mġa upasalà na sa pamamagitan nġ mġa Páhayagán ay sunódsunód na sa kanyá'y itinudlâ.

Sa kapanahunan dinġ yaón binalak anġ pagtatatag nġ «Colegio de abogados», na kináhalalan niyánġ Panġalawanġ Panġulo, at pagkalipas nġ ilánġ panahón ay náhalál siyánġ Panġulo, niyaónġ bantóg na kalipunan.

Anġ walánġ sasál niyánġ pagbaka sa mġa malinġ pamalakad nġ mġa kastilâ dito sa atin, ay nakayakag nġ lubhánġ maraminġ kaaway nġ kanyánġ mithî, lalonġ lalò na nġ kapisanan nġ mġa kastilâ rito sa atin, anó pa't laginġ dinaliri si Del Pan at mandin ay ipinaghihintáy lamanġ nġ isanġ kátaónġ ikapagbubuntó sa kanyá nġ poót, kayá't niyaónġ bagonġ datinġ dito anġ Henerál Primo de Rivera, ay naglayág si Del Pan at tumunġo sa Espanya, at nakipisan doón sa mġa punyagî nġ atinġ mġa Arejola, Ilustre, Gabladon, Artigas, at ibá panġ kababayanġ pawanġ «naglalamay» sa ikapagtátamó nġ mġa kaluwagan nġ atinġ Inánġ Pilipinas.

Nanġ anġ Espanya at Amérika, ay magpáhayagan na nġ digmâ, at sa Espanya ay itatag anġ isánġ Lupon na pinamagatanġ «Comité Filipino», siyá anġ nápininġ Panġulo nġ násabinġ kapisanan na binúbuò nġ mġa batikánġ manġhihimagsík. Niyaónġ 1899 ay lumipat sa Honġkónġ upánġ pumisan sa «Comité Central» at dí nalaunan at isinugò sa Amérika, na kunsaan nagpasikat na lalò nġ pagsasakit sa ikapagtátagumpáy nġ dakilanġ mithî nġ bayan.

Nanumbalik sa Pilipinas niyaónġ 1903 upánġ mabuhay nġ tahimik sa panununġkulanġ abogado, nġuni't hinihinġi sa kanyánġ mulinġ magsulit nġ «Corte Suprema», at anġ gayó'y ginampanán niyá at nakakuha nġ isanġdaánġ punto, kátaástaasanġ bilanġ sa pagsusulit na mátatamó sa gayónġ pagsukat nġ kakayahán. Anġ kanyánġ panġalan sa pagkáabogado ay nagsikíp sa Pilipinas at siyá ay nagingġ kapisan nġ bupetenġ lalonġ bansánġ na nákilala sa tawag na «Del Pan, Ortigas, Pischer». Siyá ay isá sa pinagsanġgunianġ lagi nġ Pámahalaán sa pagbili nġ mġa lupainġ praile.

Hindî nasiyahán nanġ maginġ siyá anġ sanhî nġ pagkakatatag nġ «Colegio de Abogados» at ninais na dagdagán pa nġ isánġ lalonġ malakinġ likhâ, at kanyánġ sinikap na magkaroon tayo nġ «Cámara de Comercio de Filipinas» at anġ gayó'y nagingġ isánġ panġyayari.

Páhiná 97

Bilanġ kinatawán nġ Lapianġ «Unión Nacionalista», ay linagdaán niyá niyaónġ iká 12 nġ Marso nġ 1907 anġ katibayan nġ pagiisá nġ mġa Lapianġ «Unión Nacionalista» at nġ «Independista» upánġ mákilala na lamanġ sa tawag na «Partido Nacionalista», at anġ sáligan nġ násabinġ bagonġ Lapian ay masásabinġ halos nagbuhay sa kanyánġ bantóg na panitik.

Anġ pagkákaisá nġ mġa kapisanan sa Pilipinas, maginġ sa kalakal, kapamayanan at Polítika, ay siyánġ laginġ panġarap ni Del Pan.

Bilanġ pagkilala sa mġa katanġian ni Del Pan ay ihinalál siyá niyaónġ Septiyembre nġ 1909 upánġ maginġ kasanġguni nġ «Comité de Coodificación» na pinanġunġuluhan nġ Mnġl. na Manuel Araullo, nġgayó'y kasalukuyanġ Panġulo nġ Pinakamataás na Húkuman dito sa Pilipinas. Sa Lupon nġ pagsisinóp na itó ay kanyánġ ibinunyág anġ mġa lalonġ maselanġ na pagáaral tunġkól sa «Derecho Penal» at nanġailanġan siyánġ maglakbáy sa boónġ daigdig upánġ pagtuladtularin anġ mġa batás na náuukol sa bagay na yaón. Anġ kanyánġ mġa palagáy at hinuhâ tunġkól sa «Derecho Penal» ay pinapurihan nġ bantóg na Panġulo noón nġ Mataás na Húkuman, anġ Mnġl. na Cayetano Arellano.

Sa ibabaw nġ lahat nġ tagumpáy na itó ni Del Pan, ay lumasáp din namán nġ mġa lalonġ masasakláp na upasalà nġ mġa mainġgítin, at siyá anġ nagingġ tudlâan nanġ mġa may likhâ nġ paghahatinġ «Filipino de Cara y Corazón» na puminsalâ nġ gayón na lamanġ sa mabutinġ lakad nġ atinġ mġa pagkatinġ polítiko.

Náriyan anġ isánġ tao, na bagá manġ sa kanyánġ mġa ugát ay malinaw na dugonġ kastilâ anġ nanánalaytáy, at bahid ma'y walánġ pagkapilipino matanġi sa kapalaranġ dito makákita nġ unanġ liwanag, ay ubos kayanġ nagpunyagî, sa ikaúnlád nġ kanyánġ Bayanġ Tinubuan, sa ibabaw nġ mġa upasalà nġ mġa karugò, at mġa kalupain man.

Mġa taonġ gaya ni Del Pan ay dí dapat mahimbínġ sa limot. Karapatdapat sa pagturingġ nġ mġa kalupain sa Pilipinas na kanyánġ ipinagmámalakí; nitónġ Tinubuanġ Lupà na pinagubusan niyá nġ utak at sikap, upánġ makasapit sa isánġ tunay na pagkákaisá sa pagtuklás nġ mġa mararanġal na mithî. Maginġ pagturingġ anġ mġa talatanġ itó sa kanyánġ kapuripurinġ halimbawâ.

Anġ káhulihulanġ Bantayog na iniwan ni Rafael Del Pan sa Tinubuanġ Lupà at anġ «Código Correccional» na kumakalinġà sa mġa katuwiran nġ mġa kulanġ palad na nagdurusa.



HINDI maáarinġ sulatin anġ kasaysayan nġ Pilipinas nanġ dġ mábabanġġit anġ pinagpalañġ panġalan nġ Parinġ Tagalog na itó, yayamanġ sapól pa nġ hímagsikan tunġkól sa mġa lupain niyaónġ taónġ 1822, anġ panġalan niyá ay sinambisambitlá at nagingġ paranġ ugat nġ sasakyánġ nagpápanuto sa mabutinġ landasin.



Libingan ni G. Pascual H. Poblete, manunulat na walang pagal at talaisip na kahangahanga.

Sa kanyá utanġ anġ pagkalutas nġ hímagsikanġ yaón na kanilánġ linagdaán ni Luis Parañġ, at anġ malakinġ usapin nġ mġa parinġ Tagalog, na kanyánġ ipinagtanġġól nġ ubos kaya at pinaggugulan nġ dġ kákauntinġ salapġ upánġ ipagtagumpáy sa Espanya, yáyamanġ sa mġa Húkuman dito sa Pilipinas nanġ mġa panahónġ yaón, anġ katuwiran ay isánġ balitá lamanġ na dġ tinatamasa nġ mġa tubò sa sinawinġ lupaín natin.

Páhiná 99

Tunay at ipinagtanġġól niyá at ipinagtagumpáy sa Panġulonġ bayanġ nakasásakop sa atin, anġ usapin nġ mġa parinġ Tagalog; subalit gaya nġ lahát nġ tagumpáy nġ mġa bayanġ nasásakupan, ay nagingġ tagumpáy na panandalian na dġ man lamanġ nasamantala, anġ panunumbalik ni Henerál García Camba at ni Matías Vizmanos, sapagká't sa loób lamanġ nġ isánġ taón at kalahatġ na itinigil dito sa Pilipinas ni Henerál Camba, ay nagawâ na nġ mġa kaaway nġ «Clero» na yaón ay palitán ni Henerál Ora, na may mġa símulaínġ tiwalġ at dġ makapagtútulot na anġ pagunlád ay manatili sa Pilipinas. Buhat noón maginġ si Vizmanos at maginġ si Parġ Mariano Gómez, na pinagúukulan namin nitónġ ulat, ay nanġapilitanġ manumbalik sa pagpapahinġá muna, yáyamanġ anġ «lupà ay hindġ handâ» sa mġa mithġ nġ báyan.

Buhat sa isánġ mariwasánġ anġkán, si Parġ Gómez ay kumita nġ unanġ liwanag sa bayanġ Sta Cruz, Maynilá, at umanó ay buhatan sa isánġ anġkánġ Hapón na napilitanġ pumanaw sa Pilipinas at dito ay naiwan anġ kanilánġ asaasawa at mġa anák niyaónġ dáananġ taónġ XVII.

Sa pagká Pari, si Gómez ay napabantóg nġ gayón na lamanġ sa pagkámabutinġ magpasunód, at anánġ mġa pinagsanġgunian namin, umanó ay nanġ siyá'y dakpin sa Bakoód at ilulan sa isánġ palanġkin, ay ninasà nġ kanyánġ mġa kapanalig na siyá ay agawin sa mġa kawal, nġuni't nápakalaki anġ kanyánġ kapanġyarihan sa kanyánġ mġa tao, kayá't sukat anġ kanyánġ pagkakasunġaw sa sasakyán at sabihinġ «Babalik akó agád sa inyónġ pilingġ» ay mapayapanġ nanġgagihimpil anġ talagánġ manġagsisiagaw sa kanyá sa kukó niyaónġ mġa ganid.

Sa imbakan nġ mġa munġkahi sa Katedral, ay naiinġgatan pa hanġġá nġgayón anġ kanyánġ mġa bunġanġ isip sa kanyánġ mġa pasyá, na pinakapuri nġ lubhánġ maraminġ dalubhasanġ kapanahón at anánġ ibá, ay sa tatlónġ binitay niyaónġ Pebrero nġ 1872, ay si P. Gómez anġ pinaká pahám.

Tunġkól sa katampalasanan nġ sa kanilá ay pagkakábitay anġ atinġ Kahanġgahanġanġ Lumpó ay nagukol sa kanilá nġ gayarinġ katagâ: «Anġ bayanġ itó na náhimbinġ na dáananġ taónġ at dġ man lamanġ nagpapamalay na may buhay, at lubhánġ marami anġ naniwalánġ patáy na nġâ, ay sinugatan nġ sugat na pampatáy; at sa pagdamdám nġ sugat na itó ay nágulanġtánġ, nágisingġ, at natahónġ siyá ay buháy pa palá ay may karamdaman. Bakit siyá buháy, paanó nabubuhay at sa anó nabubuhay?»

Páhiná 100

«Mġa súliraninġ hininóg at boónġ kataimtimánġ ginunamgunam nanġ dġ natiyak na tugunin, nġuni't anġ mġa bayan ay dġ lumulutas nġ mġa súliranín nanġ ágaran, at anġ sandalġ nġ paglutas ay sumapit, anġ paghíhímagsík ay sumuplínġ; sapagká't anġ binhinġ kanilánġ dinilíg nġ kanilánġ mahalagánġ dugó ay nahulog sa mabutinġ lupà, anġ marubdób na pagsambá sa kalayaan ay mulínġ dinamdam nġ bayan natin».

Bilanġ paranġál sa Tatlónġ Parenġ binitay niyaónġ 1872 anġ mġa Katipunan, niyaónġ 1896, sa kanilánġ pagpapákilalanan ay binábanġġit nġ mġa tagá ikalawánġ hanáy anġ gayari: «Gom-

Bur-Za», banal na pálitang salitâ na nagpápaningas ng pusò, na nagbabanság ng mga unang pantig ng tatlong dakilang pangalan.

Isang Bantayog ang nitong mga huling kilusan ay itinayo sa bayan ng Bakoód, bilang parangal sa kanyang pangalan di nalilimot ng kanyang mga kababayan.

Magin diwa nawâ ng bayan nating pinagsusungitan ng palad ang tilamsik ng iyong diwa; oh dakilang Martir ng mga usapin bayan!

Tatapusin namin ang ulat na ito sa ilang kataga ni Dr. Rizal sa «Filibusterismo» na anyâ:

«Ang pananampalataya sa pagtanggapin kayo'y dustain, ay naglagay sa alinglan ng kabuhangin sa inyo'y ibinubuhâ.»

«Ang Pámahalaan sa pangsisikap na ligirin ng himala ang inyong usapin, ay nagpapatunay ng ano mang kamalian ng kanilang nagawa sa usapin yaon sa mapanghanib na sandali, at ang boong bayan ng Pilipinas, sa pagtingkalâ sa inyong alaala at pagtawag sa inyong MARTIR, ay táhasang di naniniwalâ na kayo'y may bahid mang kasalanan.»



ANDRES BONIFACIO

Páhinâ 101

SINONG anak ng Pilipinas ang di nakakikilala kay Bonifacio?



Si Andrés Bonifacio ay anak ng paggawa at di pinalad na makapaglinang ng muni na gaya ng mga mapalad na iniwi sa duyan ng kariwaan. Anak dukha at sa kabataan ay naulila sa mga magulang na nagpapala kayâ't maagan nakitalad sa buhay upang sa palihan ng pangangailangan ay makayari ng isang kálolwang napakalakí, isang diwang di karaniwan, at isang panghalinang katutubò na lininang at pinamaibabaw sa kanyang pangkatao.

Siyâ'y tubò sa makasaysayang bayan ng Tundó, Maynilâ, at anak ni G. Santiago Bonifacio at Gng. Catalina Castro. Ang unang liwanag ay nakita niya noon ikâ 30 ng Nobyembre ng taong 1863.

Ulila palibhasa sa gulang laman na labingapat na taon at may apat pang kapatid na nangangailangan ng kanyang pangangalaga ay napilitang ang kabuhayan ay kitain sa alin mang paraan at ang gayon ay kanyang tinuklas sa paghahanap buhay sa isang bahay kalakal, kina Fressel & Co., na kanyang pinaglakuan ng kanyang paglilingkod.

Sa kahirapan kanyang tinatawid ay lalong tumingkad sa kanya ang pagkakatuwas ng mga kalagayan ng tao, ang kaibhan ng bayan sakop at ng nakasasakop; ang kakayahán ng mga pinalad na nangagsidunong sa tulong ng salapi, at ang kaabaan ng mga sawi na di makarating sa likmuan ni Minerva sa kakulangán ng kaya na makapaglinang ng muni; at sa dapat na ikaligaw ng landas, ay lalong napanuto at magisang nagsamantalâ ng kanyang mga labis na panahon sa paggawa, at magisang ipinagaral; samantalang nabubuksan untiunti ang kanyang bait sa tanglaw ng mga dakilang aral na nátataluntón niya sa malawak na kaharian ng karunungan, ay lalo naman tumitingkad ang kanyang pagibig sa kulang palad niyang Tinubuang Lupâ.

Isang sulat na sumapit sa kamay ni Gat Bonifacio ang sa iba't ibang bagay na sinasabi, ay natatapos sa ganito.

«Tunay na ang Bayang ito (Ang Pilipinas) ay aping api at supil ng isang Pamunuang taga ibang lupâ; nguni't mahirap at mapanghanib na totoó ang tayoy magakalâ ng isang pagbabangon; bakâ pa ang mangyari ay lalo tayong mapahamak. Bayaan muna nating silâ ay magtamasa sa kaginhawahan.»

Sa ibabâ ng sulat na ito ay tinitikan ni Gat Bonifacio ng gayari:

«Kung ang paniniil ay Trono ng galak at busabos tayong tuntunang panatag kung ang tunay na Ley, sinira't hinamak, IGUHO ANG HARI ANG SIYANG MARAPAT^[1]

«Kung Baya'i balot ng sapot na itim ang buhay ay laang inisin sa libing

Páhinâ 102

sa tabiñ ñ gabi'i, may másisinag diñ
liwanag ñ bagonñ panahónñ dáratiññ»

Sa pagkamánunulat si Gat Bonifacio ay nápabantóg sa mña tudlínñ niyánñ linagdaan ñ «May Pagaasa» at «Agapito Bagumbayan».

Sisipiin namin dito anñ bahagi ñ isánñ tulâ niya na iniinğatan ñ isanñ mapagmahál sa kanyánñ mña lathalà.

Halaw sa mga Tula ni Gat Bonifacio

PAGIBIG SA BAYAN

Mayroón pa kayanñ pagsintanñ dakilà
Lalo panñ maninğniññ at kahanğahanğà
Tanği sa pagibig sa sarilingñ Lupà?
Walâ na marahil. Tunay na walâ ñğâ.

* * *

Nanñ mapasilanñ ka Lupanñ Tinubuan
Anñ lagiññ nais konñ pinagsasakitan
Anñ lahát konñ awit ó kayá'y tuwâ man
Tanğinñ Bayan ko anñ pinagúukulan.

* * *

Walánñ lalonñ sákit sa isánñ Bayani
Na dí ihahandóg sa Bayan konñ kasi
Dugô ma't ligaya, dunonñ na pamuti
Kahit kamatayanñ ikaruruhagi.

* * *

Bayan ko ay siyánñ nagbigay ñ buhay;
Tulad sa Iná konñ tanğinññ nagyayaman,
Maninğniññ na sinag tulad ñ sa araw
Na nagpapalusóg sa abâ konñ lagay.

* * *

Masawi't mamatáy sinğisánñ liwanag
Kunñ danasin itó ñ dahil sa Liyág
Kunñ lalonñ malakí anñ tiisinñ hiras
Lalò panñ ligaya. ¡Oh kaysarapsarap!

[1] Sa tiklop ng papel na sinipian namin ng mga talatang nasaitaas ay dí na mabasa ang hinalinhan namin ng malalaking titik P ang K.

Nagbasá ñ mña aklát na «La Triste Italia», «Historia de la Revolución Francesa», «Ciencias Políticas» (Karununğan sa Pamamahala) «Derecho Internacional», «Historia Universal» ni Cesar Cantú, at «Las Memorias de un Soldado» (Mña talâ ñ isánñ sundalo). May isá siyánñ aklatan saganà sa mabubutiññ aklát, ñğuni't kinain mandín ñ lahò nanñ siyá'y mamatáy.

Si Mabini at si Rizal ay naginñ lagí niyánñ kasanğguní sa mña kilusanñ náuukol sa Bayan, at sa pagkákita niyánñ anñ «Liga Filipina» na itinatag ni Gat Rizal, ay lagiññ nabubulabog ay inakalà niyánñ ihalili roón anñ pinagpalanñ «K. K. K.» na siyánñ bumigkis na tulad sa iisanñ taó sa tananñ pilipino na nagbagonñ buhat sa pagkakahimbinñ upánñ pawiin sa Kapuluan anñ taták ñ kaalipinan.

Unanñ bunğa ñ kanyánñ dí karaniwanñ kisláp ñ diwâ ay anñ pagtatátag ñ dakilanñ «K. K. K.» (Kataástaasán, Kagalanğgalanğ, Katipunan) ñ mña anak ñ Bayan. Katipunanñ unanğunanñ nagtaním sa pusò ñ mña tagarito ñ isanñ marubdób na pagibig sa Tinubuanñ Lupà. Kapisanan ñ mña magiliwinñ anak sa Inánñ Bayan palibhasà anñ nanğagsisibuò ñ Katipunanñ yaón na itinatag ni Andrés Bonifacio, ay pawanñ may likás na pagibig sa Tinubuanñ Lupà, isánñ kapatiranñ kahilihili; kayá't minamarapat naminñ sipiin anñ kanyánñ dakilanñ arál upánñ uliranín ñ atinğ mña hulínñ sibol anñ simulâ at binhí ñ mña kalayaan natinñ sa ñğayó'y tinatamasà.

MÑA ARAL NÑ KATIPUNAN.

«Anġ kabuhayanġ hindi ginugugol sa isánġ malakí at banal na kadahilanan ay kahoy na walánġ lilim kundí damónġ makamandág».

«Anġ gawánġ magalinġ na nagbubuhay sa pagpipita sa sarili, at hindi sa talagánġ nasánġ gumawâ nġ kagalinġan, ay hindi kabaitan».

«Anġ tunay na kabanalan ay anġ pagkakawanġgawâ; anġ panġibig sa kapuwâ, ay anġ isukat anġ bawa't kilos, gawâ at panġunġusap sa talaganġ katuwiran».

«Maitím man at maputí anġ kulay nġ balat, anġ lahát nġ tao ay magkakapantáy; manġyayarinġ anġ isá'y higtán sa dunonġ, sa yaman, sa gandá; nġuni't dí mahíhigtán sa nagkatao».

«Anġ may mahál na kalooban ay iuuna anġ puri kay sa pagpipita sa sarili; anġ may hamak na kalooban ay iuuna anġ pagpipita sa sarili kay sa puri».

«Sa taónġ may hiyâ anġ salitá ay panunumpâ».

«Huwag monġ sayanġin anġ panahón: anġ yamanġ nawawalâ ay manġyayarinġ magbalik; nġuni't anġ panahónġ nagdaán na ay dí na muli panġ dadaán».

«Ipagtanġgól mo anġ ináapí at kabakahin anġ umáapí».

«Anġ taónġ matalino ay anġ may pagiinġat sa bawa't sásabihin, at mátutonġ ipaglihim anġ dapat na ipaglihim».

«Sa daánġ matiník nġ kabuhayan, anġ lalaki ay siyánġ patnugot nġ mġa anák; kunġ anġ umaakay ay patunġo sa kasamaán, anġ inaakay ay sa kasamaán din».

«Anġ babai ay huwag monġ tignánġ isánġ líbanġan lamanġ kundí isánġ katuwanġ at karamay sa mġa kahirapan nitónġ kabuhayan; gamitan mo nġ boónġ pagpipitagan anġ kanyánġ kahinaan, at alalahanin anġ iná na pinagbuhatan at nagíwi sa iyónġ kasanġgulan».

«Anġ di mo ibig gawín sa iyónġ asawa, anák at kapatid ay huwag monġ gágawín sa asawa, anák at kapatid nġ ibá».

«Anġ kamahalan nġ tao ay walâ sa pagkáhari, walâ sa pagpapatanġos nġ ilonġ at puti nġ mukhá, walâ sa pagkápari na kahalili (raw) nġ Dios, walâ sa mataás na kalagayan sa balat nġ lupâ; wagás at tunay na mahál na tao, kahit lakínġ gubat at walánġ nabábatid kundí anġ sarilinġ wíkâ, yaónġ may mágandánġ asal, may isánġ panġunġusap, may danġal at puri, dí umáapí, yaónġ marunonġ magdamdám at marunonġ luminġap sa Bayanġ Tinubuan».

Lumaganap nġ gayón na lamánġ anġ mġa dakilanġ aral nġ Katipunan sa lahát halos nġ nasasakupan nġ Walonġ Lalawiganġ Tagalog; at kahit na nakasapit sa kaalamán nġ Maranġál na heneral nġ Hukbónġ kastilâ na si Don Ramón Blanco, palibhasâ ay isánġ dalubhasanġ Pámunuán na dí kaayon sa kagahasaan ay dí napadalá sa mġa bulónġ na paghihímagsík nġ kanyánġ mġa nasasakupan. Anġ unanġ balitanġ itó na boónġ katahimikanġ lumaganap sa matataás na kagawaran nġ Pámunuánġ Pánġlahát nitónġ Kapuluaán, ay nanġyari niyaónġ iká 9 nġ Agosto nġ taónġ 1896 sa sumbónġ nġ Kura sa Tundó na Fr. Mariano Gil, at sapagká't dí pinansín at di pinahalagahan nġ Maranġál na si Heneral Blanco, ay nagkaroón nġ mġa lihim na kilusan at pakanâ na nagpasapit sa Pámahalaán sa Madrid nġ panġagailanġanġ magpadalá rito nġ isánġ «walánġ paulikulik» na Heneral, upánġ máiligtás anġ kapanġyarihan nġ Espanya sa isánġ dí maiiwasanġ Hímagsíkan. At si Heneral Polavieja, ay kagyát dumatinġ upánġ humalili sa datinġ Heneral Don Ramón Blanco.

Unanġ binanġsakán nġ kalupitán nġ bagonġ Heneral ay si G. Pío Valenzuela at Aguedo del Rosario at sa isánġ maigsinġ bugsô nġ kapusukán nġ pikit matánġ panúnupád nġ kabanġisanġ walánġ kahulilip, ay mahigit sa tatlónġ daánġ magitan nġ pagpapadakup nġ walánġ anó manġ abogabóg sa bawa't mátamaán nġ malas nġ kanilánġ mġa tiktík na gumágalaw sa lilim nġ kapanġyarihan nġ mġa kaaway nġ atinġ paglayâ.

Halos araw araw ay may binábaríl na kulanġ palad, at kabilanġ sa mġa itó, anġ nanġyari niyaónġ iká 30 nġ Disyembre nġ taónġ 1896, anġ lalonġ kálakílikihanġ upasalâ sa Bayanġ Pilipinas, anġ kálakílikihanġ kabuhunġán, na sa panġalan nġ Espanya ay ginanáp nġ banyaganġ Pámunuán dito sa Kapuluan na pagpapabaríl sa lalonġ pinaká dakilanġ Tagalog, sa Bayani nġ mġa Bayani, na si Gat José Rizal at Mercado.

Anġ Himagsíkan ay lumaganap nanġ gayón na lamánġ sa lahát nġ pusonġ may bahagyánġ hinanakít sa Pámahalaánġ nápakabigát na at dí na ibig na talimahin, at buhat sa Hiyáw nġ Layâ sa Balintawák niyaónġ iká 20 nġ Agosto nġ taónġ 1896, hanġganġ Abril nġ taónġ 1897 ay itinaguyód nġ «amá» nġ Katipunan anġ Hímanġsikanġ nápasimulán nġ walâ sa panahón sa kapusukán nġ mġa masasamánġ Pámunuán nġ kastilâ rito sa Pilipinas.

At lumaganap anġ lakás nġ mġa Katipunan sa lahát nġ dako, subalit sa Kawit, anġ lakás ni Aguinaldo ay kahanġahanġâ.

Dí kawasâ ay kinilala si Aguinaldo na Panġulonġ Hukbó, sanhí nġ ipinagkahatí nġ mġa «katipunan» sa dalawánġ malakinġ panġkát, na: Aguinaldista at Bonifacista.

Nanġ panahónġ yaón si Bonifacio ay nása Kawit, nġuni't sa pagilag sa mġa dí maiiwasanġ pagbubunġguan nġ dalawánġ panġkat ay linisan ni Bonifacio anġ Kawit at tutunġo sana sa Batangas, nġuni't sa Limbónġ, isánġ Nayónġ sakop nġ Indánġ, ay kanyánġ násagupâ anġ mġa

kawal ni Pawa, at anġ inilaganġ pagbubunġġo ay sumapit; si Bonifacio ay nasugatan at anġ kanyanġ dalawanġ kapatid, si Ciriaco at si Procopio ay nanġasawinġ napatay.

Binihaġ si Bonifacio nġ kanyanġ mġa kaaway at ihinarap sa Hukumanġ digma na naglagda sa kanya nġ hatol na kamatayan, nġuni't hindi isinagawa ni Aguinaldo, at bagkus pinatawad, nġuni't itinagubiling siya'y papanawin.

Dinuyan si Bonifacio upanġ ihatid sa pook na kanyanġ pagdurusahan, nġuni't siya'y ibinulid nġ nanġaguusonġ, sa isanġ banġinġ malalim sa Marigondon, na kanyanġ kinalibinġan nġ buhay. Itoy nanġyari niyaonġ ika 26 nġ Abril nġ taonġ 1897.

Pahina 106

Kalunoslunos na wakas na itinalaga nġ kalupitan sa ama nġ dakilanġ kilusanġ tunġo sa paglaya.

